KRISTI MCLELLAND

# Si Hesus at mga Kababaihan

# *TALAAN NG NILALAMAN*


**4** TUNGKOL SA MAY-AKDA

**5** PANIMULA

**8** PAANO GAMITIN ANG AKLAT NA ITO

**10** SESYON 1: KILALANIN ANG HESUS NG GITNANG SILANGAN

**28** SESYON 2: SI HESUS AT ANG BABAE SA MUNDO NG UNANG SIGLO

**46** SESYON 3: SI HESUS AT ANG BABAE SA TABI NG BALON

**64** SESYON 4: SI HESUS AT ANG BABAE SA PADER

**82** SESYON 5: SI HESUS AT ANG BABAENG MAY CHUTZPAH

**100** SESYON 6: SI HESUS AT ANG BABAE SA ‘SOUTHERN STEPS’

**118** SESYON 7: SI HESUS AT ANG KUWENTO NG DALAWANG MARIA

**134** PAGDIRIWANG

**138** LEADER GUIDE

# *TUNGKOL SA MAY-AKDA*







Si Kristi McLelland ay isang tagapagsalita, guro at propesor sa kolehiyo. Mula nang matapos niya ang Masters of Arts in Christian Education sa Dallas Theological Seminary, ibinigay na niya ang kanyang buhay sa pagdidisipulo, sa pagtuturo sa mga tao ng pag-aaral ng Bibliya at sa pagsusulat tungkol sa pagiging mabuti ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng Bibliya sa mga lente ng Gitnang Silangan. Ang kanyang malalim na kagustuhan na tunay na maranasan ng mga tao ang pag-ibig ng Diyos ang nagpanganak sa isang ministeryo kung saan pinangunguhan niya ang mga biyahe patungong Israel, Turkey, Greece, at Italy.

Para sa marami pang impormasyon tungkol kay Kristi at sa kanyang mga gawain, bisitahin ang: NewLensBiblicalStudies.com.

# *PANIMULA*

"ANG BIBLIYANG PINIGA ANG PAGIGING HUDYO AY HINDI BIBLIYA. ANG KRISTONG ITINAGO ANG PAGIGING HUDYO AY HINDI KRISTO."

-DR. RUSSELL MOORE

Ang bawat pakikipagsapalaran ay nag-uumpisa sa isang sandali, at ang pinakamaganda sa mga ito ay ang lumalapit sa atin. Noong 2007 isang pakikipagsapalaran ang nakatagpo sa akin. Binuksan ng Panginoon ang pinto para ako'y mag-aral ng Bibliya sa Egypt at Israel.

Noon, nagtuturo ako ng Bibliya sa departamento ng Biblical Studies sa Williamson College. Nagpunta ako sa Gitnang Silangan sa espiritu ng pagpapalagong espirituwal, upang matuto lamang subalit iba ang mga plano ng Diyos - mas mabuting mga plano.

Sa Israel namangha ako na makita ang kaibahan ng kultura ng Gitnang Silangan sa ating kulturang Kanluranin. Nagsimula kong mapansin kung paano ko nakikita ang Bibliya bilang isang taga-Kanluran, nakikita ko ito sa mga matang Kanluranin at nagtatanong ako ng mga tanong na Kanluranin sa teksto ng Bibliya. Sa Israel natutunan ko ang Bibliya sa lente ng kultura, sa lente ng Gitnang Silangan.

Sa mga unang bahagi ng pag-aaral ko sa Gitnang Silangan, binasag ako ng Diyos ng buong-buo sa pinakamagagandang paraan. Tunay niya akong binago.

Ang matutunan ang Bibliya sa orihinal nitong konteksto ng kasaysayan, kultura at heograpiya ang nagbigay-daan sa aking makilala ko si Hesus sa *Kanyang* mundong Hudyo. Hindi lang ako lumipad patungong Israel; para bang bumalik ako sa nakaraan upang matutunan ang mundo ng Bibliya noong unang siglo, ang mundong kinabilangan ni Hesus dalawang libong taong nakakaraan.

"NAKALIMUTAN NA NATING BINABASA NATIN ANG BIBLIYA BILANG MGA DAYUHAN, BILANG MGA BISITANG NAKAPAGLAKBAY HINDI LAMANG SA ISANG BAGONG HEOGRAPIYA KUNDI SA ISANG BAGONG SIGLO. TAYO AY MGA LITERAL NA TURISTANG NANGANGAILANGAN NG ISANG GABAY."

- GARY M. BURGE

Maaring iniisip mo ang ibig sabihin ng harapan ng ating aralin. Ang sisidlang nasa larawan ay isang sisidlan ng luha, isang aktuwal na artepakto galing pa sa una o sa ikalawang siglo AD. Nakuha ito sa Israel kung saan ibinigay ito sa akin ng isa sa aking mga propesor bilang isang regalo.

Malamang ang sisidlan ng luhang iyan ay pagmamay-ari ng isang babaeng Hudyo noong unang panahon, maaari pang sa kapanahunan ng ministeryo ni Hesus dito sa lupa. Sa sinaunang Malapit na Silangan, kinokolekta ng mga Hudyong babae ang kanilang mga luha sa isang sisidlan at ibinubuhos ang mga laman nito sa Diyos sa pagsamba bilang isang simbolo ng pananampalataya, kinakatawan ang mensahe ng Diyos sa Awit 56:8 kung saan ang sabi Niya ay itinatago Niya ang ating mga luha sa mga botelya. Madalas kong tingnan ang sisidlan ng luha at iniisip ko kung ano ang orihinal na kuwento ng may-ari nito - ano ang kanyang karanasan, ang kanyang pag-angat at pagbagsak. Iniisip ko kung saan niya itinago ang kanyang sisidlan at kung gaano niya ito kadalas ilabas upang kolektahin ang mga luha sa harap ng Panginoon.

Para sa akin, ang sisidlan ng luha ay representasyon ng mga karanasan ng ilang mga kababaihan sa mundo ni Hesus noong unang siglo. Hindi siya pinahahalagahan ng lipunan, madalas siyang minamaliit ng kultura ng panahong iyon. Subalit nakita ng Diyos ang kanyang pighati at ang kanyang paghihirap. Hinikayat siya ng Diyos na dalhin ang kanyang sakit sa Kanya sa pagsamba at panalangin. At kay Hesus, ginawa Niyang mabago ang babae at maipakita sa babae ang Kanyang layuning tubusin siya. Pinahalagahan siya ni Hesus, iniangat mula sa kanyang kahihiyan. Siya'y inihanda sa landas ng buhay. At ito ang nais ni Hesus para sa iyo at para sa akin, bilang mga tagasunod ni Kristo.

Nagpunta ako sa Israel at nakilala ko pa *nang mas mabuti* ang Panginoon.

Ang pang-unawang ito nang kung sino ang Diyos ang bumago sa akin, at binabago pa rin niya ako. Naniniwala akong gagawin niya rin ito sa iyo. Ang aking panahon sa Israel ay nagmarka sa aking buhay binago nito ang direksiyon ng aking buhay. Dinadala ko sa Israel ang mga grupo para sa pag-aaral ng Bibliya mula noong una kong ginawa iyon noong 2007. Ang regalong inihandog sa kin ay naging regalo ko na rin sa iba. Umaasa akong ang pag-aaral na ito ay maging regalo sa iyo.

Isinulat ang Bibliya ng mga taga-Gitnang Silangan sa konteksto ng Gitnang Silangan. Ang mas malalim na pagtingin sa kultura at kasaysayan ng Gitnang Silangan sa panahon kung kailan naisulat ang Bibliya ay makadaragdag sa ating kaunawaan ng ibig sabihin ng mga manunulat nito sa kanilang mga isinulat at kung ano ang ginawa ng mga taong inilalarawan sa Bibliya.

Ang isa sa pinakamalaking kaibahan ng kultura ng Kanluran sa Silangan ay kung *paano* tayo nagtuturo at *paano* tayo natututo. Tayo, sa Kanluran ay mas Greco-Roman ang kultura. Pinahahalagahan natin ang panitikan. Nagbabasa tayo nang nakaupo sa mesa, nag-aaral nang may mga aklat sa kamay, nagsusulat, sumasagot at tinatapos natin ang ating mga aralin.

Ang pagtuturo at pag-aaral ay iba sa Gitnang Silangan- iba na sila ngayon at iba rin naman noong panahon ni Hesus dito sa mundo. Ang pagtuturo sa Gitnang Silangan ay biswal; isang guro ang magtuturo habang naglalakbay. Nang magturo si Hesus, kalimitan nakikita nya ang paksa ng Kanyang mga aralin, at nakikita rin ito ng mga disipulo. Ang istilo ng pagtuturo na ito ay hindi pilosopiko. Nakikita iyon, hindi "nasa itaas"; kundi "naririto sa ibaba".

Ang istilo ni Hesus ay hindi upang magbigay ng balangkas o aklat ng aralin. Maglalakad Siya sa taniman ng buto ng mustasa habang nagbabahagi ng parabula kung paanong ang Kaharian ng Diyos ay tulad ng buto ng mustasa.

Sa tradisyon ng pag-aaral sa Gitnang Silangan, nais ng mag-aaral na manatiling malapit sa guro upang walang mawaglit sa kanyang mga salita. At hindi alam ng mag-aaral kung kailan o saan magsisimulang magturo ang guro! Sa paraan ng Gitnang Silangan, ang mga mag-aaral ay natututo sa pagtuklas kaysa sa pagkamit ng kaalaman. Ito ang paraan ng pagtuturo ng isang gurong Hudyo- ginagabayan ka niya sa pagtuklas. At ito ang paraan kung paano ko kayo gagabayan sa ating pitong linggong pagsasama.

Sisikapin nating makita ang Bibliya sa mga lente ng Gitnang Silangan at gayundin, aralin ang ilang mga talata sa Bibliya sa tradisyunal na paraang Hudyo, sa paraan ng pagtuturo ng mga gurong Hudyo sa kanilang mga anak sa Israel ngayon. Lalakbayin natin nang magkasama ang mga pagtuklas kaysa sa simpleng pagtuturo lang ng konteksto o aralin.

Ang pitong-linggong pistang ito ay ang aking pagsubok sa paghahanda ng isang hapag na biblikal  kung saan tayo pwedeng magsama  at tuklasin ang puso ni Hesus para sa mga kababaihan sa mundo Niya noong unang siglo. Sa hapag na ito, aalisin natin ang ating lenteng Kanluranin at ilalagay ang ating mga lente ng taga-Gitnang Silangan. Magpapatuloy akong magbigay ng mga kaunting kaalaman habang ginagabayan ko kayo sa pagbubuo ng inyong mga lente ng taga-Gitnang Silangan.

Ikinararangal ko at umaasa akong maibahagi ko sa inyo ang pitong-linggong pistang ito.
Sa makalumang paraan, nakita na ito ng Panginoon para sa atin bago pa man mailatag ang pundasyon ng mundo. Inaanyayahan Niya tayo sa hapag na itom, at Siya ang magpapakain sa atin.

Ihanda mo ang iyong sarili upang tumanggap.

Pagpalain ka,

Kristi McLelland



# *PAANO GAMITIN ANG AKLAT NA ITO*

Sa ating pagsasama, aaralin natin ang Salita ng Diyos sa paraang maaaring medyo kakaiba kaysa sa iyong karanasan sa nakaraan. Tulad ng aking nabanggit sa panimula, sisikapin nating tingnan ang Bibliya sa lente ng taga-Gitnang Silangan, gayundin, aaralin natin ang ilang talata ng Bibliya sa tradisyunal na paraan ng mga Hudyo, ang paraan ng pagtuturo ng mga guro tungkol kay Hesus sa Bibliya, ang paraan ng pagtuturo ng ilang mga guro sa kanilang mga anak maging sa panahong ito.

Kasama ang kaisipang ito, pag-usapan natin ng kaunti ang ating balangkas sa pag-aaral na ito:

### Pag-aaralan natin ang Kasulatan tulad ng mga batang naghihintay na mapakain ng ating Ama.

Madaling maupo habang binabasa natin ang ating mga Bibliya at isiping, *OK, iisipin ko kung paano ko gagamitin ang mga talatang binabasa ko ngayon.* May maganda akong balita sa iyo - hindi tayo mga alilang espirituwal. Mayroon tayong mapagbigay na Ama sa langit na nagpapakain sa atin hanggang tayo'y mabusog sa Kanyang Salita; sagana Siya sa Kanyang pagbibigay. Habang binabasa natin ang Salita, gagawin natin ang bahagi natin sa pamamagitan ng pagiging bukas sa kung ano ang nais ituro ng Diyos sa atin. Tumatayo tayo upang sumunod at maging mapagpasalamat sa pagpapakain sa atin ng Buhay na Diyos sa Kanyang Salita at sa kapangyarihan ng Kanyang Espiritu. Ngunit ang Diyos ang bahala sa pagpapakain sa atin.

### Hindi natin hinahanap ang "tamang" sagot.

Kahit na kakaiba ang dating nito sa ating tengang Kanluranin, sa Hudaismo, ang mag-aaral na may magandang mga tanong ay mas magaling kaysa sa mag-aaral na may tamang mga sagot. Hindi lang natin binabasa ang Bibliya; nakikipag-ugnayan tayo dito, nagtatanong ng mga tanong ukol sa teksto. Gusto nating malaman ang itinuturo ng teksto ukol sa Diyos bago nating itanong kung ano ang itinuturo nito tungkol sa ating mga sarili. Sa ating oras ng magkakasama, magpo-pokus tayo sa pakikipag-ugnayan sa teksto na biblikal sa komunidad at matututunan nating maging OK sa mga tanong na hindi madaling masagot at maging ang mga tanong na may kaunting misteryo.

### Gusto nating maging bahagi ng ating pagkatao ang Salita ng Diyos

Ang paraan ng pag-aaral sa Gitnang Silangan ay parang tradisyong salin ng bibig, hindi tulad ng pormal na pag-aaral na istilo sa ating mundong Kanluranin. Sa pag-aaral natin gusto nating pumasok sa ating mga puso at isipan ang mga konseptong ito ng Salita ng Diyos na maging bahagi na sila ng kung sino tayo, baguhin ang paraan ng pagtingin natin sa Diyos at makipag-ugnayan sa mundo. Mapapansin mong babalikan natin ang ilan sa mga konsepto ng bawat linggo, ang pag-aaral na ito ay sadyang idinisenyo sa ganitong paraan. Sa dulo ng ating pagsasama, inaasahan kong ang mga konseptong biblikal na ito ay malinaw at pamilyar na parang pinagkaugalian mo na ang mga ito.

## Ang pag-aaral ay pagsisikap ng komunidad sa ating pagsasama-sama

Ang pag-aaral sa Gitnang Silangan ay gawain ng komunidad. Ito ang ibig kong sabihin: sa konteksto ng Gitnang Silangan, karaniwang makikita ang mga guro na nagtuturo ng mga mag-aaral habang sila'y naglalakad sa kalsada. Ang tradisyunal na pagtururong ito ang nabibigay ng pagpapahalaga sa mga mag-aaral sa kanilang pag-uusap ukol sa isang isyu. Madalas ang mga guro ang nagtuturo sa kanilang mga mag-aaral na "mauna" sa pagpapaliwanag kung ano ang kanilang paniniwala tungkol sa isang katuruan bago ipaliwanag ng guro ang konsepto sa kanila. Gagamitin natin ang ilan sa mga ideyang iyan sa ating pagsasama. Sa maraming pagkakataon, ako ang "mauuna" sa pagtuturo sa ating pista. Subalit mapapansin niyo ang mga gabay sa talakayan na aking ginawa para sa inyo upang gamitin sa *yeshiva* o upang talakayin ang mga biblikal na teksto nang sama-sama, matapos nating masimulan ang mga ito sa mga bidyo.

Sa bawat linggo, makikita mo ang mga sumusunod na bahagi:

Ang *Panuorin* ang bahaging mayroong buod ng ating pagtuturo sa bidyo, upang tulungan kang masundan ito. Dito niyo isulat ang inyong mga itatala habang kayo'y nanunood.

Ang *Pag-usapan* ang bahaging mayroong mga katanungan (base sa bidyo at sa personal na pag-aaral bawat linggo) para mapag-aralan sa inyong maliit na grupo.

Ang *Bisitahing-Muli* ang bahagi kung saan malalim nating aaralin ang isang paksa na napag-usapan natin sa ating pista

Ang *Pagmasdan* ang bahaging bibigyang-diin natin ang isang katuruan sa Gitnang Silangan o kultura upang mas maintindihan natin ang mundo ni Hesus noong unang-siglo.

Ang *Pag-aralan* ang bahaging kukunin natin ang talata sa Kasulatan at pag-aaralan natin iyon sa kaliwanagan ng lente ng Gitnang Silangan

Ang *Ipamuhay* ang bahagi kung saan tutulungan namin kayong gamitin ang mga konseptong natututunan ninyo sa inyong mga buhay.

Ang *Panuorin* at *Pag-usapan* ay dapat na matapos ninyo kasama ang inyong maliit na grupo. Pero ang *Balikan-Muli, Pagmasdan, Pag-aralan at Ipamuhay* ay para sa inyong personal na pag-aaral. Imbis na hatiin namin sila sa mga araw ng pag-aaral, hinati namin ito sa bawat bahagi. Malaya kang kumpletuhin ang bawat isa nito sa iyong buong linggo. Isang paalala, ang mga salitang tulad *nito* ay ipinaliliwanag nang mas detalyado sa talahulunganan sa dulo ng aklat.

Magsimula na tayo.

SESYON 1

# *KILALANIN ANG HESUS NG GITNANG SILANGAN*



Bago natin panuorin ang ating unang bidyo, maghahanda na tayong ilapit ang ating mga upuan sa Sesyon 1 ng pistang ito. Tinatawag kong mga pista ang ating pag-aaral na sama-sama dahil hindi lang natin babasahin ang Salita ng Diyos na parang *kinakain* natin ito. Kinakain natin ito - hinahayaan nating gawin nito ang kanyang gawain sa atin.

Para sa akin ang pinakamasarap na pagkain ay yung hindi ako ang nagluto, at totoo ito pagdating sa Salita ng Diyos. Inihahanda ng Diyos ang pistang ito para sa atin. Nalalapit tayo sa pagkakataong ito at sa hapag na ito na naniniwala na ang Buhay na Diyos ang magpapakain sa atin. Hindi tayo mga ulila, at hindi tayo ulila sa ama. Hindi natin kailangan maghanap, maghirap o pilitin ang pagpapakain sa ating sarili ng Salita ng Diyos. Pwede nating iharap ang ating sarili na tumanggap sa pista na inihanda ng Panginoon para sa atin- para sa iyo.

Habang lumalapit tayo sa biblikal na hapag, bago mo panuorin ang bidyo, sagutin mo muna ang mga sumusunod na tanong:

Bakit ka sumama sa pistang ito?

Ano ang hinihiling mong gawin ng Panginoon sa iyong buhay sa pamamagitan ng pitong-linggong pistang ito?

Tapusin mo ang pangungusap na ito:
"Narito ako dahil kailangan ng puso ko ang ______________________________."

Maupo ka. Huminga ka ng malalim. Malugod ka sa pista!

## ANG PISTA

Gamitin mo ang sumusunod na talaan at puwang sa gitna ng ating pista. Malaya mong isulat ang iyong sariling mga tala habang nanonood ka.

Kinakain natin ang Salita ng Diyos. Mas matamis pa ito sa pulot. (Mga Awit 19:10)

Hindi na tayo naghahanap, naghihirap o nagpupumilit na mapakain ang ating mga sarili ng Salita ng Diyos. Tumatayo tayo upang tumanggap sa Diyos. (Mga Awit 81:10

Tinititigan natin ang ating mga buhay at sumisilip lang sa Diyos. Gusto nating tumitig sa Diyos at sumilip lamang sa ating buhay.

Ang kanang kamay sa mundo ng Bibliya ay ang kamay ng pabor, dangal, pagpapala at pagiging anak. (Mga Awit 110:1).

Nais nating maging mga "tao ng kanang-kamay", na nagpapala at gumagalang sa iba.

Ang pagkatuto sa Kanluran ay iba sa pag-aaral sa Gitnang Silangan. Ang karamihan sa Bibliya ay isinulat ng taga-Gitnang Silangan sa konteksto ng Gitnang Silangan. Sa ating pagsasama, gusto nating matutunang basahin ang Bibliya sa lente ng Gitnang Silangan.

| LENTENG KANLURANIN | LENTENG GITNANG-SILANGANIN |
|---|---|
| Anyo | Gamit |
| Paano?<br>Paano ito nangyari? | Bakit?<br>Bakit ito gagawin ng Diyos? |
| Pang-unawa ➔ Paniniwala | Paniniwala ➔ Paniniwala |
| Batas, Patakaran, Prinsipyo | Kuwento, Pagsasalaysay |
| Ano ang itinuturo nito ukol sa akin? | Ano ang itinuturo nito ukol sa Diyos? |
| Siyasatin, Malalim na pag-aaral...<br>(Pagsusuri - pinupuna) | Basahin itong maigi...<br>(Pagbubuo - pinag-iisa o idinudugtong) |
| Mag-aral upang makuha ang kaalaman | Ang katayuan ay ang mapakain |

Ang pagbabasa ng Bibliya sa lente ng taga-Gitnang Silangan ay *nakadaragdag* sa ating kaunawaan ng ibig sabihin ng mga awtor at ng mga taong makikita sa Bibliya sa kanilang mga *sinabi* at *ginawa*.

Nais nating mamuhay ng tulad ng mga ilog, hindi mga lawa. Nais nating maglakbay ang Salita patungo sa atin, sa pamamagitan natin at patungo sa ibang tao.

Natutunan lamang talaga natin ang isang bagay kung kaya natin itong ipamigay.

## TAYO'Y MAG-YESHIVA

Tulad ng ating diskusyon ng ating unang "biblikal na pista" ng sama-sama, madalas na natututo at nagpapayaman ng espirituwal na paglago ang mga taga-Gitnang Silangan sa konteksto ng komunidad at pag-uusap sa isang grupo. Gamit ang kaisipang ito, sa bawat linggo, tayo ay magsasanay na mag-*yeshiva* - pwede nating tawagin itong "pangkatang talakayan" ukol sa isang paksa sa kultura ng taga-Kanluran - bukas na pag-uusapan ang tungkol sa isang konseptong biblikal at ang maglakbay ng magkasama bilang isang komunidad kasama si Hesus bilang ating Guro. Pag-usapan ang mga sumusunod na mga tanong sa inyong grupo:

Ano ang iyong *narinig* o *nakita* sa ating pista na nais mong maalala?

Ano ang isang bagay na natutunan natin sa ating pista na nais mong ibahagi sa ibang tao sa linggong ito?

Ano para sa iyo ang pagtayo upang tumanggap kapag ikaw ay nagbabasa ng Bibliya?

Paano naiiba ang konsepto ng *pagkain* ng Salita ng Diyos sa *pagbabasa* ng Salita ng Diyos?

Anong elemento ng lenteng Kanluranin laban sa Gitnang Silanganin (p.14) ang higit mong napansin?

Anong bagay ang nagaganap sa iyong buhay ngayon ang nag-uudyok sa iyong hawakan ang pakpak ni Hesus?

Ano sa tingin mo ang mas napansin ng mga tao kay Hesus dalawang libong taon nang nakaraan?

Ano sa tingin mo ang kaibahan ni Hesus sa mga tao sa kanyang panahon?

### YESHIVA

Ngayon ang *yeshiva* ay isang pormal na katawagan sa isang matatag na sistema ng edukasyon na naka-pokus sa pag-aaral ng Torah at ng *Talmud*.

Subalit noong unang siglo, ang diin ay sa kung paano binibigyan kahulugan ng guro ang talata ng Kasulatan o isang konsepto ng teolohiya at kung wasto ba ang pagtuturong iyon.Paano malalaman ng isang komunidad kung totoo ang isang katuruan sa Bibliya? *Yeshiva.*

Mula sa salitang Hebreo *na* "manahan", nagaganap ang *yeshiva* kapag nag-uusap, nagde-debate, nagtatanong at nagko-komento ang mga mag-aaral sa kanilang guro.

## MAMUHAY NA PARANG ILOG, HINDI LAWA

Nagdadala ako ng mga grupo sa Jordan River sa loob ng labing-isang taon. Umaagos ang Jordan River mula sa Sea of Galilea patungo sa Dead Sea. Gumagalaw ang tubig, umaagos- ito'y buhay na tubig *mayim chayim.* Nakapagpalutang na rin ako sa Dead Sea sa labing-isang taon ngayon. Ang tubig sa Dead Sea at hindi gumagalaw, hindi kumikilos- patay ang tubig nito.

Bilang isang propesor sa kolehiyo, sinasabi ko sa mga estudyante ko palagi, "Hindi mo pa natutunan ang isang bagay kung nakita mo lang ito. Hindi mo pa natutunan ang isang bagay kung narinig mo lang ito. Hindi mo pa natutunan ang isang bagay na iyong nakita o narinig. Natutunan mo ang isang bagay kung kaya mo na itong ipamigay." Gusto nating maglakbay sa atin tungo sa ibang tao ang Salita ng Diyos, malayang gumagalaw tulad ng isang ilog. Hindi natin dapat hawakan ang itinuturo ng Diyos para sa ating sarilim, walang paggalaw tulad ng Dead Sea.

Ang mga bagay na ibinibigay sa iyo ng Panginoon - ang nagpapakain sa iyo sa pistang ito - ay dapat na maglakbay mula sa iyo patungo sa iba. Gusto nating mamuhay tulad ng mga ilog hindi lawa.

Tingnan mo ang mga sumusunod na tanong at isulat ang itong mga sagot sa ibaba:
Paanong makapaglalakbay ang pistang iyo mula sa iyo sa linggong ito?

Sino ang nararapat na makarinig ng mga katotohanang natutunan mo sa pista ngayong linggo?

Para kanino ang pagiging isang ilog ng iyong buhay sa linggong ito?



## TALLIT

### TORAH

Tulad ng paghahati ng mga Kristiyano sa Lumang Tipan sa ilang mga kategorya (halimbawa, Batas, Kasaysayan, Mga Tula, Mga Propeta), hinati ng mga Hudyo ang kanilang banal na teksto.

Ang *tallit* ay isang balabal ng panalangin. Ginamit at hanggang ngayon ay nagagamit ito sa maraming paraan, depende sa tradisyon at kaugalian ng isang tao. Ang tallit ay madalas na ginagamit sa panalangin at pagsamba. sa Mga Bilang 15:37-40 at Deuteronomio 22:12, iniuutos ng Torah na maglagay ng mga palawit (*tzitzit*) sa mga sulok ng kanilang kasuotan.

> Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo sa mga Israelita na habang panahon silang maglalagay ng palawit sa laylayan ng kanilang mga damit. Susuksukan nila ito ng asul na tali. Gagawin ninyo ito upang maalala ninyo at sundin ang mga kautusan ni Yahweh tuwing makikita ninyo ang mga palawit na iyon. Sa ganoon, masusunod ang salita ni Yahweh at hindi ang inyong sariling nasa at kagustuhan. Sundin ninyong lagi ang aking mga utos at kayo'y lubos na magiging nakalaan sa akin. "
> **MGA BILANG 15:37-40**

> Lagyan ninyo ng palawit ang apat na sulok ng inyong balabal.
> **DEUTERONOMIO 22:12**

Ang bawat *tzitzit* (palawit) ay mayroong ilang maliliit na buhol - kung pagsasamahin ang mga ito ay 613 na buhol sa isang *tallit* ang bawat isa ay representasyon ng isa sa mga kautusan sa Torah. Kapag nakikita ng mga Israelita ang mga buhol sa mga palawit, naaalala nila ang mga kautusan. Ang salitang Hebreo na ginamit para sa mga sulok ng *tallit,* *kanafayim* (sulok), ay pwede ring tawaging "pakpak". Ang mga palawit ay permanenteng nakalagay sa mga sulok o pakpak ng mga lupi sa labas ng kasuotan.

*Ang bawat buhol ay simbolo ng mga kautusan - ang mga turo upang mamuhay sa shalom - upang mapanatili ang pamumuhay sa harap ng bayan ng Diyos.*



Itinuro rin ng Torah na maglagay ng asul o kulay-lila na lubid sa mga palawit ng kanilang *tallit.* Ang mga kaalamang pinagmulan nitong rabiniko at arkeolohiko ay nagsasabing ang mga asul na pangkulay ay gawa sa glandula ng kuhol na Murex (galing sa Mediterranean). Ang bawat kuhol ay nagbibigay ng kaunting pangkulay kaya napakamahal nito.

Ang mga katabing kultura ay gumamit ng kulay na asul at kulay-lila bilang mga simbolo at tanda ng pagiging maharlika. Para sa mga Israelita, ang asul o kulay-lilang kurdon ay maaaring tanda o simbolo ng estadong maharlika ng buong komunidad. Ang mga pari na Israelita ay nagsuot ng epod, mga kasuotang walang manggas, gawa sa asul, kulay-lila at pulang sinulid (Ex.28:6). Ang asul na kurdon sa bawat palawit ng Israelita ay sumimbolo na silang *lahat* ay isang maharlikang mga pari sa lahat ng bansa- sa bawat isa sa kanila.

HINDI LAMANG SILA PINALAYA NG DIYOS SA PANG-AALIPIN, SUBALIT MABILIS NIYANG IPINAALALA SA KANILA NA GINAWA NA SILANG MAHARLIKA.

Ang ideyang ito ng pagiging maharlika ng bansang Israel ay nakatali sa relasyong katipan ng Diyos sa kanila. Ang mga Israelita ay hindi maharlika dahil sa anumang makamundong katangian, ngunit sila ay isang maharlikang komunidad dahil sila ang bayan ng Diyos (Deut. 7:6-7). Ibinukod sila ng Diyos sa Kanyang pagmamahal at ang pag-ibig Niya ang nag-angat sa kanila.

Ang pagpili ng Diyos upang ipaalala sa Kanyang bayan ang kanilang maharlikang lahi sa Kanya kapag tiningnan mo ang hibla ng kultura ng mga Israelita at ang kanilang pagkakakilanlan sa panahon na ibinigay ng Diyos ang kautusang ito. Nang iutos ng Diyos na maglagay sila ng maharlikang kurdon sa kanilang mga palawit, inaalis pa rin ng mga tao ang kanilang pagkakakilanlang kinagisnan sa loob ng maraming taon sa Ehipto, ang pagkakakilanlang nakakabit sa responsibilidad ng pang-aalipin. At hindi lamang sila pinalaya ng Diyos sa pang-aaliping iyon, subalit mabilis Niyang ipinaalala sa kanila na ginawa na silang maharlika. Para bang sinasabi ng Diyos, "Alam ko kung ano ang sinabi sa inyo ng Ehipto at kung paano kayo minaltrato doon.

Subalit ang sinasabi ko ay kayo ay maharlikang mga pari, isang banal na bayang ibinukod sa Aking pagmamahal. Mamuhay kayo sa pagkakakilanlang ibinigay Ko sa inyo, kalimutan ninyo ang mga pangalang ibinibigay sa inyo ng mundo."

## BASAHIN ANG MATEO 9:20-22.

Sa Mateo 9 matatagpuan natin ang isang babaeng may patuloy na isyu ng pagdurugo na nagtagal ng labing-dalawang taon. Ang kalagayang ito ay magsasabing siya ay marumi ayon sa batas ng mga Hudyo. Ang pagiging marumi ayon sa batas ng mga Hudyo ay mayroong malaking epekto sa kanyang pangaraw-araw na buhay. Maaaring hindi siya nakapapasok sa mga templo o sinagoga; sa panahon at kulturang ito ang pagbabawal na iyan ay nangangahulugang hindi siya kabilang sa komunidad at pagtuturo ng relihiyon. Ang mga anak ng Diyos, ang sambahayan ng Diyos, mga lugar kung saan tayo nakatatagpo ng kanlungan at kaginhawaan ngayon - lalo na sa mga panahon ng paghihirap - ay hindi mga kanlungan para sa babae. Ang katotohanan ay tinalikuran siya ng komunidad ng relihiyon at iniwasan ang anumang kaugnayan sa kanya.

Siya ang tinatawag na "taga-labas" ng lipunan - sa madaling salita siya ay "patay" sa lipunan. Ang mga pagsasaalang-alang na iyo ay masakit kung maaalala mo ang pagiging isang komunidad ng kultura ng Gitnang Silangan. Ang babaeng ito ay iniiwasan sa lipunan na maging ang kanyang mga kapamilya ay hindi pinapayagang lapitan siya o o damayan siya nang hindi rin nagiging marumi sa seremonyas at hindi kabilang sa komunidad hanggang sila'y malinis ng ritwal. Mahirap para sa ating maintindihan ang kanyang kalungkutan.

Isipin mo ang mundo at buhay ng babaeng ito. Ano sa tingin mo ang bagay na ninais niya? Ano sa tingin mo ang dahilan ng kanyang lubos na kalungkutan?

Ang babaeng ito, ang taong kinaharap ang maraming taon ng paghihirap - pisikal, emosyonal, at espirituwal - ang humawak sa "laylayan" ng damit ni Hesus (v.20). Ang salitang Griyego para sa "laylayan" na ginamit sa talatang ito ay *kraspedon*. Ang parehong salita ay matatagpuan sa *Septuagint,* ang pagsasalin sa Griyego ng Lumang Tipan, sa mga palawit na inilagay ng lahat



ng Hudyo sa mga “dulo” o mga “sulok/pakpak” ng labas ng kanilang kasuotan. Ang salitang Hebreo para sa “dulo” ay *kanafayim.*

Ang babaeng may isyu ng pagdurugo ay lumapit kay Hesus para sa mapagpagaling Niyang *kanafayim/kraspedon* - sulok, dulo, pakpak - ng Kanyang *tallit.*

## BASAHIN ANG MALAKIAS 4:2.

Ating isaalang-alang ano kaya ang nagtulak sa babaeng ito para lumapit kay Hesus - ang babaeng inihiwalay ng komunidad ng bayan ng Diyos at sa espirituwal na katuruan. Naniniwala akong ipinakita ng babaeng ito ang malaking pananampalataya. Sa tingin ko, sa kanyang paglapit para hawakan ang pakpak ng *tallit* ni Hesus, nagtitiwala siya sa Salita ng Diyos sa Malakias 4:2 at ipinahahayag ang kanyang paniniwala kay Hesus bilanga Anak ng Diyos. Sa kabila ng lahat ng kanyang pinagdaanan, sa kabila ng paraan ng komunidad ng relihiyon na malamang ay itinatwa na siya, ipinakita niya ang pananampalataya kay Hesus. Inilagay niya ang kanyang pag-asa sa mga pangako ng Diyos, sa katangian ng Diyos.

Ang kaganapang ito sa Mateo 9 ay parang literal na katuparan ng Malakias 4:2 - “ sisikat ang araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak.” (ABTAG2001)

At huwag mong palalampasin ito. Sa oras na ito, ginantimpalaan ni Hesus ang kanyang pananampalataya, pinagaling siya, at ibinalik siya sa kanyang komunidad. Nagbigay Siya ng pisikal at espirituwal na pagpapagaling. Sa Kanyang paglapit sa babae, tinulungan Niya itong makabalik sa lipunan at ipinagtanggol Niya ang babae mula sa mga mata ng mundo. Sa kanilang kultura, ang ideya ng paglapit ng isang taong marumi sa isang banal na guro tulad ni Hesus ay maiskandalo at mapanganib. Ayon sa tradisyon noon, mayroong karapatan si Hesus na maging malupit sa babae at paalisin ito, maaari pa ngang patayin ito.

Tingnan mong maigi ang reaksiyon ni Hesus dito. Hindi niya hinatulan ang babae. Hindi niya binalewala ang babae. Kundi, sinasabi ng Bibliya na lumingon sa kanya si Hesus, nakita siya ni Hesus, at sinabi Niya, “Anak, lakasan mo ang iyong loob... pinagaling ka ng iyong pananampalataya” (Mat. 9:22). Ang ganda ng katotohanan ng ebanghelyo. Purihin ang buhay na Diyos.

Sa anong bahagi ng buhay mo kailangan mong marinig ang Diyos na sinasabing, “Anak, lakasan mo ang iyong loob”? Ilarawan ito sa ibaba. Gamitin mo ang iyong journal kung kailangan mo pa ng espasyong susulatan. Paano nagbibigay ng pag-asa sa iyo ang kuwentong ito sa Mateo 9?

## ANG PAGSAMA NG ILANG SA IYO

### BASAHIN ANG EXODO 3:1-10.

Tingnan mo ang talatang ito sa Bibliya sa **lente ng Kanluran**, itanong mo, "Paano ito nangyari?" Isulat mo ang napansin mo sa kuwentong ito.

Tingnan mo ang talatang ito sa Bibliya sa **lente ng Gitnang Silangan,** itanong mo, Bakit gagawin ito ng Diyos? Isulat mo ang napansin mo sa kuwentong ito.

Nangyari ang kuwentong ito sa disyerto, sa ilang. Binabantayan ni Moises ang mga alaga ng kanyang biyenang-lalaki sa "kabila ng ilang" (v.1). Madalas nating maisip na ang isang disyerto o ilang ay isang lugar na gusto nating *layuan*. Subalit tinitingnan ng mga Hudyo ang disyerto bilang isang lugar kung saan madalas na kinatatagpo ng Panginoon ang Kanyang bayan at kinakausap sila.

Kinatagpo ng Panginoon si Moises sa Exodo 3 sa disyerto at kinausap Niya ito. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Torah sa Kanyang mga anak sa Bundok ng Sinai sa disyerto (Ex.20). Kinatagpo Niya si Elias sa disyerto at nangusap sa kanya sa "isang banayad at munting tinig" (1 Mga Hari 19:12, ABTAG2001). Dinala ng Espiritu si Hesus sa disyerto matapos ang kanyang pagkaka-bautismo. Tinulungan Siya ng mga anghel matapos ang Kanyang apatnapung araw ng pag-aayuno, ng Kanyang pagharap sa demonyo, at sa mga tukso (Mat.4:1-11).

Sa disyerto - sa ilang - katatagpuin ka ng Diyos at tuturuan ka ng mga kakaibang aral na matatagpuan lamang sa mga lugar na tulad nito, tuyo at tigang. Sa kulturang Gitnang-Silangan, ang ilang ay nakikita bilang isang sagradong lugar, isang lugar ng pagiging malapit, kung saan magsasabi sa iyo ng "salita" (*davar*).

Ang kuwentong ito ni Moises sa disyerto ay tungkol sa Buhay na Diyos na "[nakita] ang paghihirap ng [Kanyang] bayan na nasa Ehipto" (Ex.3:7a). "Narinig [Niya] ang kanilang daing dahil sa mga umaapi sa kanila" (v.7b). Talagang "nalalaman [Niya] ang kanilang pagdurusa" (v.7b). Tumugon Siya sa Kanyang nakita at narinig sa pamamagitan ng pagbaba upang sila'y iligtas. Sa Bibliya, sa tuwing nababasa nating "nakikita" o "naririnig" ng Diyos ang isang bagay, ang mga salitang iyon ay nagsasabing mayroon Siyang gagawin ukol dito. (Hindi ito parang hindi Niya iyon napapansin - na para bang Siya'y tao na maaring tumalikod o hindi tumingin o hindi makarinig ng isang kaganapan. Sumasalahat ng lugar ang Diyos; Nakikita at naririnig Niya ang lahat ng nangyayari sa atin.). Siya ay tumutugon, buhay at gising - laging handang magligtas, tumulong sa Kanyang mga anak sa paggabay at pagmamahal.

Ang kuwentong ito ay hindi masyadong tungkol sa nagniningas na puno kundi tungkol sa Buhay na Diyos na hindi pinipiling ilayo ang Kanyang pagtingin. Pinipili Niyang tumingin, makinig, magpahalaga - ang magpahalaga sa lahat ng bagay. At tungkol din ito sa Buhay na Diyos na hindi natatakot na bumaba, na pumagitna sa lahat ng kasiraan ng mundong ito, at ang ilagay ang Kanyang mga kamay sa lahat ng ito upang ipanumbalik ang ganda nito. Tinatakas natin ang drama. Ang Panginoon ay lumalapit dito upang iligtas, ipanumbalik at baguhin ito.

Kapag tayo'y nasa disyerto o ilang na bahagi ng ating buhay, madalas tinatanong natin, "Gaano kaya katagal ako nandito sa ilang o disyerto?" O kaya naman,"Paano kaya ako makakaalis sa panahon ng ilang?" Ngunit sa Gitnang Silangan, itinatanong nila ang mga tanong na "Paano ko bubuhatin at dadalhin ang ilang?" "Paano ko aalalahanin ang salitang itinuro sa akin ng Panginoon sa ilang?"

> Ikaw ba'y mas natatakot sa mga panahon sa ilang o disyerto at sinusubukan mo bang makaalis dito sa lalong madaling panahon? O mas nakikita mo ba ang panahong ito na pagkakataon upang mas lumalim at maging malapit sa Diyos gaano man kahirap ito? Ipaliwanag.

ANG BUHAY NA DIYOS AY HINDI NATATAKOT NA BUMABA, NA PUMAGITNA SA LAHAT NG KASIRAAN NG MUNDONG ITO, AT ANG ILAGAY ANG KANYANG MGA KAMAY SA LAHAT NG ITO UPANG IPANUMBALIK ANG GANDA NITO.

Ano ang dapat mong baguhin sa iyong puso upang pagkatiwalaan ang Diyos nang buong-buo sa mga panahon ng ilang?

May kakilala ka bang dumaraan sa panahon ng ilang sa kanyang buhay ngayon?

Paano mo siya mahihikayat na makinig sa Diyos sa gitna ng disyerto?

## MAGPATULOY SA PAMUMUHAY

> Kaya't akin siyang aakitin,
> at dadalhin siya sa ilang,
> at malambing ko siyang kakausapin.
> At doon ko ibibigay sa kanya ang kanyang mga ubasan,
> at gagawin kong pintuan ng pag-asa ang Libis ng Acor.
> Siya'y aawit doon, gaya ng mga araw ng kanyang kabataan,
> at gaya ng araw nang siya'y umahon mula sa lupain ng Ehipto.
> Sa araw na iyon, sabi ng Panginoon, tatawagin mo akong "Asawa ko;"
> at hindi mo na ako tatawaging, "Baal ko!"
> At gagawin kitang asawa ko magpakailanman; gagawin kitang asawa ko sa
> katuwiran at sa katarungan, sa tapat na pag-ibig at sa kaawaan.
> Gagawin kitang asawa ko sa katapatan; at makikilala mo ang Panginoon.
> **HOSEA 2:14-16, 19-20**

Maaring pamilyar ka sa mensahe ng Aklat ng Hosea. Ang propetang Hosea (sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu) ay ikinumpara ang relasyon ng Kanyang mga anak sa relasyong ikinasal - ang kasalan kung saan ang Israel, ang mga anak ng Diyos ay paulit-ulit na hindi naging tapat sa Diyos.

Sa mga bersikulo mula kay Hosea sa itaas, matatagpuan natin ang halos nakagugulat na paglalarawan ng tipan ng katapatan ng Diyos sa Kanyang mga anak. Pinakakasalan ng Buhay ng Diyos ang Kanyang mga anak sa ilang, sa disyerto, sa gitna ng kanilang hindi pagiging tapat sa kasunduang Kanyang ibinigay sa kanila. Ang mga bersikulong ito ay nagpapakita ng pambihira at masakripisyong pag-ibig ng Diyos.

Ipinagpatuloy ng Israel ang paggawa ng masama habang ginawa naman ng Diyos ang pinakamabuti. Hinahabol niya ang mga diyos ng mga bansa. Sa madaling salita, ang babaeng asawa sa paglalarawang ito, ang mga Israelita, ay hindi ipinamumuhay ang kanyang panata sa kasal. Ipinangangalunya niya ang kanyang sarili sa ibang mga bansa - katulad ng hindi pagiging tapat ni Gomer sa kanyang pagiging asawa kay Hosea (3:1).Subalit mas malalim ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaysa sa ating mga kasalanan, at ang Kanyang pagpapatawad ay para sa lahat ng ating kasalanan. Ang Diyos at ang Diyos lamang ang mananatiling tapat sa tipan ng kasal. Pinakasalan ng Panginoon ang Israel kahit na alam Niyang hindi nito kakayaning sundin ang bawat batas, ang bawat kautusan, at ang bawat panata. Ginawa Niya iyon dahil alam Niyang kaya Niya at gagawin Niya. Alam Niyang ang kordero ng Diyos ay darating isang araw at kukunin ang lahat ng pagkakasala.

Dinala ng Panginoong ang Israel sa disyerto at kinausap niya ito doon. Ang lugar na tila kumakatawan lamang sa pagiging baog ay naging isang pananauli at pagtubos, isang pangako ng tipan, ng walang hanggang pag-ibig. Para sa akin, ang Hosea 2 ang isa sa pinakamagagandang bahagi ng Bibliya. Ito ay matalik, napaka-intensyunal - ang tipan ng pagmamahal at pangako ng Panginoong ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak sa disyerto.

Madalas mangusap ang Panginoon sa Kanyang mga anak sa espesyal na pamamaraan sa mga panahon ng tagtuyot. Gusto nating dalhin ang mga katuruang ito at ang mga panahong ito na malapit tayo sa Diyos mula sa lugar ng ilang sa ating paghayo at pamumuhay.

Kailan ang huling pagkakataong ikaw ay nasa panahon ng disyerto o ilang sa iyong buhay? Ibahagi ang sitwasyong iyon sa ibaba.

Ano ang natutunan mo sa mga panahong iyon?

Paano mo nakita ang pagliligtas ng Diyos sa iyo sa panahong iyon?

Paano mo madadala sa iyong pamumuhay ang mga bagay na iyong natutunan at paano ito makapagpapalakas sa iyo?

Paano mo maitatago ang mga natutunan mo sa panahon ng ilang sa halip na itapon mo ang mga ito o subukan mo silang kalimutan?

SESYON 2

# *SI HESUS AT ANG BABAE SA MUNDO NG UNANG SIGLO*



Ngayong linggo, titingnan natin ang dalawang bagay na nasa bawat interaksiyon ni Hesus sa babae sa mga Ebanghelyo ng Bagong Tipan. Sa bawat kuwento, dinala ni Hesus ang dalawang bagay sa buhay ng babae. Matututunan nating hanapin ang dalawang mga bagay na ito sa Kanyang mga interaksiyon sa kababaihan sa mundo ng unang siglo.

Ibabalangkas din natin ang maikling kasaysayan ng babae sa loob ng bansang Israel, mula sa Genesis patungo sa kapanahunan ng Ebanghelyo sa Bagong Tipan. Maganda ang pagsisimula ng kababaihan, isang magandang genesis. Ang babae'y nilikha ng Diyos nang mayroong dignidad at dangal. At ang kultura ng sinaunang sibilisasyon ang kumilala sa kanyang imago dei. Ang kanyang presensiya, kontribusyon, at pamumuno ay paulit-ulit na naipakikita sa kultura sa buong mundo.

Subalit, si Hesus at naipanganak sa mundo kung saan ninakaw sa kababaihan ang kanyang katayuang marangal sa mata ng lipunan. Sa ating oras ng pagtuturo sa linggong ito, ibabalangkas natin ang kasaysayan kung paano nangyari ang pagbabagong kultural na ito. Mas mahalaga na masimulan nating makita kung paanong dumating dito sa mundo si Hesus upang iangat ang babae mula sa kanyang kahihiyan at ang ipanumbalik ang kanyang dangal.

Bago mo panoorin ang ating bidyo, sagutan mo muna ang mga sumusunod na tanong:

Sa ating paglapit sa hapag na biblikal:
Ano ang iyong mga naisip mula sa pista natin noong nakaraang linggo?

Kanino mo ibinahagi ang iyong natutunan mula noong nakaraang linggo, sa iyong pamumuhay na tulad ng isang ilog?

Ano ang inyong napag-usapan? Paano ito naging isang hamon sa iyo o paano nito pinatunayan ang iyong mga natututunan?

Habang nilalapit natin ang ating mga upuan para sa Sesyon 2 ng biblikal na pistang ito, tumatayo muli tayo upang tumanggap – upang pakainin ng Salita ng Diyos ng Panginoon mismo.
Sa sinaunang paraan, hinanda Niya ang hapag na ito para sa atin, at Siya ang naglapit sa atin sa hapag na ito. Nais Niya tayong katagpuin sa pistang ito, sa hapag na Kanyang inihahanda para sa atin. Tandaan, gusto nating tumitig sa Panginoon at sumulyap lang sa ating mga buhay.

Maupo ka. Huminga ng malalim. Magsaya sa pista!

## ANG PISTA

### Gamitin ang mga sumusunod na tala at puwang sa oras ng pagtuturo at pista. Ilagay ang inyong sariling mga tala habang nakikinig.

Tandaan, ang mga taga Gitnang Silangan ay isinulat ang Bibliya sa konteksto ng Gitnang Silangan.

Ang bawat kultura ay mayroong mga idyoma – mga kasabihan, mga parirala – naiintindihan ito ng mga mamamayan doon.


Ang Bibliya ay mayroong mga *idyomang Hudyo*– mga kasabihan, mga parirala – na naiintindihan agad ng mga Hudyo

| LENTENG KANLURANIN | LENTENG GITNANG-SILANGANIN |
|---|---|
| Anyo | Gamit |
| Paano?<br>Paano ito nangyari? | Bakit?<br>Bakit ito gagawin ng Diyos? |
| Pang-unawa ➔ Paniniwala | Paniniwala ➔ Paniniwala |
| Batas, Patakaran, Prinsipyo | Kuwento, Pagsasalaysay |
| Ano ang itinuturo nito ukol sa akin? | Ano ang itinuturo nito ukol sa Diyos? |
| Siyasatin, Malalim na pag-aaral...<br>(Pagsusuri - pinupuna) | Basahin itong maigi...<br>(Pagbubuo - pinag-iisa o idinudugtong) |
| Mag-aral upang makuha ang kaalaman | Ang katayuan ay ang mapakain |

Bilang mga taga Kanluran, tayo ay mas Athens at Roma kaysa Jerusalem. Mas Griyego-Romano tayo kaysa Semitiko o Hudyo. Dahil dito mas gusto nating magkaroon ng pagkakaintindi sa isang bagay bago ito paniwalaan. Subalit ang paraan ng taga-Gitnang Silangan ay ang maniwala sa Diyos, paniwalaan ang Kanyang Salita, ang ideya ay ang ating kaunawaan ay manggagaling sa ating paniniwala.

Maganda ang simula ng babae sa loob ng kasaysayan ng Israel. Ang mga kababaihang tulad ni Eba, Miriam, Deborah, Jael, Abigail, Esther at Ruth ay itinanghal sa dangal at binigyan ng paggalang.

Dahil sa mga katuruan at gurong naging maimpluwensiya noong panahong Intertestamental nawala sa mga babae ang kanilang katayuan sa lipunan. Imbis na sila ay iangat sa dangal, ang mga babae ay ibinaba sa lugar ng kahihiyan.




Ang mga relihiyoso at mabubuting kalalakihang Hudyo ang tumindig laban sa pagpasok ng Helenismo at “Vegas” ang nagpalala nito.

Naipanganak si Hesus sa mundo kung saan ang teolohiya ni *Ben Sira* ay naipalalaganap sa loob ng dalawang daang taon.

Dinala ni Hesus ang hustisya at katuwiran sa mga babae sa mundo ng unang siglo. Iniaangat niya ang mga babae mula sa kanilang kahihiyan at ipinanumbalik ang kanilang dangal.

Hindi dumating si Hesus para baliktarin ang mga bagay. Dumating si Hesus upang itama ang lahat ng bagay.

## TAYO'Y MAG-YESHIVA

Bawat linggo magkakaroon tayo ng oras para mag-*yeshiva* – upang gayahin ang sama-samang paraan na Gitnang Silanganin ng diskusyon ng mga koseptong espirituwal at ang paglago nang sama-sama sa grasya ng isang biblikal na komunidad. Pag-usapan ninyo sa inyong grupo ang mga sumusunod na katangungan:

Ano ang narinig o nakita ninyo sa ating pista na gusto niyong maalala?

Anong isang bagay na natutunan ninyo sa ating pista ang gusto mong ibahagi sa iba ngayong linggo?

Napansin niyo ba kung mas tumititig kayo sa Panginoon at sumusulyap lang sa inyong buhay ngayong linggo? Ipaliwanag.

Kung mas tumititig kayo sa inyong buhay at sumusulyap lang sa Panginoon ngayong linggong ito, anong isang bagay ang pwede ninyong baguhin upang matulungang mag-iba ang inyong pananaw?

Paano dinala ni Hesus ang mishpat (hustisya) at tzedakah (katuwiran) sa inyong buhay?

Maaari ba kayong magbahagi ng kuwento o panahon kung kailan mo naranasan ang matinding pag-angat sa iyo ng Diyos?

Sa Gitnang Silangan, ang pagkakaroon ng malinaw na mata ay ang pagiging mapagbigay. Sino ang kilala mong mapagbigay? Bakit mo siya itinuturing na mapagbigay? Mayroon ka bang malinaw na mga mata?

Ano ang pananaw mo sa maikling balangkas ng kasaysayan ng kababaihan sa Israel? Mayroon bang nakagugulat doon para sa inyo?

Ano ang natutunan mo sa ating pista ngayong linggong ito?

## MISHPAT

Madalas itong isinasalin bilang "hustisya" ang salitang Hebreo na "*mishpat*" ay mayroong espesiyal na gamit sa ekonomiya ng Diyos. Dahil ang Diyos ay tagapagtaguyod ng mga mahihirap at mga naaapi, lalo na ang mga balo at ulila, inaasahan Niyang gagawin ito ng Kanyang mga tagasunod. Sa kaibuturan nito, ang mishpat ay hindi katanungan ng kamusmusan at kasalanan, o ng dangal at kahihiyan. Upang maibigay ang hustisya sa mundo, itinataas ng Diyos ang mapagkumbaba sa antas ng karangalan at itinatago ang kanilang kahihiyan.
Malapit sa salitang *tzedakah* o "katuwiran" ang mishpat ay tungkol sa kaparusahan ng maling gawi, ngunit ito rin ay tungkol sa pagkakapantay-pantay – mayaman at mahirap, babae at lalaki, dayuhan at katutubo.

## MASAGANANG BUHAY

"Ang kasulatan ay parang isang ilog… malawak at malalim; mababaw para sa mga tupang nagtatampisaw ngunit malalim para sa mga elepanteng lumalangoy."
- Gregory the Great

Ang Bibliya ay buhay at aktibo at tayo rin. Kapag umuupo tayo kasama ang ating mga Bibliya, ito ay buhay na may buhay - ang buhay na inilagay sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu na may interaksiyon sa buhay na Salita ng Diyos. Kapag bumabangga ang buhay na Salita ng Diyos sa buhay ng Diyos sa ating kalooban bumubuo ito ng mas maraming buhay - nagdudulot ito ng tinatawag ng mga Hudyong L'chaim - isang kasabihang ang literal na ibig sabihin ay "para sa buhay!". Isang paglago. Isang kasaganaan. Isang kasiyahan.

Ang paglilinang na galing sa oras na ibinahagi mo sa Diyos ay parang isang pagsasaayos, tumutulong na maintindihan natin kung paano nilikha ng Diyos ang buhay. Dinadala Niya ang pinakamainam para sa ating buhay. At, kahit na ang mundo at ang kalagayan nito ang kumakain sa ating mga oras at emosyonal na kalakasan, binibigyan tayo ng Bibliya ng isang sulyap sa aktwal na katotohanan. Ipinakikita sa atin ng Bibliya kung ano talaga ang katotohanan tungkol sa Diyos, tungkol sa atin, at tungkol sa mundo na nakapaligid sa atin. Ninanamnam natin ito at hinahayaan nating gawin nito ang gawain nito.

Pagdating sa iyong relasyon sa Bibliya, ikaw ba ay parang tupa o parang elepante? Bakit?

Naniniwala ka bang ang mga Salita ng Diyos at Kanyang kaparaanan ang nagbibigay sa iyo ng masaganang buhay? Pinaniniwalaan mo ba ito sa iyong isipan at sa iyong pamumuhay? Ipaliwanag.

### TZEDAKAH

Ang ibig sabihin ng *Tzedakah* ay "katuwiran" at marami pang iba. Ginagamit ito sa mga relasyon, inuudyok ng tzedakah ang mga taong gawin ang nararapat sa pamamagitan ng pagiging mapagbigay.

Isang pang salin ng salitang ito ay ang "awa". Sa katunayan, sa mundo ng unang siglo, ang pagbibigay sa mga mahihirap ay tinitingnan bilang isang gawain ng katuwiran (Tingnan sa Mateo 6:1-4)

Ang hindi pagbibigay ng bukas-palad ay ang paglabag sa hustisya, kalooban at kautusan ng Diyos. Sa ekonomiya ang Diyos, hindi opsyonal ang *Tzedakah*.



Ang silangang bahagi ng Huldah Gates sa ngayon

## BEIT

Ang *Beit* ay ang salitang Hebreo ng "bahay".

Sa mundo ni Hesus noong unang siglo, ang sentro ng kultura ay ang pagiging mapagpatuloy at ang komunidad. Kaya hindi nakagugulat na ang mga ideya ng tahanan at pakikipag-ugnayan ay mahalaga rin. Hindi ka masiyadong kilala sa iyong trabaho o sa iyong ginagawa, kundi sa mga taong nakapaligid sa iyo at sa tahanang kinabibilangan mo.

Itinayo ni Solomon ang templo ng Diyos - o isang *beit* (bahay). Ang templo sa Jerusalem ay tahanan ng Panginoon. Tumira Siya sa Jerusalem kasama at kabilang sa Kanyang mga anak.

## HULDAH

Mayroon tayong idaragdag sa listahan ng mga Israelitang babaeng maka-diyos sa Lumang Tipan na ating pinag-usapan sa pista ngayong linggo - Si Huldah, isang babaeng propeta sa panahon ng Haring Josias. Matatagpuan ang kanyang kuwento sa 2 Mga Hari 22:-23 at 2 Cronica 34.

### BASAHIN ANG 2 MGA HARI 22-23

Mula sa kuwentong ito, naiintindihan natin na ang Torah, ang Kautusan na nagsabi sa mga anak ng Diyos kung paano susundin ang Diyos at paano pangungunahan ang bansang Israel, ay nawala ng matagal na panahon. Nang matagpuan ni Hilkiah, ang punong pari, ang nawalang Torah sa templo, dinala ito sa Haring Josias. Binasa ito ni Shapan, ang kalihim, kay Haring Josias. Matapos niya itong marinig, pinunit niya ang kanyang kasuotan, isang simbolo ng dalamhati at pagluluksa sa kulturang Hebreo (2 Mga Hari 22:11). Napagtanto ni Josias na lumayo ang Israel mula sa mga paraan ng Panginoon ayon sa Kasulatan. Nakita niya mismo ang kalugmukan ng Israel palayo sa pagsunod sa Diyos. Pinamunuan ng Haring Josias ang isang bayang kailangan ng tunay na pagsisisi, pagbabago, reporma at pagbangon.

Ano ang dapat niyang gawin? Ang bansa ay nasa panganib, kanino sa mga propeta ng Diyos siya lalapit para humingi ng payo? May ilang mga propeta sa harapan ni Haring Josias - Jeremias, Sefanias, Nahum, Habakuk at Huldah. Naiisip ko na pamilyar sa inyo ang unang apat na propeta - ang bawat isa sa kanila ay sumulat ng mga aklat sa inspirasyon ng Banal na Espiritu na ngayon ay parte na ng koleksiyon ng mga propeta ng Israel (ang ating Lumang Tipan) at ipinangalan rin sa kanila.

Parang lohikal na pagpili ang kumonsulta sa isa sa mga propetang iyon - malinaw na lubos silang ginamit ng Panginoon ng mga panahong iyon. Ngunit sa dami ng mga matatalinong propetang pwedeng pagpilian, kumonsulta si Haring Josias kay Huldah. Ang kanyang propesiya ay magkakaroon ng kalamidad sa Jerusalem at sa kaharian ng Judah. Sinabi rin niyang hindi masasaksihan ni Josias ang kalamidad na ito sa kanyang buhay dahil tumugon ang kanyang puso at naging mapagkumbaba siya sa harap ng Panginoon. Ang dalawang propesiyang ito'y natupad.

KINILALA SI HULDAH NA TUMULONG SA PAGBABALIK NG BANSANG ISRAEL SA DIYOS AT DAHIL DITO AY NALIGTAS ANG ISANG HENERASYON NG MGA ANAK NG DIYOS

Nakilala si Huldah sa kasaysayan ng Israel dahil sa kanyang tungkulin sa mga reporma ni Josias. Kasama ni Josias, kinilala si Huldah na tumulong sa pagbabalik ng bansang Israel sa Diyos at dahil dito ay hindi naranasan ng isang henerasyon ng mga anak ng Diyos ang poot at paghatol ng Diyos. Ilang taong lumipas. nang maitayo ang templo ni Herod sa Jerusalem (pinalawig ang templo ni Zerubbabel) ang mga pasukan at labasan ng mga manlalakbay at mananampalataya ay pinangalanang Huldah Gates. Kilala ang pangalan ni Huldah ng mga taong pumunta sa Jerusalem upang sumamba sa Buhay na Diyos sa Kanyang *beit* (bahay).

Ang dalawang Huldah Gate sa timog ay parehong ginamit na pasukan at labasan
***MISHNAH MIDDOT 1:3***

Nakakatuwang isipin na ang mga pasukan sa templo ng Diyos ay ipinangalan sa isang babae. Isang karangalan!

Kapag nagdadala ako ng mga grupo sa Israel, umuupo kami sa harap ng mga Huldah Gate sa Southern Rabbinic Teaching Steps na papunta sa katimugang pader ng Temple Mount para sa isa sa aming mga klase sa bibliya.

## MISHNAH

Nang ibinigay ng Diyos kay Moises ang Torah sa Bundok ng Sinai, pinaniniwalaan ng mga Hudyo na nagbigay din Siya ng ikalawang grupo ng mga kautusan na tinatawag na *Mishnah* o "ang bagay na inuulit". Batay sa kaisipang ito, ang kasulatang Torah (o *Mikra*) ay mas malaki ang kahalagahan, subalit ang sinasalitang Torah (o *Mishnah*) ay nagpalawak at nagpaliwanag ng kahulugan ng kasulatang Torah.

Sa simula ng ikatlong siglo AD, isang lalaking ang pangalan ay Yehudah ha-Nasi o sa Ingles, Judah the Prince, ay nagsimula ng isang proyekto upang maisulat ang mga tradisyong naipasa na sa panahong iyon.

Ang kasulatang ito ay nagbibigay ng maliit na pagsilip sa Hudaismo mula 300BC hanggang AD200. Hinahati ito sa anim na mga seksyon, na nahahati pa sa pito hanggang labing-dalawang seksyon, na nag-uumpisa sa pinakamahaba at nagtatapos naman sa pinakamaikli.

Sa loob ng daan-daang taon, ang mga manlalakbay ay pupunta sa Jerusalem upang ipagdiwang ang tatlong *foot festival* na ibinigay sa Deuteronomio 16 - Passover, Pentecost (ang Feast of Weeks) at ang Feast of Tabernacles.(Sa kultura ng Gitnang Silangan, maraming mga bagay ang literal ang mga pangalan. Tinawag ang mga itong "foot festivals" dahil naglalakad ang mga tao tatlong beses sa isang taon upang dumalo sa mga ito.

Habang umaakyat ang mga mananampalataya sa Southern Steps upang pumasok sa templo sa Huldah Gates, kakantahin nila ang mga salmo ng pag-akyat (Mga Awit 120-134), mga salmo ng papuri na isinulat para sa pamamakay patungo sa templo. Ang mga salmong ito ay maindayog at melodiko. Ang mga mananampalataya ng mga panahong iyon hindi binabasa ang mga salmo ng tulad natin; inaawit nila ang mga ito. Isipin ninyo ang paglalakbay patungo sa Jerusalem mula sa malayong lugar. Narating mo na ang lugar matapos ang mahabang paglalakbay, at habang paakyat ka sa hagdanan upang pumasok sa tahanan ng Diyos (templo), kakantahin mo ang sumusunod:

Ang aking mga mata sa burol ay aking ititingin,
ang akin bang saklolo ay saan manggagaling?
Ang saklolo sa akin ay buhat sa Panginoon,
na siyang gumawa ng langit at lupa.
Hindi niya papahintulutang ang paa mo'y madulas;
siyang nag-iingat sa iyo ay hindi matutulog.
Siyang nag-iingat ng Israel
ay hindi iidlip ni matutulog man.
Ang Panginoon ay iyong tagapag-ingat;
ang Panginoon ay lilim mo sa iyong kanan.
Hindi ka sasaktan ng araw kapag araw,
ni ng buwan man kapag gabi.
Iingatan ka ng Panginoon sa lahat ng kasamaan;
kanyang iingatan ang iyong kaluluwa.
Ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok
ay kanyang iingatan,mula sa panahong ito at
magpakailanpaman.
**MGA AWIT 121**

Siguro tila isang pagdiriwang ang makita ang tahanan ng Diyos - kung saan galing ang iyong saklolo - matapos ang mahabang paglalakbay, handa nang makapasok sa presensiya ng nag-iisa at tunay na Diyos. Naiisip kong naramdaman ng mga mananampalataya ang kasiyahan, tawanan at tuwa sa pagdating sa tahanan ng Panginoon upang sumamba sa Kanya kasama ang kanilang mga kapatid na Israelita.

## MANNA

BASAHIN ANG EXODO 16:1-5, 13-17, 31-36

Tingnan mo ang talatang ito sa Bibliya sa **lente ng Kanluran**, ang paraan ng pagintindi muna matapos ay hayaan mong ang inyong pagkaintindi ang magbigay daan sa paniniwala. Isulat ang inyong napansin sa kuwento.

Tingnan mo ang talatang ito sa Bibliya sa **lente ng Gitnang Silangan**, ang paraan ng paniniwala muna bago at matapos ay gamitin ito upang iyong maunawaan ang aral. Isulat ang iyong napansin sa kuwento

Sa magandang kuwentong ito, nakita natin ang pagkakataon nang maniwala sa Diyos ang mga Israelita at sumunod ang kanilang pang-unawa.

Ang Aklat ng Exodo ay ang kuwento tungkol sa kalayaan ng mga Hebreo mula sa paniniil at pang-aalipin ng mga taga-Ehipto. Matapos ang 430 na taon ng pang-aalipin at sapilitang paggawa sa Ehipto, milagroso ang pagkakaligtas sa kanila ng Panginoon mula sa Ehipto sa Red Sea. Ang mga taong iyon ng pang-aalipin ang bumago sa kanila. Nang kanilang tawirin ang Red Sea para sa kanilang kalayaan, sila ay mga pagod, payat, taranta at lito. Pinasok ng mga Israelita ang kinabukasang walang kasiguruhan kasama ang Diyos, nasa likuran ang Ehipto at nasa harapan ang disyerto.

Ang mga anak ng Diyos na bagong laya mula sa  pang-aalipin, ay walang ideyas kung paano mamuhay nang malaya matapos ang 430 taon ng pagkakaalipin. Nasa disyerto sila, at sila ay gutom. Isang umaga nagising sila, lumabas sa kanilang mga tolda, tumingin sa lupa at may nakita silang kakaiba - isang bagay na hindi pa nila nakita noon.

> Nang makita ito ng mga anak ni Israel ay sinabi nila sa isa't isa, "Ano ito?" Sapagkat hindi nila alam kung ano iyon. At sinabi ni Moises sa kanila, "Ito ang tinapay na ibinigay ng Panginoon sa inyo upang kainin.
> **EXODO 16:15**

Sa Exodo 16 mababasa natin ang kuwento nang magsimulang magbigay ng manna ang Panginoon para sa Kanyang mga anak. Tinatawag itong "tinapay mula sa langit" (Ex.16:4). Inilarawan din ang manna bilang "tulad ng buto ng kulantro, maputi at ang lasa niyon ay tulad ng manipis na tinapay na may pulot" (v.31).

Ang salitang Hebreo para sa manna ay *manhue* (o *ha-man* depende sa transliterasyong iyong gamit) - at ang kahulugan ng salita ay nasa anyo ng isang tanong. Ang ibig sabihin ng *Manhue* ay "Ano iyon?"  Gutom ang mga Israelita. Kinain nila ang manna kahit hindi nila alam kung ano iyon. Isang misteryo ang kanilang nakain dahil alam naman nilang galing iyon sa kamay ng Diyos. Pinagtiwalaan nila ang pinagmulan at kinain ang bagay na hindi nila kilala - literal.

Kinain nila ang "Ano iyon?" at natuklasan nila kung ano talaga iyon - ang tapat na probisyon ng Diyos sa kanila sa disyerto sa loob nang, hindi nila inaasahang apatnapung taon. Araw-araw Niyang ibinigay ang manna maliban sa araw ng Sabbath.. Inutusan ang mga Israelitang kumuha ng pagkaing pang-dalawang araw sa araw bago mag-Sabbath. Hindi sila binigo ng Panginoon. Hindi Siya nagpalampas ng kahit isang araw. Hindi Siya nagbakasyon at kumalimot. Ang pinakamahalaga sa lahat, hindi Siya naubusan. Natutunan ng mga anak ng Diyos na hindi mauubos ang probisyon ng Diyos;patuloy siyang bigay ng bigay. Siya ay mapagkakatiwalaan. Maniniwala ka sa Kanya, sa Kaniyang Salita, at *pagkatapos* lumakad ka sa pang-unawa.

SIYA AY MAPAGKAKATIWALAAN. MANINIWALA KA SA KANYA, SA KANIYANG SALITA, AT *PAGKATAPOS* LUMAKAD KA SA PANG-UNAWA.

Mayroon bang mahirap na sitwasyon, pagkakataon o relasyon sa iyong buhay ngayon, isang bagay na mahirap na paniwalaang kayang baguhin ng Panginoon? Ilarawan ito sa ibaba.

Mayroon ka bang naaalala o masasabing kuwento ng panahon sa iyong buhay kung saan kinatagpo ka ng Panginoon o nagbigay Siya ng probisyon sa gitna ng isang hamon sa buhay? Ilarawan sa ibaba.

Paano nagbigay kasiyahan sa iyo ngayon sa gitna ng isang mahirap na sitwasyon ang kuwentong iyan ng probisyon ng Panginoon sa iyo?

Ang mga anak ni Israel ay kumain ng manna sa loob ng apatnapung taon, hanggang sa sila'y dumating sa lupaing matitirahan. Sila'y kumain ng manna hanggang sa sila'y dumating sa mga hangganan ng lupain ng Canaan.
**EXODO 16:35**

Habang ang mga anak ni Israel ay nagkakampo sa Gilgal ay kanilang isinagawa ang paskuwa nang ikalabing-apat na araw ng buwan sa kinahapunan sa mga kapatagan ng Jerico. Kinabukasan, pagkatapos ng paskuwa, nang araw ding iyon, kanilang kinain ang bunga ng lupain, ang mga tinapay na walang pampaalsa at ang sinangag na trigo.At ang manna ay huminto kinabukasan, pagkatapos na sila'y makakain ng bunga ng lupain; at hindi na nagkaroon pa ng manna ang mga anak ni Israel kundi kanilang kinain ang bunga ng lupain ng Canaan ng taong iyon. Ang mga anak ni Israel ay kumain ng manna sa loob ng apatnapung taon, hanggang sa sila'y dumating sa lupaing matitirahan. Sila'y kumain ng manna hanggang sa sila'y dumating sa mga hangganan ng lupain ng Canaan.
**JOSUE 5:10-12**

Ang probisyon ng Diyos sa Kanyang mga anak ay sakto na hindi na Siya nagpadala ng manna matapos ang araw na magsimulang kumain ng prutas sa lupain ng Canaan ang mga Israelita. Ang ipinangako Niyang probisyon ang nagdala sa kanila sa lupang pangako. Tulad ng mga Israelita, tayo rin ay nabubuhay sa mga pangako ng Panginoon sa atin, at hindi Niya tayo pababayaan.

Ngunit hindi Niya ipinapangako na sasabihin Niya agad sa atin ang mga nangyayari. Hindi Niya ipinapangako na bibigyan Niya tayo ng plano bago tayo magsimulang magtayo. Ang gantimpala ay madalas na nasa kabilang panig ng pagsunod.

Ang mga Levita ay umapak sa ilog ng Jordan dala ang Kaban ng Tipan pagkatapos nahati ang tubig (Josue 3). Hindi naibibigay sa atin ng buhay ang lahat ng mga detalye bago tayo gumawa ng desisyon. Pero pwede nating piliing magtiwala sa karakter ng Diyos. Pwede nating piliing maniwala sa kabutihan ng Diyos at sa Kanyang matapat na pagmamahal.

ANG GANTIMPALA AY MADALAS NA NASA KABILANG PANIG NG PAGSUNOD.

Ang pagkain ng misteryo ay nangangailangan ng pananampalataya sa Diyos na nagbibigay ng misteryo. Kapag inintay natin hanggang maintindihan natin ang lahat ng iyon, hindi tayo gagalaw, hindi hahayo, hindi natin malalaman kung ano ang pwedeng mangyari. Ang paghihintay hanggang maintindihan natin ang isang sitwasyon ay nakapagpaparalisa ng puso - sobrang takot na sumunod sa bagong bagay at pakikipagsapalaran dahil sila ay hindi mo pa nalalaman.

Tinitingnan natin ang misteryo at sinasabing “Ano iyon?” Kung alam mong ang Panginoon ang nangunguna, nag-uudyok, nagsasalita, at gumagalaw - kainin mo ang misteryo. Lumapit ka rito at tingnan mo kung saan ka dadalhin nito. Lumapit ka sa misteryo at panuorin ang probisyon ng Buhay na Diyos.

Sa anong sitwasyon, pangyayari o relasyon sa iyong buhay ngayon ka nangangailangan na maniwala at magtiwala sa Diyos bago mo ito maintindihan nang buong-buo? Ilarawan sa ibaba.

Ano ang pumipigil sa iyong magtiwala sa Diyos sa sitwasyon, pangyayari at relasyong ito? Ipaliwanag

Naniniwala ka ba na ang gantimpala ay madalas na nasa kabilang dako ng pagsunod? Bakit o bakit hindi?

## ANG PAGKAIN NG MISTERYO

Kumain ng manna ang mga Israelita sa disyerto sa loob ng apatnapung taon hanggang marating nila ang Canaan. Ang Manhue ay isang tanong - "Ano iyon?" Sa disyerto kinain ng mga Israelita ang isang misteryo, isang bagay na hindi nila alam o naintindihan, dahil alam nilang nanggaling ito sa Panginoon. Minsan, sa probisyon ng Diyos sa atin, hinihiling sa atin ng Panginoon na magtiwala sa Kanya at mamuhay nang hindi nakukuha ang lahat ng kasagutan, ang magtiwala na aalalay Siya kahit na sa mga bagay na parang misteryo para sa atin. Tayo'y mga taong kailangan ng katiyakan, kalinawan, garantiya, at buong pang-unawa bago tayo gumalaw, ngunit hindi pinapangako ng Diyos ang palaging magbibigay ng mga kasagutan

Makakaisip ka ba ng panahon kung kailan mo "kinain ang isang misteryo" dahil alam mo naman na ang Diyos ang nanguna sa iyo, nag-udyok sa iyo, gumabay sa iyo sa lugar na hindi mo nakikilala?

Kailan ang huling pagkakataong pumayag ka sa isang bagay kahit hindi mo pa alam ang mga detalye nito?

Ano ang kinalabasan nito? Ikaw ba ay nasa kalagitnaan pa rin nito ngayon?

Tumawag, i-text o i-email mo ang isang kaibigan ngayong linggong ito at itanong mo ang kuwento kung kailan siya "kumain ng isang misteryo" sa kanyang buhay. Ang pagbabahagi ng mga kuwento natin ng probisyon ng Diyos ay nagbibigay ng kaluwalhatian sa Kanya at tumutulong itong mag-igting ang ating pananampalataya sa kinabukasan.

SESYON 3

# *SI HESUS AT ANG BABAE SA TABI NG BALON*



Si Hesus ay ipinanganak sa mundo kung saan ang ideolohiya at teolohiya ni Ben Sira ukol sa mga kababaihan ay naglakbay na at lumawak na sa loob ng humigit-kumulang dalawang daang taon.Ipinanganak Siya sa mundo kung saan ang babae ay hindi na binibigyang karangalan sa kanilang kultura. Kundi, siya ay nababalot na sa kahihiyan. Dinala ni Hesus ang mishpat (hustisya) at tzedakah (katuwiran) sa mga kababaihan. Dinala Niya ang malaking pag-angat sa Kanyang mundo noong unang siglo.

Ngayong linggo kakainin natin ang unang biblikal na kuwento ng interaksiyon ni Hesus sa babae. Sa iyong pakikibahagi sa ating pista, at sa kinabukasan kapag nababasa mo ang mga kuwento ni Hesus at mga babae, patuloy mong hanapin kung paano dinadala ni Hesus ang hustisya at katuwiran - ang malaking pag-aangat.

Lumalakas tayo bilang mga anak na babae. Kung ginawa ni Hesus iyon para sa isang babae, tiyak na gagawin Niya rin ito para sa atin.

Habang lumalapit tayo sa biblikal na hapag:
Ano ang iyong iniisip mula pa noong pista sa nakaraang linggo?

Kanino mo ibinahagi ang iyong natutunan mula noong nakaraang linggo, sa iyong pamumuhay na tulad ng isang ilog?

Paano tumakbo ang inyong pag-uusap? Paano ka hinamon ng inyong pagkikita o paano nito kinumpirma ang iyong natututunan?

Naghahanda na tayong ilapit ang ating mga upuan sa Sesyon 3 para sa biblikal na pista na ito. Higit sa pagbabasa ng Salita ng Diyos, gusto nating kainin ito. Gusto nating lunukin ito at hayaan nitong gawin ang gawain nito. Hinaharap natin ang Salita bilang mga anak - sumasandal tayo, tumitingala, binubuksan ang ating mga bibig, at nagtitiwala na pakakainin tayo ng Diyos. Tumatayo tayo upang tumanggap.

Maupo ka. Huminga ng malalim . Makisaya sa pista!

## ANG PISTA

Gamitin ang mga sumusunod na tala at puwang sa oras ng pagtuturo at pista. Ilagay ang inyong sariling mga tala habang nakikinig.

Pinasok ni Hesus ang mundo ng unang siglo at ipinamuhay ang habag at pakikiramay. Ipinakita Niya ang dalawang bagay sa mga babaeng nakasalamuha Niya sa Kanyang buhay at ministeryo

**COMPASSION**

**cum= with (kasama)**
**pathos= pain (sakit)**

**EMPATHY**

**em = in (sa)**
**pathos = pain (sakit)**

Hindi Siya natakot dumamay sa mga babaeng dumaraan sa sakit. Hindi Siya natakot samahan sila sa loob ng kanilang kalungkutan.

Mayroong isang pahayag ang nangunguna sa pitong pahayag na "Ako Ang" sa Ebanghelyo ni Juan. Ang pitong "Ako Ang" na mga pahayag ay kumakapit sa nag-iisang pahayag na ito. Sa madaling salita ang pitong "Ako Ang" na mga pahayag ay totoo dahil ang unang pahayag na ito ay totoo.

| LENTENG KANLURANIN | LENTENG GITNANG-SILANGANIN |
|---|---|
| Anyo | Gamit |
| Paano?<br>Paano ito nangyari? | Bakit?<br>Bakit ito gagawin ng Diyos? |
| Pang-unawa ➔ Paniniwala | Paniniwala ➔ Paniniwala |
| Batas, Patakaran, Prinsipyo | Kuwento, Pagsasalaysay |
| Ano ang itinuturo nito ukol sa akin? | Ano ang itinuturo nito ukol sa Diyos? |
| Siyasatin, Malalim na pag-aaral...<br>(Pagsusuri - pinupuna) | Basahin itong maigi...<br>(Pagbubuo - pinag-iisa o idinudugtong) |
| Mag-aral upang makuha ang kaalaman | Ang katayuan ay ang mapakain |

Mayroong dalawang uri ng katubigan sa Gitnang Silangan: patay na katubigan at buhay na katubigan. Ang patay na katubigan ay tubig pa rin; tulad ng tubig sa tapayan, hindi ito gumagalaw. Ang buhay na katubigan ay tubig na gumagalaw, tulad ng sa balon, mga ilog, at mga sapa. Sa mundo ng unang siglo, mas gusto ng mga tao na magpa-bautismo sa buhay na katubigan.
Ang paghihiwalay ng mga Hudyo at Samaritano ay halos pitong daang taon na nang dumating si Hesus. Ang mga Hudyo at Samaritano ay sumamba sa dalawang magkaibang templo at gumamit ng magkaibang kanon ng Kasulatan.

### Ang Gitnang Silangan, mula noon hanggang ngayon,ay mayroong tatlong pangunahing pamantayang kultural:

- ☐ Dangal/ Kahihiyan
- ☐ Mabuting Pakikitungo
- ☐ Pamumuhay sa Komunidad (tayo, hindi ako)

Ang mga Hudyo na nakatira sa Galilea minsan ay naglalakbay daraan ng Samaria patungo sa Judea. Sa kasaysayan, mahirap na tawirin ang rutang ito dahil hindi magkasundo ang mga Hudyo at Samaritano; subalit, nakikita nating naging pagkakataon para kay Hesus ito upang maibigay ang *mishpat* at *tzedakah* sa isang babaeng Samaritana.

Pinangalanan ni Hesus ang kanyang kahihiyan at hindi ang kanyang kasalanan. Pinangalanan Niya ang kanyang kalungkutan at tinabihan Niya ang babae sa gitna nito. Sinimulan Niya ang malaking pag-aangat sa babae. Umupo Siya sa tabi ng balon at hininta niya ang babae. Sinimulan ni Hesus ang pag-abot sa kanya at ang pakikipag-usap sa kanya - dinugtungan Niya ang puwang. Tinanong Niya kung pwede Siyang maki-inom pagkatapos ng babae, itinuring siyang malinis at hindi marumi. Sinimulan Niyang kausapin ang babae tungkol sa tubig na buhay habang nakaupo sa balon, ang pinanggalingan ng buhay na tubig. Iginalang Niya ang babae sa pakikipag-usap sa kanya ng teolohiya ng pagsamba. Ang babaeng ito ang unang taong pinagsabihan ni Hesus na Siya ang Mesias. Naging misyunero siya - isang saksi - sa kanyang komunidad.

Habangbuhay na panghahawakan ng Samaritana ang karangalan bilang unang taong sinabihan ni Hesus na Siya ang Mesias, ang Kristo.

## BAKIT KAILANGANG DUMAAN SA SAMARIA?

Sa Juan 4:4 mababasa natin na "kailangang dumaan siya sa Samaria".

Sinasabi sa atin ng kasaysayan na maraming mga Hudyo sa Galilea ang hindi dumaraan sa Samaria patungo sa Jerusalem kahit na mas malayo ang daan upang umiwas lamang sa lugar ng mga Samaritano.

Kaya ano ang nangyari sa bersikulong ito sa Juan 4? Bakit kaya "kinailangang dumaan ni Hesus sa Samaria"? Sa tingin ko pinili ni Hesus na dumaan sa Samaria dahil gusto Niyang tanggalin ang malalim at lumang hidwaan sa gitna ng mga Hudyo at mga Samaritano.

Matapos ang nangyari sa Juan 4 kay Hesus at sa babae sa tabi ng balon, maaari nating isipin na si Hesus at ang Kanyang mga disipulo ay tumigil at nanatili sa Sychar kung saan sila maaaring dumaan. Maaaring naging mabuting kaibigan na kay Hesus at sa Kanyang mga disipulo ang babae at ang mga Samaritano sa kanyang nayon. Maaaring dinala ni Hesus ang kapayapaan sa Sychar sa Kanyang interaksiyon sa babaeng ito.

## TAYO'Y MAG-YESHIVA

Bawat linggo magkakaroon tayo ng oras para mag-*yeshiva* – upang gayahin ang sama-samang paraan na Gitnang Silanganin ng diskusyon ng mga koseptong espirituwal at ang paglago nang sama-sama sa grasya ng isang biblikal na komunidad. Pag-usapan ninyo sa inyong grupo ang mga sumusunod na katangungan:

Ano ang iyong nakita o narinig sa ating sama-samang pista na nais mong matandaan?

Ano ang isang bagay na gusto mong ibahagi sa iba ngayong linggong ito?

Panao dinala ni Hesus ang mishpat (hustisya) at tzedakah (katuwiran) sa iyong buhay ngayong linggong ito?

Sa panahon na ito ng iyong buhay, ang iyong puso ba ay mas "patay na katubigan" o "buhay na katubigan"? Ipaliwanag.

Ano ang iyong haverim? Sino ang tumutulong sa iyong dalhin ang iyong tubig?

## HAVER (PL.HAVERIM)

Isang salitang Hebreo na ang ibig sabihin ay "kaibigan" o "kasama". Sa mundo ng unang siglo, ang *haver* ay kasama sa pag-aaral o kasamang disipulo - isang taong matatanong mo ng mahihirap na tanong at siya rin naman ay maaaring magtanong sa iyo bilang kapalit.

Ang mga *haverim* ang tumulak sa bawat isa upang makuha ang katotohanan. Kapag tinatawag mong haver ang isang tao noong unang siglo, sinasabi rin nito na sinusunod mo ang Torah sa kaparehong paraan. Pwede pa ngang pareho kayo ng guro.

Ginugugol mo ang maraming araw kasama ang iyong mga *haverim* at pinag-uusapan ninyo ang mga mahahalagang isyu sa inyong buhay at sa mga buhay ng ibang tao.

## ANG PAGKAIN NG SALITA NG DIYOS

Sa halip, kasiyahan niyang sumunod sa kautusan ni Yahweh. Binubulay-bulay niya ito sa araw at gabi.
**AWIT 1:2 (MBBTAG)**

Kapag iniisip mo ang pagbubulay sa isang bersikulo sa kasulatan, ano ang mga imahe at aksiyon ang pumapasok sa iyong isipan?

Hindi ko alam kung ano ang iyong isinulat sa iyong sagot sa itaas. Pero kapag naiisip ko ang "pagninilay" sa konteksto ng ating kultura ngayon, naiisip ko tahimik na iniisip ang isang idea o katotohanang espirituwal, isang aktibidad na gagawin ko nang mag-isa. Pero hindi ito ang nasa isip ng orihinal na mambabasa ng Bibliya kapag binabasa nila ang Awit 1:2. Ito ay magandang halimbawa kung paano natin binibigyang kahulugan ang mga biblikal na salita at mga konsepto sa napapanahong kahulugan at imahe na ating nakikita ngayon.

Ang salitang "pagninilay" sa orihinal na wikang Hebreo ay *hagah* . ang ibig sabihin niyan ay kumain o lamunin ang isang bagay tulad ng paglamon ng leon sa kanyang huli. Ang pahiwatig ng salitang ito ay mabangis at aktibo.

Ipinanganak si Hesus sa kultura na may tradisyong oral na komunikasyon. Isinaulo ng mga gurong Hudyo ang mga teksto ng Lumang Tipan at itinuro ang Kasulatan mula sa alaala. Ang paglagong espirituwal ay nasa konteksto ng komunidad. Itinuro ng mga lider ng relihiyon ang Kasulatan nang pasalita. Ang mga magkakasama sa komunidad na espirituwal ay mag-uusap tungkol sa isang bersikulo sa Bibliya, parang nakikipag-buno sa Salita ng Diyos bilang isang komunidad ng mananampalataya. Ang kanilang komunidad ng pananampalataya at ang pakikipaglaban bilang isang komunidad sa Salita ng Diyos ang nagpakain sa kanilang personal na pananampalataya at debosyon. Sa ganitong kaisipan, ang mga tagasunod ng Diyos ay nakikipagbuno sa Kanyang Salita upang maintindihan kung sino talaga Siya upang lumakad sa Kanyang landas ng buhay, upang mamuhay sa paraang kalugod-lugod sa Diyos, sumusunod sa Kanya, lumalago sa ilalim ng Kanyang pangangalaga. Ang *"pagha-Hagah"* ang bersikulong nagbigay-daan sa pagsunod, ang paglalakad sa landas ng buhay kasama ang Diyos.

ANG MGA TAGASUNOD NG DIYOS AY NAKIKIPAGBUNO SA KANYANG SALITA UPANG MAINTINDIHAN KUNG SINO TALAGA SIYA UPANG MAMUHAY SA PARAANG KALUGOD-LUGOD SA DIYOS, LUMALAGO SA ILALIM NG KANYANG PANGANGALAGA.



Ang mga lalaking "nagha-hagah" sa kasulatan

Sa ilang mga paraan, ang paraan ng Kanluraning pang-unawa sa pagninilay ng Salita ng Diyos ay pareho sa konteksto ng orihinal na Hebreo. Kapag *nagha-hagah* tayo ng isang bersikulo, kinakain natin ito at ito ay nagiging parte natin. Pinaiigting nito ang ating debosyon sa Diyos. Noong unang siglo, inilalarawan ng mga Hudyo ang isang katotohanang espirituwal na kanilang pinagnilayan bilang "nagiging bahagi ng kanilang kakanyahan" - sa madaling salita, nagiging bahagi ng kanilang katauhan. Kapag binabalik-balikan natin ang isang katotohanang espirituwal sa ating mga puso't isipan, nagiging bahagi ito ng kung sino tayo, nagiging bahagi ng "ating kakanyahan". At dahil sa mga bagong katotohanan sa ating kalooban, mayroon tayong abilidad na mas makilala ang Diyos at ang lumakad sa landas ng buhay kasama Siya.

Pwede tayong mag-*hagah* o magnilay, sa isang bersikulo lang, subalit ang pagkain ay mas mainam kung may kasalo. Gusto nating lamunin ang Salita ng Diyos tulad ng isang leon sa kanyang biktima.

Pag-aralan ang mga sumusunod na tanong:
Ano ang paraan ng iyong pagha-hagah sa iyong espirituwal na komunidad?

Anong mga katotohanang biblikal ang naging parte na ng iyong katauhan?

Paano napaigting ng mga katotohanang iyon ang iyong pananampalataya?

## ANG BALON NI JACOB

Dito matatagpuan ang balon ni Jacob. Dahil napagod si Jesus sa paglalakbay, umupo siya sa tabi ng balon. Halos katanghalian na noon.
**JUAN 4:6**

Nang ipakilala ng Diyos ang Kanyang sarili kay Moises sa Exodo 3, ipinakilala Niya ang Kanyang sarili at sinabing "Ako ang Diyos na sinamba ng iyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob" (Ex. 3:6). Si Jacob ay isa sa mga patriyarkal na ama ng mga Hudyo. Ang balon ni Jacob ay hinukay noong mga panahon ng Genesis.

Makalipas ang daan-daang taon, umupo si Hesus kasama ang babaeng Samarita sa balong ito. Noong panahon ni Hesus, ang balon ay nasa isang lungsod na tinatawag na Sychar, sa baba ng Bundok Gerizim - ang bundok na binanggit ng babaeng Samaritana, kung saan sumamba ang mga Samaritano. Ang mga taga-Samaria ay nagtayo ng templo sa ibabaw ng Bundok Gerizim dahil hindi sila pinayagang sumamba sa templo sa Jerusalem.

Buhay pa ang balon ni Jacob hanggang ngayon - halos dalawang libong taon na matapos umupo doon si Hesus kasama ang Samaritana. Ang pangalan ng lungsod kung saan ito matatagpuan ay nabago na; ngayon ito ay Nablus. Ang balon ay nasa paanan pa rin ng Bundok Gerizim, at nakikita pa rin ang mga guho at mga labi ng templo ng mga Samaritano patungo sa itaas ng bundok.

Ang balon ni Jacob ang isa sa aking paboritong lugar. Gustong-gusto ko ang pagdadala ng mga grupo sa balon ni Jacob kapag nasa Holy Land kami. Habang naroon kami, iniimbitahan ko ang mga kababaihang umikot sa balon at basahin ang Juan 4 nang malakas, bawat isang bersikulo.


Gustong-gusto kong ibinibigay sa mga kababaihan ang pagkakataong iyon- ang muling ikuwento ang babae sa balong iyon kung saan ginanap ito, dalawang libong taon nang nakararaan.

## BUNDOK GERIZIM

Ikalawang pinaka-mataas na bundok sa rehiyon ng Nablus, sumunod sa kapitbahay nitong Bundok Ebal, ang *Bundok Gerizim* ay nagsisilbing pinaka-banal na lokasyon sa mga Samaritano.

Noong 128BC, sinira ng mga Hudyo ang templo ng mga taga-Samaria at sinubukan nila ang sapilitang pagbabago ng relihiyon sa lahat ng mga grupo ng taong nakatira sa kanilang bansa kasama na ang mga taga-Samaria. Binuhay nito ang mga taga-Samaria at ang poot sa gitna ng mga Hudyo at Samaritano at tumaas sa mga unang siglo BC at AD.

Natabunan ng Bundok Gerizim ang lungsod ng Sychar sa Bagong Tipan, lalo na ang balon ni Jacob. Dahil sa kalapitan nito nabanggit ito sa pag-uusap ni Hesus at ng babaeng Samaritana sa Juan 4.


Mount Gerizim

**DUMATING TALAGA SI HESUS SA MUNDO UPANG ITAMA ANG MGA BAGAY. IPINAKIKITA SA ATIN NG BIBLIYA ANG DISENYO NG DIYOS PARA SA MUNDO, KUNG PAANO NIYA GINAWA ANG ATING MGA PUSO AT KUNG PAANO TALAGA ANG PAMUMUHAY.**



*Ang balon ni Jacob sa ngayon*

Matapos ang pagbasa ng kuwento ng Juan 4, ang mga babae ay nagpapalitang makakuha ng tubig mula sa balon ni Jacob sa isang timbang bakal. Ang balon ay mayroon pa ring tubig - malamig at malinis.

Sa parehong paraan, ang kuwentong ito'y nakaaapekto pa rin sa atin, nangungusap sa atin at naglalakbay sa pamamagitan natin habang binabahagi natin ito sa iba. Ang Bibliya ay hindi lang ang pinakamagandang kuwento - ito rin ang pinakatotoo. Ang mga kuwentong ito ay nangyari talaga. Dumating talaga si Hesus sa mundo upang itama ang mga bagay. Ipinakikita sa atin ng Bibliya ang disenyo ng Diyos para sa mundo, kung paano Niya ginawa ang ating mga puso at kung paano talaga ang pamumuhay.

## HILLEL VS. SHAMMAI

BASAHIN ANG MATEO 19:1-9.

Tingnan ang bersikulong ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Kanluran,** alamin ang batas, patakaran, o prinsipyo nito. Isulat ang inyong napansin sa kuwentong ito.

Tingnan ang bersikulong ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Gitnang Silangan,** alamin ang bahagi nito sa kuwento ng buong Bibliya. Isulat ang inyong napansin sa kuwentong ito.

Isang henerasyon bago si Hesus, mayroong dalawang relihiyosong tahanan o paaralan sa Jerusalem. Ang parehong mga paaralan ay naging impluwensya sa buong Hudaismo at napanatili rin ng kanilang mga lider ang impluwensyang ito bilang mga namumuno rito.

Ang isang paaralan ay sumunod kay *Rabbi Hillel* ang isa ay kay *Rabbi Shammai*. Ang apo ni Hillel ay si Gamaliel. Makikilala ninyo ang kanyang pangalan, siya ang guro ng apostol Pablo (Mga Gawa 22:3)

Si Hillel ay isang taong naniniwala sa "espiritu ng kautusan". Si Shammai, sa kabilang banda, ay sa "kasulatan ng kautusan". Madalas binabasa nina Hillel at Shammai ang parehong Kasulatan subalit nagiging magkaiba ang kanilang interpretasyon at ang paraan ng paggamit. Madalas na mas malawak ang interpretasyon ni Hillel, ibig sabihin, mas nagbibigay grasya at luwag siya kung saan ang Kautusan ay mas bukas sa interpretasyon. Mas makitid naman ang mga interpretasyon ni Shammai, ibig sabihin, mas mahigpit at konserbatibo siya kung ang Kautusan ay hindi masiyadong maliwanag.

Noong panahon nina Hillel at Shammai mayroong malawakang debate sa interpretasyon ng Deuteronomio 24:1. Ito ang isa sa mga maiinit na usapan sa kanilang henerasyon.

> "Kung mag-asawa ang isang lalaki ngunit dumating ang panahon na ayaw na niya sa babae dahil may natuklasan siya ritong hindi kaaya-aya, at gumawa siya ng kasulatan ng paghihiwalay, ibinigay ito sa babae, at pinalayas ito sa kanyang pamamahay"
> **DEUTERONOMIO 24:1**

Ang debate sa panahong iyon ay naka-sentro sa ibig sabihin ng salitang "hindi kaaya-aya" sa Deuteronomio sa Torah. Ano man ang ibig sabihin ng salitang "hindi kaaya-aya", ito ay batayan para hiwalawan ng lalaki ang kanyang asawang babae at palayasin ito.

Ayon kay Rabbi Hillel, ang "hindi kaaya-aya" ay pwedeng maraming mga bagay. Sa pananaw ni Hillel, pwedeng hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa dahil lamang sa nasunog na tinapay.

Ibang-iba ang itinurong interpretasyon ni Rabbi Shammai sa salitang "hindi kaaya-aya". Para kay Shammai ang nag-iisang bagay na hindi kaaya-aya na pwedeng maging dahilan ng pakikipaghiwalay ng isang lalaki sa kanyang asawa ay pangangalunya.

Sa mundo ni Hesus, ang mga lalaki lamang ang may kapangyarihang hiwalayan ang kanilang mga asawa, hindi pwedeng babae ang magsimula nito laban sa kanyang asawa. Ang gawaing ito sa kanilang kultura ay gumawa ng hindi pagkakapantay ng mga kasarian sa kasal at iniwan ang mga babaeng bukas sa pagmamaltrato at madaling pagpapabaya.

"Ang karapatang makipaghiwalay ay sa asawang lalaki lamang."
- J. JEREMIAS

"Sa ganitong paraan, ang pananaw ng isang tagasunod ni Hillel ay nagbigay-daan sa karapatan sa pakikipaghiwalay na naka-depende sa kapritso ng asawang lalaki."
- J. JEREMIAS

Dumating si Hesus isang henerasyon matapos kina Hillel at Shammai. Sa Mateo 19:3 nang tanungin ng mga Pariseo si Hesus "Naaayon ba sa Kautusan na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa sa kahit anong dahilan?" ang tinatanong talaga nila ay kung pumapanig ba Siya kay Hillel o kay Shammai sa isyu ng paghihiwalay. Maaari bang hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa, iwanan siya, at hayaan siyang nanganganib at mahina dahil lang sa simpleng pagkasunog ng tinapay?

Hindi lamang ito tanong tungkol sa paghihiwalay - ito ay tanong na partikular sa kasarian. Sa anong mga dahilan pwedeng hiwalayan ng *lalaki* ang kanyang *asawa*. Pumanig si Hesus kay Shammai sa isyung ito ng paghihiwalay at iniangat ni Hesus ang mga babae sa mundo ng unang siglo. Sa pagpanig Niya kay Shammai, naprotektahan ni Hesus ang mga babae mula sa madaling paghihiwalay at pagsasantabi dahil lamang sa kapritso ng asawang lalaki.

Dinala ni Hesus sa babae ang hustisya at katuwiran sa loob ng relasyong mag-asawa - protektahan siya, pakatatagin siya, at itinanggi ang ideya na maaaring makipaghiwalay ang lalaki sa anumang dahilan. Makikita nating ipinagtanggol ni Hesus ang mga babaeng nakaligtaan ng lipunan. Inabot Niya sila sa radikal na kabutihan at grasya, sa ganitong paraan, binago Niya ang kanilang mga buhay.

## ANG MAYAMANG PAG-ANGAT

"Umuwi ka at isama mo rito ang iyong asawa," wika ni Hesus.
**JUAN 4:16**

Nakilala ni Hesus sa balon ni Jacob ang babaeng Samaritana sa baba ng Bundok Gerizim. Isang ordinaryong araw na naging katangi-tangi sa buhay at kuwento ng babae.

> "Sa umpisa ng usapan ay hindi ipinakilala ni Hesus ang Kanyang sarili sa babae, ngunit nakita ng babae ang isang lalaking nauuhaw, pagkatapos ay isang Hudyo, pagkatapos ay isang guro, pagkatapos ay isang propeta, sa huli ang Mesias. Sinubukan niyang linlangin ang isang lalaking nauuhaw, ipinakita niya ang kapootan sa isang Hudyo, kinantiyawan niya ang isang Guro, bumilib siya sa propeta, at sinamba niya ang Kristo."
> - Ephrem the Syrian, Eastern Father

Sa pagkakataong ito, pinangalanan ni Hesus ang kanyang kahihiyan, hindi ang kanyang kasalanan. Inabot niya ang kuwento ng babae, nakita Niya ang kaluluwa nito, at pinangalanan ang pinakamahirap at ang pinaka-nakakahiyang bagay na kanyang pinagdaanan. Pinasok ni Hesus ang kanyang mundo nang may pakikiramay at awa. Ninanais ni Hesus na pumasok sa iyong mundo nang may pakikiramay at awa. Ang mga ordinaryong araw ay nagiging katangi-tangi kapag hinayaan mong iangat ka ni Hesus.

> Kung makita ka ni Hesus sa inyong hapag ngayong linggong ito ang pangalanan Niya ang iyong kahihiyan- ang pinakamalalim na bahagi ng iyong kuwento - ano ito?

Makipag-ugnayan kay Hesus ngayong linggong ito, isipin at ipanalangin ang bahaging iyon ng iyong kuwento. Hayaan mong tukuyin ni Hesus ang iyong ikinahihiya at iangat ka Niya mula roon muli, at baguhin Niya ito. Gamitin ang susunod na pahina upang itala ang iyong panalangin ng pagsamba sa Kanya.

SESYON 4

# *SI HESUS AT ANG BABAE SA PADER*



Noong nakaraang linggo, binisita natin ang biblikal na kuwento ng pagdadala ni Hesus ng malaking hustisya at katuwiran (mishpat at tzedakah) sa isang babaeng Samaritana sa isang lumang balon na hinukay ng isa sa mga patriyarka. Tinukoy ni Hesus ang kanyang kahihiyan at mabilis siyang iniangat at ipinanumbalik ang kanyang dangal. Lumipat siya mula sa pagiging isang malungkot na babae, ikinahiya ng limang paghihiwalay, sa pagiging isang misyonero na nagsabi sa kanyang komunidad tungkol sa Mesias. Noong nakaraang linggo, natunghayan natin ang pag-ibig ni Hesus ay mabuti.

Ngayong linggong ito, habang kinakain natin ang ikalawang kuwento ni Hesus at ng isang babae sa Bibliya, makikita nating ang pagmamahal ni Hesus ay mabagsik. Ang kuwento noong nakaraang linggo ay naganap sa isang balon. Ang kuwento ngayong linggong ito ay naganap sa isang kainan sa tahanan ng Pariseo, isang Pariseong nagngangalang Simon. Matututunan natin ang kahalagahan ng pagsasalo-salo sa mundo ni Hesus at kung paanong ang mabuting pagpapatuloy ay isa sa pinakamataas na kabutihan o simbolo ng dangal sa kanilang kultura. Sa madaling salita, maraming importanteng bagay ang naganap sa mga kainan sa buhay at ministeryo ni Hesus, tulad ng ginagawa nito ngayon sa maraming pagkakataon.

Hanapin ninyo ang hustisya at katuwiran sa kuwentong ito - sa paraang iniangat ni Hesus ang kababaihan. Lumalakas ang ating loob bilang mga anak na babae, kung ginawa ni Hesus iyon para sa isang babae, gagawin Niya rin ito para sa atin.

Habang papalapit tayo sa hapag na biblikal: ano ang iyong iniisip tungkol sa pista noong nakaraang linggo?

Sino ang binahagian mo ng buhay na parang ilog noong nakaraang linggo at ng iyong natutunan sa pista?

Kumusta ang inyong naging pag-uusap? Ano ang naging hamon sa iyo o kompirmasyon ng iyong natutunan?

Nagsisimula na tayong lumapit sa hapag para sa Sesyon 4 ng biblikal na pistang ito. Tandaan, higit pa sa pagbabasa ng Salita ng Diyos, hangad nating kainin ito. Para sa nakararami sa atin, ang pinakamasarap na pagkaing nakain natin ay yung hindi na natin iniluto. Ang Kasulatan ay mga pagkaing inihanga sa atin ng ating pinakamataas at banal na Ama. Iniaayos Niya ang hapag, inihahanda ang Kanyang Salita, at kinatatagpo tayo roon - nakikipagniig sa atin habang pinakakain tayo ng Salita ng Diyos. Inihaharap natin ang ating mga sarili upang tumanggap.

Maupo ka. Huminga ng malalim. Ikasiya ang pista!

## ANG PISTA

Gamitin ang mga sumusunod na tala at puwang sa oras ng pagtuturo at pista. Ilagay ang inyong sariling mga tala habang nakikinig.

| LENTENG KANLURANIN | LENTENG GITNANG-SILANGANIN |
|---|---|
| Anyo | Gamit |
| Paano?<br>Paano ito nangyari? | Bakit?<br>Bakit ito gagawin ng Diyos? |
| Pang-unawa ➔ Paniniwala | Paniniwala ➔ Paniniwala |
| Batas, Patakaran, Prinsipyo | Kuwento, Pagsasalaysay |
| Ano ang itinuturo nito ukol sa akin? | Ano ang itinuturo nito ukol sa Diyos? |
| Siyasatin, Malalim na pag-aaral...<br>(Pagsusuri - pinupuna) | Basahin itong maigi...<br>(Pagbubuo - pinag-iisa o idinudugtong) |
| Mag-aral upang makuha ang kaalaman | Ang katayuan ay ang mapakain |

Ang *parashah* ay ang lingo-linggong bahagi ng Torah na ginagamit sa liturhiya ng mga Hudyo; ito'y ibinibigay sa mga misa ng Shabbat tuwing Sabado.

Kinatatagpo tayo ni Hesus kung nasaan tayo, pero hindi Niya tayo iniiwan doon. Noong nakaraang linggo, nagtagpo si Hesus at ang babaeng Samaritana sa balon ni Jacob. Itong linggong ito, makikita nating matatagpuan Niya ang isang babaeng nakasandal sa isang pader, sa isang mababang posisyon sa lipunan, sa isang handaan. Iniwan ng babaeng Samaritana ang baon at hindi na siya tulad ng dati. Inalis ni Hesus ang babaeng mula sa pagkakasandal sa pader, iniangat siya, at pinahayo siya sa kapayapaan.

Ang Gitnang Silangan, mula noon hanggang ngayon,ay mayroong tatlong pangunahing pamantayang kultural:

- ☐ Dangal/ Kahihiyan
- ☐ Mabuting Pakikitungo
- ☐ Pamumuhay sa Komunidad (tayo, hindi ako)

Ang pagtanggi sa magiliw na pagtanggap ng isang tao ay talagang kahihiyan sa mundo ng Bibliya. Ang salu-salo sa hapag ay mula noon hanggang ngayon, napakahalaga sa Gitnang Silangan. Ito ay isa sa mga pinakamataas na paraan ng pakikipag-ugnayan sa lipunan.

Sa mundo ni Hesus ang mga pamantayan sa pagpapatuloy na ibinibigay ng may-anyaya ay ang:

- ☐ Halik ng pagdating
- ☐ Paghuhugas ng mga paa ng bisita
- ☐ Langis ng olibo para sa mga kamay ng bisita (sabon)
- ☐ Pagpahid ng espesyal na langis sa ulo ng mga panauhing pandangal
- ☐ Ang mga palaboy, makasalanan, mahihirap ay uupo malayo sa hapag, sa likod ng mga panauhin, nakasandal sa pader, at pakakainin lamang matapos ang pagkain ay maihain

Ang buhok ng babae sa mundo ng Bibliya ay mahalaga at hanggang ngayon, sa Gitnang Silangan. Ang buhok ng babae ay ang kanyang karangalan.

Ang mga Hudyo ay magbabasa ng Kasulatan upang ipamuhay ang mga sinasabi rito hindi lamang upang matutunan bilang kaisipan. Gusto nilang ipamuhay sa pangaraw-araw ang mga katotohanan ng Kasulatan. Ang *lachrymatory* (isipin ninyo ang *lacrimal duct* sa inyong mata) ay ang sisidlan ng luha o plorera ng luha. Ang kahalagahan ng paggamit ng sisidlan ng luha sa tradisyon ng mga Hudyo ay nagmula sa Awit 56:8.

Ang mga salmo ay naisulat isang libong taon bago ang panahon ni Hesus. Sa loob ng libo-libong mga taon, mayroong mga sisidlan ng luha ang mga kababaihan; ipinapasa pa nga nila mula sa isang henerasyon at sa susundod. Kinolekta nila ang kanilang mga luha alinsunod sa Awit 56:8. Ang sisidlan ng luha ay representasyon ng sama-sama't kabuuan ng kalungkutan at pighati ng babae.

*parabolē* - parable
*pallēlos* - parallel

Ang parabula ay isang kuwentong kinukuwento sa pagpaparis. Kinukumpara o pinaghahambing ang maraming mga bagay. Ang punto ng parabula ay dalhin kang makagawa ng isang desisyon.

## TAYO'Y MAG-YESHIVA

Bawat linggo magkakaroon tayo ng oras para mag-*yeshiva* – upang gayahin ang sama-samang paraan na Gitnang Silanganin ng diskusyon ng mga koseptong espirituwal at ang paglago nang sama-sama sa grasya ng isang biblikal na komunidad. Pag-usapan ninyo sa inyong grupo ang mga sumusunod na katangungan:

Ano ang iyong narinig o nakita sa ating sama-samang pista na gusto mong alalahanin?

Anong isang bagay na ating natutunan sa pista natin na gusto mong ibahagi sa iba ngayong linggong ito?

Paano dinala ni Hesus ang *mishpat* (hustisya) at *tzedakah* (katuwiran) sa iyong buhay ngayong linggong ito?

Sino ang kilala mong taong magiliw ang pagpapatuloy? Sa iyong opinion ano ang dahilan kung bakit magaling siya sa aspetong ito?

Ano ang ilan sa mga bagay na sinusunod ninyo sa pagpapatuloy ng mga tao sa inyong tahanan?

Kailan ang huling pagkakataong ibinuhos mo kay Hesus ang lahat ng iyong saloobin? Ang "mabaliw" sa Kanya? Mayroon bang pumipigil sa iyong ilabas ang iyong nararamdaman sa Kanya sa lahat ng oras? Paano mo lalaban ang harang na iyon?

## TINAPAY SA ARAW-ARAW

Nagsisipilyo tayo araw-araw dahil ito ay makabubuti para sa atin at tayo ay mapapanatiling malusog nito. Ito ay gawain ng pisikal na kalinisan. May mga bagay tayong ginagawa ng araw-araw dahil mabuti ito sa ating espirituwal na paglago - pinananatili nito na malusog ang ating espirituwal na buhay.

Kinalakihan ko ang pagtawag sa araw-araw na pagbabasa ng Bibliya na "quiet time". Ibinibigay ko ang oras na ito para *makasama* ang Panginoon ng intensyunal *sa* Salita ng Diyos. Ang araw-araw na gawaing ito ay nagbigay ng benepisyo sa aking kaluluwa sa parehong paraan na nagbigay din ng benepisyo sa aking kalusugan ang pagsisipilyo. Ang dalawang bagay na ito ay parehong uri ng kalinisan.

Ibang wika ang ginagamit ng mga Hudyo sa kanilang pagbabasa ng Bibliya linggo-linggo. *Parashah* ang tawag nila rito na ang ibig sabihin ay *bahagi*. Binabasa nila ang partikular na bahagi ng Torah, o ng unang limang aklat ng Kasulatan ng Lumang Tipan sa bawat linggo.

Kapag naiisip ko ang *bahagi* naiisip ko ang pagkain - ang pag-kontrol sa dami nito. Noong nakaraang linggo, natutunan natin ang salitang hagah - upang lamunin ang isang bagay tulad ng isang leon na kinakain ang kanyang nahuli. Ngayon muli, sa salitang *parashah* nakikita natin ang imahe ng *pagkain* ng Kasulatan. Kinakain natin ito. Mas matamis pa ito sa pulot. Nagiging bahagi natin ito, "bahagi ng ating bawat hibla" habang tayo'y namumuhay mula sa pista ng Salita ng Diyos

Sa mundo nating Kanluranin, madalas nating naiisip ang aralin ang Kasulatan, binabasa natin ng parang pang-akademya. Subalit ang paraan sa Gitnang Silangan ay *sim lev*, ang ilagay ang Kasulatan sa ating puso, nang paulit-ulit, hanggang makapasok ito sa loob ng ating puso - ang kainin ang Kasulatan hanggang maging parte na ito ng iyong pagkatao. Gusto natin ang sagot sa katanungang, "Saan matatagpuan ang Salita ng Diyos?" ay maging "sa aking kalooban".

### PARASHAH (PL. PARASHOT)

Dahil pangunahin sa ga Hudyo ang Torah sa Kasulatan, matapos ang kanilang pagkakatapon, nagpasya silang basahin ang limang aklat ng sama-sama at malakas, sa loob ng isang buong taon.

Hinati nila ang Torah sa limampu't apat na *parashot* (o bahagi), itinatalaga ang isang seksyon ng aklat na mabasa sa nakatakdang panahon. Samakatuwid, sa bawat linggo, isang bagong bahagi ng Kasulatan ang aaralin ng buong linggo at babasahin ng malakas sa sinagoga para sa Sabbath.

Makikita natin ang ebidensiya ng kasaysayan nito sa Dead Sea Scrolls at sa Bagong Tipan. Sa Lucas 4, binasa ni Hesus ang isang bersikulo mula sa Isaias. Sa Mga Gawa 15:21 ang Jerusalem Council ay nagbanggit kung paano binabasa ang Torah sa mga sinagoga bawat linggo.

## ANG ORAS SA SALITA ANG HUMUHUBOG SA KUNG SINO KA NGAYON AT KUNG SINO KA NAGIGING.

Kung paano natin tinitingnan ang Salita ng Diyos ay mahalaga dahil nakaaapekto ito sa kung paano natin Siya nakikilala at kung paano tayo lumalago na katulad Niya.

Pinipilit nating magkaroon ng ritmong espirituwal sa ating mga buhay, kaysa sa subukan nating brasuhin ang ating mga sarili sa mga espirituwal na disiplina at pag-tsek ng nasa listahan. Sa ating paggamit ng Bibliya, at sa halos bawat tanong na nais nating sagutin sa ating buhay, mas nakatutulong na tanungin, "Sino ang nais mong maging?"

Maaaring gamitin ng Diyos ang Bibliya upang hulmahin ka lalo sa imahe ni Kristo - kung ikaw ay magsi-*sim lev* – ilagay mo ito sa iyong puso nang paulit-ulit upang manahan ito sa kalooban mo, upang maging bahagi ito ng iyong pagkatao. Ang pagtatrabaho para sa ating paglago, at ang kaligayahan at pag-asa sa ating araw-araw na mga buhay ay nanggagaling sa loob, mula sa pusong binago ng panahong kasama ang Diyos sa Kanyang Salita. Ang oras sa Salita ang humuhubog sa kung sino ka ngayon at kung sino ka nagiging.

Maglabi ng kaunting panahon upang maisip niyo kung paano ninyo tinitingnan ang Bibliya at kung hinahamon ka ng Diyos upang gumawa ng pagbabago.

Paano mo tinitingnan ang Bibliya? Isang bagay na aaralin? Na kakainin?

Nakikita mo ba ang iyong oras sa Salita na isang disiplina, pista o wala sa nabanggit?

Nakikita mo ba ito bilang isang bagay na nararapat mong gawin? Ipaliwanag.

Sino ang nais mong maging? Ang kagustuhan bang ito ay nakikita sa paraan na iyong binibigyang oras ang Salita ng Diyos? Ipaliwanag.




## MAGLAKAD-LAKAD

Ang taglay kong sulirani'y nababatid mo nang lahat, pati mga pagluha ko'y nakasulat sa iyong aklat.
**MGA AWIT 56:8**

Ang mga salmo ay regalo para sa atin. Ang kabuuan ng Kasulatan ay mensahe ng Diyos sa atin subalit sa mga Awit, binibigyan tayo ng Diyos ng lengguwahe para sa bawat panahon ng buhay - ang mga kaligayahan at mga sakit.

Binibigyan Niya tayo ng pahintulot na dalhin ang ating mga mahahapding emosyon at kagustuhan sa Kanya, upang ibuhos ang ating mga puso sa Kanya. Sa Mga Awit tinuturuan tayong ibigay ang mga salitang ibinigay ng Diyos sa atin pabalik sa Kanya. Ang mga ito ang mga lengguwahe ng sangkatauhan sa bawat kondisyon at sa bawat kalagayan - pait, kalungkutan, kapighatian, galit, takot, pagsisisi, pag-aalala at marami pang iba. Ang Mga Awit ay regalo dahil sa kanila ay inihahanda tayo ng lengguwahe na kailangan nating dalhin sa Kanya sa panalangin kapag nararamdaman natin ang maraming mga emosyon. Nais ng Panginoon na ibahagi natin ang ating mga puso, mga tunay na saloobin, sa Kanya, ano man ang ating nararamdaman o naiisip. Kaya tayo ng Diyos. Kaya Niya ang pagsasabi natin sa Kanya ng katotohanan, ng buong katotohanan.

"Hanggang saan ang kaya natin? Gaano karami ang pinahihintulutan? Ang sinasabi ng Mga Awit ay pwede tayo *hanggang dulo*, na lahat ng ito ay *pinahihintulutan*: ang pagsamba, oo, pati na rin ang poot, ang kalungkutan, ang galit…"
- Walter Brueggemann

## HALAKH

Sa mundo ni Hesus noong unang siglo, ang isang gurong Hudyo ay hindi interesadong magturo ng Pilosopiya o malalawak na ideya para lamang sa mga debate. Ang pilosopiya at ang pagkamit ng mga kaalaman ay mahalaga para sa mga Griyego at hindi sa mga Hudyo. Ayon sa mga Griyego, ang edukasyon ay mahalaga dahil "tao ang sukatan ng lahat ng bagay".

Para sa mga Hudyo, ang Panginoon ang Panginoon ng lahat, at ang lahat ay naka-ayon sa Kanya. Ang katuruan ng isang gurong Hudyo ay ginawa upang ipakita sa iyo kung paano mag-*halakh* (lumakad) sa *halakha* (daan o landas). Tinuruan ka ng isang gurong Hudyo kung paano lumakad sa landas o paraan ng Buhay na Diyos. Hindi ito tungkol sa iyong naisip - tungkol ito sa kung paano ka nabuhay. Hindi ito tungkol sa iyong kaalaman - ito ay tungkol sa kung paano ka lumakad sa landas ng Panginoon.

Binabasa ng mga Hudyo ang Kasulatan at gusto nilang ipamuhay ito, hindi lang ang malaman ito. Gusto nilang i-*halakh* (lumakad) sa landas ng Panginoon sa gabay ng Kanyang mga kautusan at batas. Kapag may nabasa sila sa Kasulatan, hindi lang nila ito pinag-iisipan o pinagninilayan, gumagalaw sila. Sinusubukan nilang katawanin ito sa paraan ng pamumuhay nila, minsan sa literal na paraan. Hindi lang nila ito pinaniniwalaan sa kanilang mga puso, ipinamumuhay nila ito sa kanilang mga gawi.

Ang Awit 56:8 ay ang tungkol sa mga luhang kinolekta sa isang sisidlan at sa Diyos na nagsusulat ng mga luhang iniyak natin sa ating buhay. Mula sa panahon ng Psalter, mga isang libong taon bago ang panahon ni Hesus, sineryoso ng mga kababaihan ang bersikulong ito at nagdadala sila ng *lachrymatory*- isang sisidlan ng luha upang gamitin sa kanilang pagsamba. Ang lacrimal duct sa ating katawan ang gumagawa ng ating mga luha.

Kinolekta ng mga kababaihang Hudyo ang kanilang mga luha sa kanilang mga sisidlan, isang konkretong paraan ng simbolo ng pagkolekta ng kanilang mga kapighatian, mga kalungkutan, poot, at sakit. Tapos ay ibubuhos nila ang laman ng sisidlan ng luha sa harap ng Panginoon bilang akto ng pagsamba, pananampalataya at pagtitiwala. Ang pagbuhos ng sisidlan ng luha ay ang pagbuhos ng puso ng isang babae - ang lumbay, kalungkutan at dalamhati. Ang gawaing ito ay isang nakikitang paraan ng pamumuhay - ang paglalakad - Mga Awit 56:8.

Sa Mga Awit 56, pinahahalagahan ng Diyos ang ating mga luha. Sinasabi Niyang nakikita Niya ang bawat sakit at ang bawat lungkot. Sinasabi Niyang pinanghahawakan Niya ang ating mga puso sa lahat ng iyon; lumalakad Siya kasama tayo. Magdadala Siya ng kaligayahan pagkatapos at magpakailanman. Sa parehong paraan, ang *lachrymatory* ay nagbibigay ng halaga sa mga luha. Mahalaga ang mga ito sa Diyos. Sila ay dapat lang na kilalanin at dapat lang na itago. Dapat lang na sila ay tinatago dahil sa Diyos na kayang panghawakan ang ating mga luha. Ang Diyos ay kayang hawakan ang *lahat* ng ating lungkot, lumbay, dalamhati, sakit. Kaya Niya ito.

At iniimbitahan ka Niyang dalhin ang lahat sa Kanya at tanggapin ang Kanyang grasya at pagpapatawad. Gusto ka Niyang iaangat at ibalik muli ang nasira ng mundong ito ng sakit at kasalanan.

Ang *lachrymatory* sa larawan sa susunod na pahina ay ibinigay sa akin ng isa sa aking mga propesor sa Israel. Isang aktwal na artepakto mula sa una o ikalawang siglo AD, natagpuan ito sa Israel.

Malamang ang sisidlang ito ay sa isang babaeng Hudyo, maaaring sa panahon ng ministeryo ni Hesus dito sa mundo. Maaaring kinolekta niya ang mga luha niya sa sisidlang ito. Madalas kong tingnan ang sisidlang ito ay iniisip ko kung ano ang kuwento niya - ano ang kanyang naranasan - ang mga masasaya at malulungkot. Iniisip ko kung saan niya kaya tinago ang kanyang sisidlan at gaano kadalas kaya niya ito inilalabas upang kolektahin ang kanyang mga luha sa harap ng Panginoon.

GUSTO KA NIYANG IANGAT AT IBALIK MULI ANG NASIRA NG MUNDONG ITO NG SAKIT AT KASALANAN.

Posibleng dinala ng babae sa Lucas 7 ang dalawang sisidlan sa hapunan kasama si Hesus sa tahanan ni Simon ang Pariseo - dalawang sisidlan para sa dalawang magkaibang dahilan. Sa tingin ko nagdala siya ng banga ng alabastro na mayroong mahal na pabango upang bendisyunan si Hesus at isang sisidlan ng luha upang ibuhos ang kanyang kalungkutan sa Kanya. Sa aktong ito ng pagsamba, parang kinikilala niya ang pagka-Diyos ni Hesus, ibinuhos ang kanyang mga luha sa Kanya - ang mga kuha sa Awit 56 na nakikita ng Diyos at itinatago Niya.

Kayang-kaya ni Hesus ang dalawang bagay, ang pinaghalong pagbabasbas na langis at ang pinakamalalim na sakit ng isang babaeng ibinuhos sa kanyang mga luha. Pwede nating ibuhos ang ating buong puso kay Hesus. Pwede nating iwanan ang lahat ng ito sa Kanya. Pwede nating ipabuhat ito lahat sa Kanya. Kaya Niya ito, at gusto Niyang kunin ang mga ito. Kapag binubuhos natin ang mga puso natin kay Hesus, nagsisimula Siyang iangat tayo sa grasya at katotohanan. Tulad ng babae sa Lucas 7, kaya Niya tayong iangat at ihatid tayo sa kapayapaan.



***Ang lumang sisidlan ng luha ni Kristi***

Ano ang iyong palagay sa gawaing sinusubok nating katawanin ang Kasulatan bilang pagsunod sa Kanya?

Paanong ang gawain ng mga Hudyo sa paggamit ng sisidlan ng luha bilang isang paraan ng pagsamba ay nangungusap sa iyong mga pag-aalinlangan sa pagdadala ng iyong mga kalungkutan, sakit at lumbay sa Diyos?

## ANG PAGTITIG SA DIYOS

BASAHIN ANG LUCAS 7:36-50.

Tingnan mo ang bersikulong ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Kanluran** habang tinatanong, "Ano ang itinuturo nito tungkol sa akin?" Isulat kung ano ang napansin mo sa kuwento.

Tingnan mo ang bersikulong ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Gitnang Silangan** habang tinatanong, "Anong itinuturo nito tungkol sa Diyos?" Isulat kung ano ang napansin mo sa kuwento

Ngayon, ihambing ang dalawang listahan ng iyong obserbasyon sa itaas. Paano sila nagkakapareho?

Paano sila nagkakaiba?

Ano ang natutunan mo sa paraan ng iyong pagtingin sa  Kasulatan?

Ano ang natutunan mo sa bersikulong ito?

Ang ehersisyong ito ay isang magandang paraan para sa  ating makita ang ilan sa mga kaibahan ng mga napupulot natin sa Bibliya base sa paraan ng ating pagtingin at sa kung ano ang hinahanap natin sa ating pagbabasa ng Kasulatan.

Ang pagbabasa ng isang bersikulo nang mayroong tanong na "Ano ang itinuturo nito tungkol sa akin?" sa isip, madalas pinagmumulan ito ng mababang pagtingin, tingnan ang ating kalooban,  mag-pokus sa ating mga sarili. Sa kabilang banda kapag nagbabasa tayo at nagtatanong, "Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos, tumitingala tayo, tumititig sa Diyos at sumusulyap sa ating mga buhay. Kapag ang pokus natin ay kung ano ang itinuturo ng isang kabanata tungkol sa Diyos, ibinibigay natin ang ating oras at atensiyon sa Kanya, at ang mga pangamba sa ating buhay ay dumidilim sa pagkakahambing. Habang tinititigan natin Siya, tayo ay nababago. Ang pagtitig sa Diyos ay magbabago sa atin sa mga paraang hindi magagawa ng pagtuon lang natin sa ating mga sarili.

Tandaan mo ang pariralang ito mula sa salmo ng pag-akyat na ating pinag-usapan sa Sesyon 2,

> Ang hangad kong tulong, kay Yahweh magmumula, sa Diyos na lumikha ng langit at ng lupa.
> **MGA AWIT 121:2**

Bilang mga anak ng Buhay ng Diyos, tumakbo tayo sa Kanya para sa tulong, kalakasan at kaligayahan.

Lakasan mo ang loob mo anak. Siya ay para sa atin.

## ORAS KASAMA SI HESUS

Nang malaman ng isang babaing makasalanan sa lunsod na siya'y nakaupo sa hapag sa bahay ng Fariseo, nagdala ito ng isang sisidlang alabastro na may pabango. At tumayo siyang umiiyak sa likuran sa may paanan ni Jesus. Pinasimulan niyang basain ang kanyang mga paa ng kanyang mga luha, pinunasan ang mga ito ng kanyang buhok. Patuloy niyang hinagkan ang mga paa ni Hesus at binuhusan ang mga ito ng pabango.
**LUCAS 7:37-38**

Kinatagpo ni Hesus ang babaeng ito kung saan siya naroroon - ibinaba sa posisyon ng mababang pagtingin, nakaupong nakasandal sa pader, hindi pwedeng makisama sa salo-salo sa hapag. Tinanggap Niya ang pagbabasbas sa Kanya ng babae at ang mga luhang ipinunas sa Kanyang paanan. Hindi Siya umimik nang sinimulang punasan ang Kanyang paa ng buhok ng babae, isang bagay na hindi pa nakikita sa kanilang kultura. Kayang-kaya siya ni Hesus - buong-buong ibinuhos sa Kanya. Dinala ni Hesus ang malaking hustisya sa babae at pinahayo siya sa kapayapaan

Kaya ka rin ni Hesus - ang lahat sa iyo ibuhos mo sa Kanya.

Maglaan ka ng oras sa linggong ito upang maging tapat kay Hesus

Unahin mo ang oras na kasama Siya paano man ito babagay sa iyong personalidad o panahon sa buhay.

- ☐ Maglakad-lakad kasama Siya
- ☐ Gumawa ng kape, umupo sa paborito mong upuan at kausapin mo Siya
- ☐ Magmaneho na kasama ang Panginoon ang ibuhos mo ang iyong puso sa Kanya
- ☐ Sabihin mo sa Kanya ang hindi mo pa nasasabi sa Kanya, iyong mga pinipigilan mong ilabas
- ☐ Gamitin ang sumusunod na pahina upang itala ang laman ng iyong puso sa Panginoon
- ☐ Mabuting Pakikitungo
- ☐ Pamumuhay sa Komunidad (tayo, hindi ako)

SESYON 5

# *SI HESUS AT ANG BABAENG MAY CHUTZPAH*



## *PANIMULA*

Noong nakaraang linggo, binisita natin ang ikalawang kuwento ng pagdadala ni Hesus ng malaking hustisya sa isang babae, isang babaeng inilagay sa mababang katayuan sa isang salo-salo, nakasandal sa pader sa bahay ni Simon ang Pariseo. Binasbasan niya ang mga paa ni Jesus ng mahal na pabango at maaaring ibinuhos pa ang kanyang mga luha kay Hesus mula sa kanyang sisidlan. Habang tumatangis ay ibunuhos niya ang kanyang emosyon - ang mga lungkot at ligaya - at ang papuri kay Hesus at tinanggap Niya ito. Ninais Niyang tanggapin ito.

Sa paraan ng pagtanggap ni Hesus sa sitwasyong iyon, naisaayos ni Hesus ang lugar na iyon. Sinimulan ni Simon ang kainan bilang isang mabuting may-anyaya, isang posisyon ng dangal. Sinimulan naman ng babae ang kainan sa kahihiyan, isang palaboy at makasalanang nakasandal sa pader. Nagtapos ang kuwento na si Simon ay ibinaba sa kahihiyan dahil hindi niya naibigay ang mabuting pagtanggap kay Hesus alinsunod sa kultura noong panahong iyon. Nagtapos ang kainan na ang babae ay napalapit kay Hesus, ikinarangal sa harap ng mga bisita, at pinahayo sa kapayapaan. Binago ni Hesus ang lugar na iyon. Ang nagsimulang mataas at mayabang at naibaba; ang mababa at mapagkumbaba ay naiangat.

Sa ating sama-samang pag-aaral, nakita nating naging mabuti ang pagmamahal ni Hesus sa babaeng Samaritana at matapang naman sa pagmamahal Niya sa babae sa tahanan ni Simon. Ngayong linggong ito, makikita natin ang pagmamahal ni Hesus ay hindi matatawaran. Matututunan natin ang kahalagahan ng mga parabula sa mga pagtuturo ni Hesus sa Kanyang ministeryo. Ang paraan ng pagtuturo ni Hesus at talagang kakaiba sa Kanyang mundo at kapanahunan. Ang Kanyang ginawa ay isang bagay na walang sinumang guro o Pariseo ang gumagawa sa mundo ng unang siglo. Itinataas ni Hesus ang mga kababaihan saan man, sa paraang inihugis, inihulma, at inihatid Niya ang Kanyang mga rabinikong parabula at mga kuwento. Ipaliliwanag ko pa yan sa kalaunan.

Hanapin mo ang hustisya at katuwiran sa kuwentong ito - ang malaking pag-angat. Lumalakas ang ating mga loob bilang mga anak. Kung ginawa iyon ni Hesus sa isang babae, tiyak na gagawin din Niya ito sa atin.

Habang lumalapit tayo sa hapag na biblikal:
Ano ang iyong iniisip mula noong nakaraang linggong pista?

Sino ang binahagian mo ng pamumuhay na parang ilog at ng iyong natutunan mo sa pista noong nakaraang linggo?

Ano ang naganap sa inyong pag-uusap? Paano ka hinamon ng pagkakataong ito o kinumpirma ba nito ang iyong natututunan?

Habang inilalapit natin ang ating mga upuan sa Sesyon 5 ng pistang biblikal na ito, ipinaaalala sa atin na higit pa sa pagbabasa ng Salita ng Diyos upang matuto, nais nating kainin ito para sa binagong puso at buhay. Inilalapit natin ang ating mga upuan sa biblikal na hapag na ito nang mayroong kompiyansa at pananampalataya - tiwala sa Panginoon, sa ating Ama, na nagpapakain sa Kanyang mga anak, at pagtitiwala sa Kanyang kabutihan na tayo's binubusog Niya. Maglaan ng ilang sandali at manatili at tumayo upang tumanggap.

Maupo ka. Huminga ng malalim. Ikasiya ang pista!

## ANG PISTA

Gamitin ang mga sumusunod na tala at puwang sa oras ng pagtuturo at pista. Ilagay ang inyong sariling mga tala habang nakikinig.

| LENTENG KANLURANIN | LENTENG GITNANG-SILANGANIN |
|---|---|
| Anyo | Gamit |
| Paano?<br>Paano ito nangyari? | Bakit?<br>Bakit ito gagawin ng Diyos? |
| Pang-unawa ➜ Paniniwala | Paniniwala ➜ Paniniwala |
| Batas, Patakaran, Prinsipyo | Kuwento, Pagsasalaysay |
| Ano ang itinuturo nito ukol sa akin? | Ano ang itinuturo nito ukol sa Diyos? |
| Siyasatin, Malalim na pag-aaral...<br>(Pagsusuri - pinupuna) | Basahin itong maigi...<br>(Pagbubuo - pinag-iisa o idinudugtong) |
| Mag-aral upang makuha ang kaalaman | Ang katayuan ay ang mapakain |

"Isinusulat natin ang ating mga paghihirap sa marmol, ang ating habag sa buhangin."
– Charles Spurgeon

Sa mundo ni Hesus, ang mga guro at mga Pariseo ay gumamit ng mga parabula bilang kanilang pangunahing paraan ng pagtuturo. Ibinabahagi nila ang kanilang mga teolohiya hindi sa paraang akademikong pagtuturo - ang ating kinikilala bilang systematic theology - subalit sa paraan ng mga kuwento. Tinatayang ang  ikatlong bahagi ng naitalang mga salita ni Hesus sa mga Ebanghelyo ay nasa anyo ng parabula.

*parabolē* - parable
*pallēlos* - parallel

Ang parabula ay isang kuwentong ikinuwento ng magkaparis. Madalas nitong ikinukumpara ang maraming mga bagay. Ang punto ng isang parabula ay dalhin ka sa isang desisyon.

Napaka-karaniwan ng mga parabula sa kapanahunan ni Hesus. Gayunpaman, ang mga guro at Pariseo ay hindi gumagamit ng mga babae bilang paksa ng kanilang mga parabula at kuwento. Itinuring na mababa ang mga babae upang gamitin sa pakikipag-usap tungkol sa mga bagay na banal. Ang mga parabula at kuwento ay laging ikinukuwento bilang panlalaki.

Kakaiba talaga si Hesus sa madalas na paggamit Niya ng mga kababaihan sa Kanyang mga kuwento, parabula at ministeryo. Sa Ebanghelyo ni Lucas, nakikita natin ang dalawampu't pitong pagpapares ng mga katuruang espirituwal at mga gawi ni Hesus.(Tingnan ang tsart sa pp.91-93.) karaniwan kay Hesus na magbahagi ng dalawang kuwento at parabula: isang nagpapakita ng lalaki at ang isa ay babae. Kay Hesus, natagpuan ng mga kababaihan ang kanilang ginagampanan sa kuwento. Dinala ni Hesus ang malaking hustisya sa mga kababaihan saan man sa mga paraang hinulma Niya at itinuro ang Kanyang mga parabula. Nang itinuro ni Hesus ang parabula ukol sa pananalanging may pagtitiyaga, pwede Niya sanang gamitin ang mga makasaysayan at mahalagang karakter sa Bibliya, halimbawa:

- ☐ Ang panalangin at pakikipaglaban ni Abraham para sa Sodom at Gomorrah (Gen.18)
- ☐ Ang pakikipagbuno ni Jacob sa anghel ng Panginoon sa ilog ng Jabbok (Gen.32)
- ☐ Ang panalangin ni Moises na alisin ng Diyos ang Kanyang galit mula sa mga Israelitang sumamba sa diyus-diyosan
- ☐ Ang panalangin ni Hannah na magkaroon ng anak sa mga panahon na kanyang pagkabaog. (1 Sam. 1)

Kundi, ginamit ni Hesus ang babaeng balo bilang pangunahing karakter ng Kanyang parabula (Lucas 18:1-8). Ang balong ito ay nagsimula ng kuwento mula sa ibaba, walang kapangyarihan laban sa isang hindi makatarungang hukom. Subalit tinapos niya ang kuwento nang nasa itaas, binali ang kapangyarihan ng hindi makatarungang hukom ng kanyang *chutzpah* (matiyagang binalik-balikan ang hukom).

Ang pagsusulat sa journal ay isang magandang paraan ng pagtatago ng ating mga kuwento sa Panginoon. Ang pag-aalaala ay isang espirituwal na gawain sa Gitnang Silangan. Magandang bigyan ng oras ang pagsusulat, pag-aalaala at ang pagbubunyi ng mga gawain ng Diyos sa ating buhay.

Sa ating biblikal na pista noong nakaraang dalawang linggo, nakita nating nakilala ni Hesus ang babaeng Samaritana sa balon ni Jacob. Noong nakaraang pista, inalis niya ang babae mula sa pader, ikinarangal siya sa publiko at pinalaya siya ng mapayapa. Ngayong linggo, ginamit ni Hesus ang isang babae, isang balong babae, upang ituro sa Kanyang mga disipulo na "dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa" (Lucas 18:1).

## TAYO'Y MAG-YESHIVA

Bawat linggo magkakaroon tayo ng oras para mag-*yeshiva* – upang gayahin ang sama-samang paraan na Gitnang Silanganin ng diskusyon ng mga koseptong espirituwal at ang paglago nang sama-sama sa grasya ng isang biblikal na komunidad. Pag-usapan ninyo sa inyong grupo ang mga sumusunod na katangungan:

Ano ang *narinig* o *nakita* mo sa ating sama-samang pista na nais mong alalahanin?

Ano ang isang bagay na iyong natutunan sa ating pista ang gusto mong ibahagi sa iba ngayong linggong ito?

Paano dinala ni Hesus ang *mishpat* (hustisya) at *tzedakah* (katuwiran) sa iyong buhay ngayong linggong ito? Ilarawan ang sitwasyon sa iyong grupo.

Ang pag-alala ay isang espirituwal na ritmo at gawain sa mundong biblikal, at karaniwang gawain pa rin ito sa mundo ng Gitnang Silangan hanggang ngayon. Ano ang ilan sa iyong ritmo ng pag-alala upang hindi mo makalimutan ang mga bagay na ginawa ng Panginoon sa iyo? Kung wala naman, anong bagong mga ritmo ang maaari mong simulang gawin?

Gaano katagal ka nananalangin para sa isang bagay bago ka sumuko? Bago ka tumigil? Ipaliwanag.

Ano ang iyong nararamdaman nang malaman mong isinama ni Hesus ang mga kababaihan sa Kanyang mga kuwento at parabula?

Kung matutuwa si Hesus sa iyo ngayon, ito ba ay dahil sa iyong pananampalataya o sa kawalan nito? Anong mga pangyayari ang humahamon sa iyong paniniwala ngayon? Ano ang mga nagpapalakas ng iyong pananampalataya ngayon?

Mas magandang hatiin ang grupo sa upang sagutin ang susunod na katanungan dahil ito'y mas personal.

Ano ang mga naising hindi mo pa nakakamit sa iyong buhay? Ang mga bagay na gusto mo pero hindi pa namumunga? Mahirap bang paulit-ulit na manalangin para sa mga ito? Pinalaya mo na ba sila? Hinayaan mo na ba silang mamatay na lang? Ano ang mangyayari kung muli mong bubuhayin ang mga panalanging iyon? Ang manalanging may *chutzpah* muli para sa mga ito?

## ANG MGA KATURUAN NI HESUS

*Hindi matitinag* si Hesus tungkol sa pagsali sa mga kababaihan. Ang sumusunod na tsart ay nagpapakita ng paraan na ginamit ni Hesus ang parehong babae at lalaki sa Kanyang mga espirituwal na katuruan at sa Kanyang ministeryo sa lupa, isang gawaing hindi pa nakikita sa Kanyang kapanahunan.

## ANG MGA MAGKA-PARES SA EBANGHELYO NI LUCAS

| PANLALAKI | PAMBABAE |
|---|---|
| Nagpakita si Gabriel kay Zacarias (1:8-23) | Nagpakita si Gabriel kay Maria (1:26-38) |
| Ang Awit ni Zacarias (1:67-79) | Ang Awit ni Maria (1:46-55) |
| Nakita ni Simeon ang sanggol na si Hesus sa templo (2:25-35) | Nakita ni Ana ang sanggol na si Hesus sa templo (2:36-38) |
| Si Naaman at ang mga may ketong na Israelita (4:27) | Ang biyuda ng Sarepta at mga biyuda na Israelita (4:25-26) |
| Ang pagpapagaling ng sinanibang lalaki sa Capernaum (4:31-37) | Ang pagpapagaling sa byenang-babae ni Simon sa Capernaum (4:38-39) |
| Ang parabula ng bagong alak sa bagong sisidlang-balat (5:37-39) | Ang parabula ng pagtatahi ng tagpi sa lumang damit (5:36) |
| Pagkilala sa labindalawang apostol (6:12-16) | Pagkilala sa mga babaeng kasama ni Hesus (8:1-3) |
| Ang alipin ng Senturion ay pinagaling (7:1-10) | Ang anak ng balo sa Nain ay binuhay (7:11-17) |
| Ang parabula ng mga taong may utang (7:41-43) | Pinatawad ni Hesus ang makasalanang babae (7:36-50) |

| PANLALAKI | PAMBABAE |
| --- | --- |
| Naglakbay si Hesus kasama ang Labindalawa (8:1) | Ang ilang babaeng pinagaling ay naglakbay kasama si Hesus (8:2) |
| Pinagtuunan ng pansin ang takot - ang mga disipulo sa isang banka sa gitna ng bagyo (8:22-25) | Pinagtuunan ng pansin ang takot - ang anak ni Jairo ay pinagaling (8:41-42,49-56 |
| Pinagaling ang ang Lalaking inaalihan ng demonyo sa Geraseno (8:26-39) | Pagpapagaling sa babaeng may pagdurugo (8:43-38) |
| Ang parabula ng mabuting Samaritano (10:25-37) | Ang halimbawa ni Maria na umupo sa paanan ni Hesus (10:38-42) |
| Nahati ang pamilya: ama laban sa anak na lalaki (12:52-53) | Nahati ang pamilya: ina laban sa anak na babae (12:52-53) |
| Pinagaling ang lalaking may sakit (14:1-6) | Pinagaling ni Hesus ang babaing kuba (13:10-17) |
| Ang parabula ng lalaking nagtanim ng buto ng mustasa (13:18-19) | Ang parabula ng babaeng naghalo ng pampaalsa at harina (13:20-21) |
| Ang parabula ng nawalang anak (15:11-32) | Ang parabula ng babaeng naghahanap sa nawalang salapi (15:8-10) |
| Ang parabula ng tusong katiwala nananamantala sa posisyon (16:1-15) | Katuruan sa paghihiwalay- mga lalaking nananamantala sa mga babae (16:18) |
| Dalawang taong natutulog, kukunin ang isa (17:34) | Dalawang babaing magkasamang nagtatrabaho sa gilingan, kukunin ang isa (17:35) |
| Mayamang lalaking hindi matatanggap ang kaharian (18:18-30) | (maaaring) mga babaeng nagdala ng mga bata kay Hesus  - kanila ang kaharian (18:15-17) |
| Ang parabula ng Pariseo at ng maniningil ng buwis  - panalangin (18:9-14) | Ang parabula ng matiyagang biyuda - panalangin (18:1-8) |

| PANLALAKI | PAMBABAE |
|---|---|
| Mga mayayamang Pariseo na naghahandog sa templo (20:45-21:1) | Mahirap na balo nagbigay ng dalawang salaping tanso (21:2-4) |
| Huling Araw- Ang mga tao'y hihimatayin sa takot (21:26) | Huling Araw- kawawa ang mga nagdadalang-tao at ang mga nagpapasuso (21:23) |
| Dalawang lalaking nagtanong kay Pedro (22:58-59) | Isang utusang babae nagtanong kay Pedro (22:56-57) |
| Si Simon na taga-Cirene ang nagpasan ng krus ni Hesus (23:26) | Nakilala ni Hesus ang mga babae patungo sa Calvary (23:27-29) |
| Inilibing ni Jose ng Arimathea ang katawan ni Hesus (23:50-53) | Nakita ng mga babae kung saan inilibing si Hesus (23:55-56) |
| Ebidensiya ng muling pagkabuhay- dalawang lalaki patungo sa Emmaus (24:13-35) | Ebidensiya ng muling pagkabuhay- mga babaeng nakakita ng mga anghel sa libingang walang laman (24:1-8) |

Sa mundo ng unang siglo, bago itinama ni Hesus ang mga bagay, ang lahat ng pagtuturong espirituwal ay para sa lalaki. Isipin mo, bilang isang babae, sa pakikinig ng katuruan ng Salita ng Diyos ng inyong pamilya, sa mga kamag-anak na lalaki mo lamang ang gamit ng espirituwal na katuruan. Ang dami nating magagamit na espirituwal na katuruan ngayon, madali itong hindi pahalagahan. Sa ilang sandali, ilagay mo ang iyong sarili sa katayuan ng isang babaeng Hudyo noong unang siglo.

Ano sa tingin mo ang itsura noon na walang espirituwal na katuruan para sa iyo? Paano ito makaaapekto sa iyong paglagong espirituwal at sa iyong katangian sa harap ng Diyos?

Sa Kanyang paraan ng pagtuturo at sa Kanyang ministeryo dito sa lupa, sinabi ni Hesus sa mga babae noong unang siglo - bahagi ka rin ng kuwentong ito. Mahalaga ka. Nakikita ka ng Diyos. Ikaw ay pinahahalagahan ng Diyos. Ikaw ay nasa Kanyang kuwento. Tinatawag ka ng Diyos na maging parte ng Kanyang gawain sa kaharian. At sinasabi rin ito ni Hesus sa atin bilang mga kababaihan sa ating panahon.

Ang punto ng isang parabula ay ang dalhin ka sa isang desisyon.

Sa parabula ng isang matiyagang balo sa Lucas 18, halimbawa, ang teksto ay humahamon sa ating pagkakaintindi kung bakit at paano tayo nananalangin. Ang mga parabula ay para mag-udyok ng aksyon; muli, nakikita natin dito ang ideang Gitnang-Silanganin ng pagsunod sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng paglalarawan nito. Hindi lang natin binabasa ang Salita ng Diyos, ipinamumuhay natin ito. Ginagawa nating bahagi ng ating pagkatao ang Salita ng Diyos, hanggang hulmahin nito ang paraan ng ating pag-iisip at gawi sa araw-araw.

Pumili ng dalawa sa mga magka-pares sa tsart sa pahina 91-93. Habang binabasa mo ang dalawang bersikulo sa bawat pares, isulat mo sa ibaba ang iyong naiisip na katuruan ng mga parabula/kuwento at ang desisyon na iyong gagawin dahil sa mga parabula/kuwento

Pares:

Ano ang itinuturo ng mga parabula/kuwento:

Ang mga desisyong mula sa mga parabula/ kuwento:

Pares:

Ano ang itinuturo ng mga parabula/kuwento:

Ang mga desisyong mula sa mga parabula/ kuwento:



## ZAKHAR

Bilang mga mananampalataya sa Bagong Tipan, mayroong tayong mga espirituwal na disiplina at gawain. Ginagawa natin ang ilang mga bagay ayon sa pamumuhay ng ating pananampalataya. Kapag naririnig ko ang mga salitang *espirituwal na disiplina* maraming mga bagay ang naiisip ko tulad ng pag-aaral ng Bibliya, pananalangin, pagsali sa lokal na simbahan, pag-iikapo, pamumuhay nang mayroong misyon, at paglilingkod sa iba.

Sa paglipas ng panahon, ang mga Hudyo ay mayroon ding sariling espirituwal na ritmo at gawain - ang ilan pareho sa atin at ang iba naman ay natatangi sa kanilang pananampalataya. Sa Bibliya, nakikita nating nagbibigay ang Diyos ng maraming kautusan, subalit inuulit Niya ang isa sa kanila - "alalahanin" at "huwag kalimutan".

Alam ng Panginoon na tayo'y mga taong makakalimutin. Madalas kong makaligtaan kung saan ko inilalagay ang susi sa aking kotse. Pumapasok ako sa isang kuwarto at nakakalimutan ko kung bakit ako pumasok doon! Gayundin, tayo ay makakalimutan sa ating mga buhay espirituwal. Nagkakaroon tayo ng espirituwal na *amnesia*. Madali nating nakalilimutan ang mga bagay na ginawa ng Panginoon para sa atin- ang Kanyang matapat na talaan ng ating buong buhay.

Bagkus, mas naaalala natin ang ating mga karanasan, ating mga sakit, ang mga bagay na sumira sa atin at iniwan tayong gumagapang, habang sinusubukang makahinga. Madalas nating makalimutan ang mga biyaya - ang mga magagandang bagay at ang mga pangyayaring puno ng grasya nang magbigay ng pagpapagaling, pagbabago, pagliligtas , grasya, direksiyon o banal na pagbisita ang Panginoon.

Ang salitang *zakhar* ay nangangahulugang "upang alalahanin".

Kalimitan ating naiisip ang pag-alala bilang pagbabalik-tanaw sa nakaraan o ang umisip ng isang bagay sa nakalipas. Ngunit sa Hebreo ang pag-aalaala ay itinuturing na pagtanaw sa hinaharap. Ang pag-aalaala ay ang paraan upang umusad, upang humakbang tungo sa kinabukasang hindi mo pa nalalaman.

KAPAG DUMATING KA NA SA ISANG LUGAR O PANAHON KUNG SAAN HINDI KA SIGURO KUNG SAAN KA PUPUNTA O ANO ANG IYONG SUSUNOD NA GAGAWIN, TUMIGIL KA AT TUMINGIN SA NAKARAAN. ALALAHANIN MO KUNG PAANO KA NATAGPUAN NG PANGINOON, PAANO KA NIYA BINIGYAN NG DIREKSYON AT PAANO SIYA NAGPUNO SA IYONG PANGANGAILANGAN SA NAKARAAN.

Ang pag-aalaalang Biblikal, o *zakhar*, ay mayroong parehong ideya sa paggalaw na pasulong.

Ganito siya bilang halimbawa. Kapag dumating ka na sa isang lugar o panahon kung saan hindi ka siguro kung saan ka pupunta o ano ang iyong susunod na gagawin, tumigil ka at tumingin sa nakaraan. Alalahanin mo kung paano ka natagpuan ng Panginoon, paano ka Niya binigyan ng direksyon at paano Siya nagpuno sa iyong pangangailangan sa nakaraan.

Ang pag-aalaala ng katapatan ng Diyos sa ating mga buhay ang nagbibigay sa atin ng kalakasang magtiwala sa Kanya sa kawalang-kasiguraduhan at ang sumulong at magpatuloy. Tayo ay mag-*zakhar* (alalahanin) upang tayo ay makapagpatuloy, dahil ang Diyos na naging matapat sa atin sa nakaraan ay ang parehong Diyos na magiging matapat sa atin sa kinabukasan na tila hindi pa natin nakikilala. Hindi lamang natin inaalala ang mga ito para lang maalala sila, subalit inaalala natin ang mga ito upang magpatuloy nang mayroong panibagong pananampalataya at pag-asa sa Diyos na pastol ng ating buong buhay.

Maaari nating gawin ang *zakhar* ng personal o bilang komunidad.

Sa mga pista ng mga Hudyo, ibinigay ng Diyos ang sama-samang okasyon ng pag-aalaala. Sa mga pistang ito, ang mga Hudyo ay nagsasama-sama upang alalahanin at ikuwentong muli sa kanilang mga anak ang kanilang mga kuwento tungkol sa Diyos. Nagsasama-sama sila upang ipagbunyi ang katapatan ng Diyos sa kanilang mga buhay at mga kuwento. Ang pag-aalaala ay laging magdadala ng kasiyahan dahil hindi pa tayo iniwan ng Diyos - ang kanyang puntos ay 100 porsyento.

Maglaan ng oras upang isipin ang ilang mga espirituwal na gawain ng pag-aalaala na maaari mong idagdag sa iyong buhay, sa personal o komunidad. Itala ang mga ito sa ibaba.

Ang personal kong ritmo ng pag-aalaala ay ang pagsusulat sa aking *journal*. Ang pag-aalaala ko kasama ang komunidad ay sa pamamagitan ng pag-iimbita sa mga tao upang umupo sa paikot sa siga habang ikinukuwento ko ang kuwento ng Diyos. Dahil dito, naaalala ko ang kabutihan ng Diyos sa naibibigay ko sa Kanya ang papuri sa mga panahon ng kaginhawaan at kahirapan. Subukan mo rin ang mga ito.

## ITO AY TUNGKOL SA IYONG PANANAW

Sa Lucas 15 ibinahagi ni Hesus ang isang parabulang mayroong tatlong magkakaibang mga kuwento. Para itong isang serye ng tatlong mga perlas na magkakasama upang magbahagi ng isang magandang katotohanan kung paano tayong hinahanap ng Panginoon kapag tayo ay nawawala, kung paano Niya tayo iniuuwi. Tunay na dumarating siya upang hanapin (naghahanap) at inililigtas (iniuuwi) ang mga nawawala.

Sa kasaysayan ng kanon ng Kasulatan, habang ang Bibliya ay isinalin sa iba-ibang mga wika at isinaayos, ang mga nagsalin nito ay gumamit ng mga kabanata at bersikulo kasabay ng mga pamagat at paglalarawan na inyong nakikita sa inyong mga Bibliya upang tulungan ang mga mambabasa sa paghahanap at paggamit ng mga bahagi ng Kasulatan.

Ang mga pamagat ng mga kuwento ay madalas na repleksiyon ng ating mga lenteng taga-Kanluran, ang nagtatanong ng, "Anong itinuturo ng kabanatang ito tungkol sa *akin*?"

Ngunit sa Gitnang Silangan, ang parehong mga kabanata sa Kasulatan ay madalas na iba ang mga pamagat, paglalarawan na repleksiyon naman ng lenteng taga-Gitnang Silangan, ang nagtatanong ng, "Anong itinuturo nito tungkol sa *Diyos*?"

Gamitin natin ang Lucas 15 bilang halimbawa ng kung paanong ang ating mga lente ang madalas na nakakaalam ng ating hinahanap o pokus sa isang kabanata sa Kasulatan.

### BASAHIN ANG LUCAS 15.

Tingnan mo ang kabanatang ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Kanluran** habang tinatanong, "Ano ang itinuturo nito tungkol sa *akin*?" Isulat kung ano ang napansin mo sa mga kuwentong ito.

Tingnan mo ang kabanatang ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Gitnang Silangan** habang tinatanong, "Ano ang itinuturo nito tungkol sa *Diyos*?" Isulat kung ano ang napansin mo sa mga kuwentong ito.

Ang tsart s aibaba ay ang mga pamagat sa mga kuwento sa Lucas 15 na ginagamit sa teksto ng Kanluran at ng Gitnang Silangan.

## MGA PAGLALARAWAN SA LUCAS 15

| KANLURAN | GITNANG SILANGAN |
|---|---|
| Ang parabula ng nawawalang tupa | Ang parabula ng mabuting pastol |
| Ang parabula ng nawawalang barya | Ang parabula ng mabuting babae |
| Ang parabula ng nawalang anak | Ang parabula ng tumatakbong ama |

Mas gugustuhin mo bang basahin ang kuwento ng isang nawawalang tupa o ng isang mabuting pastol? Mas gugustuhin mo bang basahin ang kuwento ng isang nawawalang barya o ng isang mabuting babae? Mas gugustuhin mo bang basahin ang kuwento ng nawalang anak o ng isang tumatakbong ama upang hanapin ang nawala niyang anak?

Sa pagbabasa mo ng kabanatang ito, alin sa mga paglalarawang ito ang mas tumalima sa iyo?

Ang pagbabasa ng Bibliya sa lente ng taga-Gitnang Silangan ay tumutulong na mapag-aralan nating tumitig sa Panginoon at sumilip sa ating buhay. Hinahayaan nitong ibaling natin ang ating pagtingin at ang pokus ng ating puso mula sa ating sarili at kalagayan tungo sa Diyos, sa Kanyang ginagawa, sa Kanyang katapatan, sa Kanyang kabutihan, sa Kanyang malawak na hustisya sa ating buhay. Pansining ginamit ni Hesus ang babae bilang pangunahing tauhan sa Kanyang ikalawang kuwento sa Lucas 15. Ang kanyang kuwento ang nagpasimula ng sikat na kuwento ng parabula ng alibughang anak o mas gusto kong tawaging, parabula ng tumatakbong ama.

## ANG IYONG MGA KUWENTO TUNGKOL SA DIYOS

Gustong-gustong gamitin ni Hesus ang mga babae sa Kanyang mga kuwento at parabuila. Nais Niyang matiyak na alam ng mga kababaihan na nagkaroon at mayroon silang puwesto, isang mahalagang puwesto, sa kuwento ng Bibliya at sa mapagligtas at mapagbagong daloy ng kasaysayan ng tao.

Ano ang ilan sa mga pinakamahalagang kuwento ng Diyos sa inyong sariling buhay? Magbahagi ng isa o dalawa sa ibaba.

Naisulat niyo na ba ang mga ito noon o naibahagi sa ibang tao? Bakit o bakit hindi?

Paano mo gagawin ang *zakhar* (pag-aalaala) ng personal at sa komunidad?

SESYON 6

---

# *SI HESUS AT ANG BABAE SA 'SOUTHERN STEPS'*



*PANIMULA*

Nakita na natin ang pagmamahal ni Hesus na naging mabuti sa babaeng Samaritana. Ang Kanyang pagmamahal naman sa babae sa tahanan ni Simon ay matapang. At noong nakaraang linggo, nakita natin ang hindi matatawarang pagpapakita ng pagmamahal ni Hesus para sa babae, nang gamitin Niya ang isang balong babae bilang pangunahing tauhan sa Kanyang parabula tungkol sa pananalanging walang pagsuko. Dinadala ni Hesus ang hustisya (mishpat) at katuwiran (tzedakah) sa mga babae saanman sa mga paraang ginawa, hinulma, binuo at itinuro Niya ang Kanyang mga parabula at mga kuwento.

Ngayong linggo, makikita natin ang epikong pagmamahal ni Hesus sa babae. Kakainin natin ang kuwentong umaabot sa pinakamalalim, pinakamataas at pinakamalawak.

Habang papalapit tayo sa hapag na biblikal: ano ang iyong iniisip tungkol sa pista noong nakaraang linggo?

Sino ang binahagian mo ng buhay na parang ilog noong nakaraang linggo at ng iyong natutunan sa pista?

Kumusta ang inyong naging pag-uusap? Ano ang naging hamon sa iyo o kompirmasyon ng iyong natutunan?

Nagsisimula na tayong lumapit sa hapag para sa Sesyon 6 ng biblikal na pistang ito. Naghahanda na tayong kainin ang biblikal na pagkaing inihanda sa atin ng ating Ama. Nagpapakain Siya. Tayo ang tumatanggap. Tumatayo tayo nang tumititig sa Kanya at sumisilip lang sa ating mga buhay. Kapag tinitigan natin ang ating mga problema, nagiging higante sila sa ating paningin. Kapag tumitig tayo sa Diyos, ang mga problema natin ay bumabalik sa kanilang laki at pananaw. Hindi tayo uuwi nang mag-isa. Kukunin ng Panginoon ang Kanyang Salita at pipilasin ang mga ito ngayon sa maliliit na piraso. Tayo ay mga taong iniligtas. Tayo rin ang mga taong pinakakain.

Maupo ka. Huminga ng malalim. Ikasiya ang pista!

## ANG PISTA

Gamitin ang mga sumusunod na tala at puwang sa oras ng pagtuturo at pista. Ilagay ang inyong sariling mga tala habang nakikinig.

| LENTENG KANLURANIN | LENTENG GITNANG-SILANGANIN |
|---|---|
| Anyo | Gamit |
| Paano?<br>Paano ito nangyari? | Bakit?<br>Bakit ito gagawin ng Diyos? |
| Pang-unawa ➔ Paniniwala | Paniniwala ➔ Paniniwala |
| Batas, Patakaran, Prinsipyo | Kuwento, Pagsasalaysay |
| Ano ang itinuturo nito ukol sa akin? | Ano ang itinuturo nito ukol sa Diyos? |
| Siyasatin, Malalim na pag-aaral...<br>(Pagsusuri - pinupuna) | Basahin itong maigi...<br>(Pagbubuo - pinag-iisa o idinudugtong) |
| Mag-aral upang makuha ang kaalaman | Ang katayuan ay ang mapakain |

Noong nakaraang tatlong linggo, namiyesta tayo sa kuwento ng pakikipagkita ni Hesus sa isang babaeng Samaritana sa balon ni Jacob. Dalawang linggo lang nakakaraan, nakita nating inalis Niya ang babae mula sa pader ng tahanan ni Simon ang Pariseo, iginalang siya sa publiko at pinahayo siya sa kapayapaan. Noong nakaraang linggo, nagbunyi tayo nang makita nating ginawa at hinulma ni Hesus ang isang parabula tungkol sa isang balong humarap sa isang hukom na hindi makatarungan sa pamamagitan ng kanyang pagpupursigi na bumali sa kapangyarihan ng hukom, hanggang ibinigay ang kanyang ipinaglaban. Ang uri ng pagtuturo na ito ay hindi karaniwan dahil ang mga guro at lider ng relihiyon ay hindi gumagamit ng mga babae bilang paksa ng kanilang mga kuwento at parabula.

Ngayong linggong ito,  pag-uusapan natin ang ginawa ni Hesus sa isang makasalanang babae, ang babaeng nahuli sa akto ng pangangalunya.

Ang ilang lumang manuskrito at maraming iba pang saksi ay hindi isinama ang teksto ng Juan 7:53-8:11.

Sa Deuteronomio 16 iniutos ng Panginoon ang tatlong pistang pamamakay taun-taon. Tinatawag din silang *foot festivals*. Ang mga Hudyo mula sa buong mundo ay nagtungo sa Jerusalem tatlong beses sa isang taon para sa mga pagdiriwang na ito. Ang mga pista ay tinatawag na *Passover* (sa tagsibol), ang *Feast of Weeks o Pentecost* (sa tagsibol) at ang *Feast of Tabernacles* (sa taglagas). Ang pitong araw na pagdiriwang sa Jerusalem ay naggunita ng katapatan ng Diyos sa buhay ng Kanyang mga anak.

Ang kuwento ngayong linggong ito ay naganap sa ika-walong araw, ang araw matapos ang pitong araw na *Feast of Tabernacles* . Ang ika-walong araw ay itinalagang "sabbath" (Lev. 23:36). Matapos ang pitong araw ng pagdiriwang ng katapatan ng Panginoon kailangan mong *magpahinga*.

### Ang *Mishna* sa Sabbath

- ☐ Pagsusulat na nag-iiwan ng permanenteng marka (tinta sa papyrus, atbp.) ay isang gawain
- ☐ Pagsusulat ng iyong daliri sa lupa, buhangin o putik (na nililipad ng hangin) ay katanggap-tanggap

Kilala si Hesus bilang isang Guro mula sa Galilea o ang Guro ng Hilaga. Ang karamihan sa Kanyang mga ministeryo dito sa lupa ay sa Hilagang distrito ng Galilea. Ang kuwento ngayong linggong ito ay naganap sa Timog, sa distrito ng Judea. Nangyari ito sa Jerusalem, sa templo, matapos ang F*estival of Tabernacles* - isang pampublikong kaganapan kung saan ang lahat ay nasa templo, kasama ang mga Hudyo mula sa buong mundo.

Dinala ng mga Pariseo ang mga babaeng nahuli sa pangangalunya. Nasaan ang lalaki? Ang totoo'y hindi talaga sila nag-aalala na hindi sinunod ang Kautusan, dapat ay dinala din nila ang lalaking kasama sa pangangalunya. Sinusubukan nilang gawing bitag ito para kay Hesus sa gitna ng maraming tao. Ang *unang* pagkakataong nagsulat sa alabok si Hesus (iginalang ang mga tuntunin ng Sabbath tungkol sa pagsusulat), pinaniniwalaang isinulat Niya ang Levitico 20:10 bilang tugon sa kanilang tanong tungkol sa Kautusan ni Moises sa pangangalunya. Ang sumunod na mga salita ni Hesus ay tungkol sa kung sino ang unang babato sa babae-ang kaparusahan sa panganalunya sa Kautusan ni Moises.

## SABBATH

Marami sa atin ang nakaiintindi ng ideya ng Sabbath sa konteksto ng araw ng pagpapahinga, itinakdang araw upang sumamba sa Diyos. Ang Sabbath ay nakadikit sa ibinigay ng Diyos na regalo ng pahinga. Pero higit pa ito sa pahinga - naka-sentro ito sa mapayapang pagdiriwang ng panunumbalik.

Ang naisulat tungkol sa paglikha sa Genesis 1 at 2 ay nagpapakita na binuo, inayos, inilagay ng Diyos sa tamang kalagayan ang mga bagay. Ang kasaysayan ng paglikha ay paglikha ng pagpapanumbalik; lumikha at humulma ng mga bagay ang Panginoon sa *shalom*.
Sa kabuuan ng ministeryo ni Hesus sa lupa, ipinagdiriwang Niya ang Sabbath sa pagdadala ng panunumbalik at pagbabago. Gusto Niyang magpagaling sa Sabbath. Sa paggawa nito, hindi Niya kinokontra ang kautusan ng Diyos ukol sa Sabbath. Sinasalamin Niya ang karakter ng Kanyang Ama, tumutulad sa Kanyang Ama, itinatama ang mga bagay - ayon sa kanilang tunay na pagkakalikha.

PANUORIN

Ang sabi ni Hesus ang mga walang kasalanan sa kanila ang unang bumato ng bato sa babae.

Ang *ikalawang* beses na nagsulat si Hesus sa alabok (iginagalang ang mga tuntunin ng Sabbath sa pagsusulat), pinaniniwalaan ng mga iskolar na maaaring sinimulan Niyang isulat ang mga pangalan ng mga Pariseo na nakatayo at nakapalibot sa Kanya, kaugnay ng Jeremias 17:13 - isang bersikulo tungkol sa mga hindi matapat na mga pastol na hindi maganda ang pangunguna sa mga Israelita. Sa madaling salita, ang mga kalalakihang ito ay *hindi* walang-sala. Bagkus, tinalikuran nila ang Panginoon; sila'y naging makasalanan.

> O Panginoon, ang pag-asa ng Israel, ang lahat ng tumalikod sa iyo ay mapapahiya. Silang humihiwalay sa iyo ay masusulat sa lupa, sapagkat kanilang tinalikuran ang Panginoon, ang bukal ng tubig na buháy.
> **JEREMIAS 17:13**

Nang simulang isulat ni Hesus ang kanilang mga pangalan, nagsimulang umalis papalayo ang mga lider ng relihiyon. Ibinaling ni Hesus ang kanilang galit sa babae patungo sa Kanya. Ang mga Pariseo ay nagsimulang galit sa babae, at umalis silang galit kay Hesus dahil ibinunyag Niya ang mga ito. Nang lahat sila ay nakaalis na, naiwan si Hesus at ang babae. Sa aking opinyon, alam man ito ng babae o hindi, ito na marahil ang pinaka-nakakatakot na pagkakataon para sa babae. Si Hesus ay walang kasalanan. Siya lamang ang maaaring magbato ng bato sa babae kung gugustuhin Niya ito.

Sinabi ni Hesus sa babae na hindi Niya ito hahatulan.

Si Hesus ang nagbayad-sala (lumukob) sa kanyang mga kasalanan, kanyang kahihiyan, at malaking pag-angat ang ibinigay sa kanya. Sa literal na paraan, iniligtas siya ni Hesus mula sa mga lider ng relihiyon na tiyak sanang babatuhin siya hanggang siya'y mawalan ng buhay kung hinayaan ang mga ito.

## TAYO'Y MAG-YESHIVA

Bawat linggo magkakaroon tayo ng oras para mag-*yeshiva* – upang gayahin ang sama-samang paraan na Gitnang Silanganin ng diskusyon ng mga koseptong espirituwal at ang paglago nang sama-sama sa grasya ng isang biblikal na komunidad. Pag-usapan ninyo sa inyong grupo ang mga sumusunod na katangungan:

Ano ang *narinig* o *nakita* mo sa ating sama-samang pista na nais mong alalahanin?

Ano ang isang bagay na iyong natutunan sa ating pista ang gusto mong ibahagi sa iba ngayong linggong ito?

Paano dinala ni Hesus ang *mishpat* (hustisya) at *tzedakah* (katuwiran) sa iyong buhay ngayong linggong ito? Ilarawan ang sitwasyon sa iyong grupo.

Ngayong alam mo na ang kasaysayan at kontekstong kultural ng kuwento ng babaeng nahuli sa pangangalunya, ano sa tingin mo ang dahilan kung bakit hindi ito naisama sa mga naunang manuskrito? Bakit tumagal bago ito naisama sa mga kanon ng Bibliya?

Ano ang iyong palagay tungkol sa kahulugan ng kasalanan ayon kay Susanna Wesley, "[Sundin niyo ang batas na ito]. Ano mang nakapanghihina ng inyong pagpapasya, makapipinsala sa linis ng inyong budhi; nakapanlalabo sa inyong paningin sa Diyos; o nagtatanggal ng inyong gana sa mga espirituwal na bagay; sa madaling salita, anumang nagpapataas ng awtoridad ng inyong katawan laban sa inyong isipan, ang bagay na iyon ay kasalanan sa iyo, gaano man ito kabuti ito tingnan"? Paano mo bibigyang kahulugan ang kasalanan?

## PAGLIPAT NG ATING PANININGIN

Sa ano mang araw, madalas tayo ay nagbibigay ng maraming oras sa pagtitig sa isang bagay at sumisilip lamang tayo sa ibang bagay sa ating mga buhay.

Kapag tumititig tayo sa ating mga buhay at sumisilip lang sa Diyos, ang mga gulo at problema sa ating mga buhay ay magsisimulang magmukhang malaki. Kung hindi tayo maingat, ang mga problema ang kukuha ng maraming puwang sa ating kaisipan at pangungunahan na nito ang ating mga puso at emosyon.

Kapag intensiyunal ang pokus ng ating mga isip at puso sa Diyos, ang mga kaguluhan ay magkakaroon ng angkop nilang perspektibo. Tinutulungan tayo ng Diyos na makita sila sa kaliwanagan ng Kanyang malawak na hustisya at pag-aangat sa ating mga buhay.

Ano ang inyong tinititigan sa inyong buhay ngayon?

KAPAG INTENSIYUNAL ANG POKUS NG ATING MGA ISIP AT PUSO SA DIYOS, ANG MGA KAGULUHAN AY MAGKAKAROON NG ANGKOP NILANG PERSPEKTIBO

Anong mga kaguluhan o problema ang tila malaki habang iyong tinititigan ang mga ito?

Ano sa tingin mo ang mangyayari kung itabi mo ang gulo o problemang ito sa Diyos - sa Kanyang pag-ibig, kapangyarihan at karunungan?

Ano na ang itsura ng problemang ito ngayon sa iyo, matapos mong makita kung sino ang Diyos at kung ano ang pagtingin Niya sa iyo?



## KUNG SAAN NAGLAKAD SI HESUS

Madalas akong tanungin ng mga tao kung aling mga lugar sa Israel ang paborito kong bisitahin sa tuwing nagdadala ako ng mga grupo doon. Mahirap na sagutin ang tanong na ito para sa akin dahil mahal ko ang bawat pulgada ng lupaing ito. Namamangha ako sa tuwing tatayo ako sa mga lugar kung saan naganap ang mga kuwentong biblikal. Nagiging 3-D ang Bibliya. Habang binibisita ko ang mga lokasyong ito, malaki ang kaibahan ng pagbabasa ng Bibliya sa makita ang mga lugar na ito para sa iyong sarili.

### Ang Southern Rabbinic Teaching Steps

Ang kuwento natin ngayong linggo ay malamang na naganap sa Southern Rabbinic Teaching Steps sa templo sa Jerusalem.  Minsan, sa ngayon ang mga teaching steps ay tinatawag na Southern Steps. Kung pupunta ka sa Israel, *kailangan* mong umupo sa mga hagdang ito. Bakit?

Kailangan mong bisitahin ang mga hagdang ito dahil lumakad dito si Hesus, at madalas Siyang lumakad sa mga ito. Ito ay isang lugar na *alam* nating pinuntahan Niya. gayundin sina Jose, Maria, Pedro, Juan, Santiago, Esteban, Pablo, Silas, Barnabas, Timoteo at marami pang ibang taong mababasa natin sa mga pahina ng kasulatan. Gustong-gusto kong umuupo sa mga ito kasama ang ilang grupo, ninanamnam ang kaganapan, binabasa ang mga kuwentong nangyari doon at iniisip kung paano nangyari ang mga iyon.

### Ang Tatlong Taunang Pista ng Pamamakay (Pilgrimage Festivals)

> Tatlong ulit sa isang taon na ang iyong mga kalalakihan ay haharap sa Panginoon mong Diyos sa lugar na kanyang pipiliin: sa Pista ng Tinapay na walang Pampaalsa, sa Pista ng mga Sanlinggo, at sa Pista ng mga Tolda.
> **DEUTERONOMIO 16:16a**

Sa Torah, iniutos ng Panginoon ang sa mga Hudyo na magtungo sa Jerusalem, sa Kanyang tahanan (templo)tatlong beses sa isang taon para sa mga pagdiriwang at kapistahan, na kilala ring *pilgrimage festival* o *foot festival.* Napag-usapan na natin ang mga ito.

Sa pitong-araw na pagdiriwang, ang mga Hudyo ay pumupunta sa Jerusalem mula sa ibang lugar, upang ipagdiwang ang Kabutihan ng Diyos *kasama* Siya sa Kanyang tahanan. Sama-sama at bilang isang komunidad ang pag-alala sa matapat na pagtustos ng Diyos para sa kanila sa nagdaang taon.

Habang dumarating ang mga manlalakbay sa tahanan ng Diyos (templo) at inaakyat ang Southern Steps, maaari nilang awitin ang awit ng pag-akyat (Mga Awit 120-134) sa paghihintay na makapasok sa tahanan ng Diyos upang sumamba, mag-alaala at magdiwang nang sama-sama. Ang mga hagdan ay isinaayos na parang hindi pantay-pantay, ang mga orihinal na mga bato ay napalitan na mula noon. Ang taas at lapag ng mga hagdan ay hindi pare-pareho. Idinisenyo ito upang isipin ng manlalakbay ang kataimtiman ng pagsamba at ang pagharap sa Diyos habang inaakyat niya ang Huldah Gates upang pumasok sa templo.

Maiisip mo kung gaano kabuhay ang Jerusalem sa tatlong taunang pagdiriwang- ang pagtutulakan at kaabalahan, ang maraming mga tao, ang mga usapan at tawanan at kasiyahan - ang mga taong nagdiriwang sa katapatan ng kanilang Diyos kasama Siya sa Kanyang tahanan..

## Ang Araw-araw na Buhay sa Southern Steps noong Unang-Siglong Mundo ni Hesus

Ang Southern Rabbinic Teaching Steps ay lugar kung saan nagturo ang mga Pariseo at mga guro sa kanilang mga disipulo (*talmidim*) noong unang-siglong mundo ni Hesus. Hindi nagturo sa loob ng templo ang mga guro. Ang templo ay isinantabi para sa pagsamba, panalangin at sakripisyo. Naganap ang mga pagtuturo sa Southern Steps.

Doon din nagkaroon ng diskusyon, debate at pagbabahagi ng kanilang mga katuruan ang mga guro. Kung maaalala mo, ang ating kuwento sa linggong ito ay naganap sa ika-walong araw matapos ang *Festival of Tabernacles* sa taglagas; nasa Jerusalem na ang lahat para sa *foot festival*. Ang araw pagkatapos ng *Festival of Tabernacles*, bumalik sa templo si Hesus upang magturo.

## TALMID

Sa mundo ng unang-siglo, ang isang disipulo (talmid) ay nagnanais na maging katulad ng kanyang guro. Ayaw ng isang *talmid* na malaman ang kaalaman ng kanyang guro - ang gusto niya ay maging katulad nito.

Ang mga tao ang pumipili ng kanilang mga guro sa mundo ni Hesus. Makikinig ka sa isang guro at kung sasang-ayon ka sa kanyang interpretasyon ng Kasulatan at iginagalang mo ang kanyang pangunguna, tatanungin mo siya kung maaari mo siyang sundan - kung maaari kang maging isa sa kanyang mga *talmidim* (disipulo).

Rebolusyonaryo ang pagdating ni Hesus dahil lumapit Siya sa ilang mga tao at pinili ang mga ito bilang Kanyang disipulo. Nang piliin Niya ang mga ito, sa kultura ng panahong iyon, sinasabi Niyang, "Sa tingin ko maaari kang maging tulad Ko."

Kalaunan, sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo na gagawin nila ang mga bagay na higit pa sa Kanyang nagawa (Juan 14:12). Paano ito mangyayari? Alam Niyang maaaring maabot nila ang mundo sa paraan ng pagpaparami, maglilingkod sa mundo bilang Kanyang mga disipulo- alam Niyang hahayo silang katulad Niya sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos sa buong mundo.

At ang bawat isa sa kanila ay umuwi sa kanya-kanyang sariling bahay. Samantala, si Jesus ay pumunta sa bundok ng mga Olibo. Kinaumagahan, siya ay bumalik sa templo, at ang buong bayan ay lumapit sa kanya. Siya'y naupo at sila'y tinuruan. Dinala sa kanya ng mga eskriba at ng mga Pariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya.
**JUAN 7:53-8:3a**

Maaaring nakaupo si Hesus sa Southern Steps, nagtuturo ng Kanyang *talmidim* (mga disipulo) nang dinala ng mga lider ng relihiyon ang babaeng nahuli sa akto ng pangangalunya.

## BASAHIN ANG JUAN 8:3-11

Kapag umuupo ako sa mga hagdang iyon, naiisip ko ang babae. Kung ano ang kanyang karanasan doon dalawang libong taong nakaraan - ang pagpapahiya sa publiko, ang kanyang kasalanang pinangalanan nang malakas para marinig ng lahat ng manlalakbay. Ang kanyang takot dahil alam niyang ang parusa sa pangangalunya ay pagbabato. Maaaring naniwala na siyang hindi na niya makikita pa ang paglubog ng araw sa gabing iyon. Naiisip ko, habang nakatayo siya roon, nilulunok ang lahat ng iyon, sa huling pagkakataon, ano kaya ang iniisip niya? Ang kanyang pamilya? Ang kanyang mga anak? Kung gaano kasakit ang mga tama ng bato sa kanya sa paghagis sa kanya habang nasa isang bangin? Mabagal na pagkamatay kaya o mabilis? Iniisip ko kung ano ang pinanalangin niya sa oras na iyon?

Nagbayad-sala si Hesus para sa kanya, iniangat siya mula sa kanyang kasalanan at kahihiyan, at pinahayo siyang mapayapa- hinikayat siyang mamuhay sa bagong paraan.

Humayo ka na at mula ngayo'y huwag ka nang magkasala
**JUAN 8:11b**

Anong bahagi ng kuwentong ito sa Juan 8 ang nagpapaalab ng iyong pagsamba kay Hesus?

Si Neil Armstrong, ang unang taong nakatapak sa buwan, ay bumisita sa Israel isang taon at nagtungo sa Southern Steps. Nang malaman niyang lumakad si Hesus sa mga hagdang iyon nang maraming beses sa panahon ng Kanyang ministeryo at buhay sa mundo, sinabi ni Armstrong, "Mas nasasabik pa akong tumapak sa mga hagdang ito kaysa sa pagtapak ko sa buwan."

## PAGHAHANAP SA SHALOM

Ang ating kuwento ngayong linggong ito ay nagtapos sa pagpapauwi ni Hesus sa babaeng nahuli sa pangangalunya, iniangat siya nang husto nang mayroong panghihikayat na humayo at iwanan ang buhay na makasalanan.

Ang ibig sabihin ng kasalanan ay "hindi matamaan ang marka". Termino ito sa pamamana. Ang mga batas ng Diyos ang tumutulong sa ating matamaan ang marka. Ang salitang Hebreo sa "batas" sa Lumang Tipan ay yarah ang kahulugan nito ay "mga kautusan". Ibinigay ng Diyos ang mga kautusan sa Kanyang mga batas. Kautusan para saan? Anong marka ang sinusubukan nating matamaan? Anong marka ang hindi natin natatamaan kapag tayo'y nagkakasala?

Madalas nating isipin na ang kabaligtaran ng kasalanan ay katuwiran o kalinisan. Tama ang pagkakaintinding ito kaya gusto nating kumapit dito. Habang iniisip natin ang pagkakaintinding ito, gusto rin nating palawakin pa ang ating pagkakaunawa at makita ang mga bagay na ito sa mas malaking pagsasalaysay, o daloy, ng malawak na kuwento ng Bibliya.

Ang hardin ng Eden ay nilikha sa shalom, isang Hebreong salitang nangangahulugang kabuuan, pagkakatugma, paglago, at kaluguran. Mas maraming tao ang nakakarinig sa salitang *shalom* at iniisip agad ang kapayapaan. Pero sa Hebreo, ang *shalom* ay mas marami pang kahulugan kaysa sa kapayapaan. Sabi nga ni Cornelius Plantinga Jr., "Ang Shalom...ay ang kung paano dapat ang mga bagay."

Sa Genesis 3, kinain ni Adan at Eba ang pinagbabawal na prutas at pumasok ang kasalanan sa mundo, ang Kuwento. Ang shalom ay nasira at nawala sa balanse dahil sinisira ng kasalanan ang disenyo ng mga bagay. Ginawa tayo para sa Eden subalit naging tahanan natin ang mundong nasira, kung saan ang kasalanan ay gumugulo pa rin sa *shalom*. Tayong lahat ay naghahangad ng Eden; naghihintay ng ating tahanan.

### YARAH

Kapag nakikita natin ang salitang *batas*, naiisip natin ang mga tuntunin at kautusan - mga bagay na pinarurusahan tayo kapag hindi natin nasunod (tulad ng tiket sa pagmamaneho ng mabilis).

Ang salitang batas sa Lumang Tipan ay ang salitang Hebreong *yarah.* Di tulad ng ideya ng Kanluran sa batas, ang salitang *yarah* ay nagdadala ng idea ng mga pagtuturo.

Ang mga batas ng Diyos ay ang Kanyang mga tagubilin. Mga tagubilin para saan?

Kung paano mamuhay sa *shalom.*

Binibigyan tayo ng Diyos ng mga tagubilin upang tulungan tayong matamaan ang marka, ang mamuhay sa *shalom* - ang masaganang buhay na nais Niya para sa atin.

Maaaring hindi natin masunod ang *batas*, pero mas nagugustuhan natin ang mga *tagubilin* sa pamumuhay sa *shalom.* Ito ang galak ng salmista sa Mga Awit 119 nang isulat niya ang pagmamahal niya sa mga batas ng Diyos dahil ipinakikita ng mga ito ang daan sa pagkayabong na pinlano ng Diyos para sa atin.

"Ang kasalanan ay ang hindi matamaang target, ang pagkawala sa landas, ang pagkaligaw sa tahakin. Ang kasalanan ay matigas na puso at ang paninigas ng leeg. Ang kasalanan ay pagkabulag at pagkabingi. Ito ay parehong paglagpas sa linya at ang kabiguang marating ito - parehong pagsuway at pagkukulang... hindi kailanman normal ang kasalanan. Ang kasalanan ay paggambala sa nilikhang pagkakaisa, at pagsuway sa banal na panunumbalik ng pagkakaisa."
- Cornelius Plantinga Jr.

Ang kabaligtaran ng kasalanan ay *shalom* - kung paano nilikha ng Diyos ang mga bagay. Hindi nagagalit ang Diyos sa kasalanan dahil lamang hindi tayo sumunod sa isang utos, batas o tagubilin. Galit ang Diyos sa kasalanan dahil ginugulo nito ang ating *shalom*. Sinisira nito ang ating pagkakatugma, kabuuan, paglago, kagalakan at komunyon sa Diyos. Ginagambala nito ang paraan ng pagkakalikha sa atin - mayroong relasyon sa Diyos at sa bawat isa. Sa panghihikayat ni Hesus sa babae sa ating kuwento ngayong linggo, na iwanan ang buhay na makasalanan, inimbitahan siya ni Hesus tungo sa *shalom* - ang makabagong pagkakaunawa sa pagkakaisa, kabuuan, pagyabong at kaluguran na nais ng Panginoong malaman niya at maranasan sa kanyang buhay.

Paano mo bibigyang kahulugan ang *kasalanan*?

Kapag nakagawa ka ng kasalanan o sinuway mo ang batas/*yarah* ng Panginoon, ano ang iyong nararamdaman?

Ano ang nararamdaman mo kapag ikaw ay umaamin, nagsisisi, at bumabalik sa *shalom?*

Kung bago sa iyo ang kahulugan ng *shalom*, paano makatutulong ang pang-unawa sa konseptong biblikal na ito, upang hulmahin ang iyong pananaw sa Diyos at kung paano ka mamumuhay?

BASAHIN ANG JUAN 21:4-19.

Tingnan mo ang kabanatang ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Kanluran** habang tinatanong, "Ano ang itinuturo nito tungkol sa *akin*?" (Magiging sanhi nito ang pagtuon natin kay Pedro sa kuwento). Isulat kung ano ang iyong napapansin sa kuwentong ito.

Tingnan mo ang kabanatang ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Gitnang Silangan** habang tinatanong, "Ano ang itinuturo nito tungkol sa *Diyos*?" (Magiging sanhi nito ang pagtuon natin kay Hesus sa kuwento). Isulat kung ano ang iyong napapansin sa kuwentong ito.

Maaaring maalala ninyo ang bahagi ng kuwento ni Pedro. Naging propesiya ni Hesus na itatakwil ni Pedro ang ano mang kaugnayan niya kay Hesus sa gitna ng maraming tao bago ang kanyang pagkakapako sa krus. Kahit na marubdob na itinanggi ni Pedro ang paggawa ng ganoong bagay, nakita nating ipinagkalulo niya si Hesus ng tatlong beses sa Juan 18 tulad ng hula ni Hesus. Sa bersikulo sa Juan 21 na ating nabasa, naniniwala tayong nababasa natin ang kuwento ni Pedro na kanyang nakita ang nabuhay na muling si Hesus sa ikatlong pagkakataon.

Maraming iskolar ang naniniwala na ang Juan 21 ay naganap sa isang lugar sa Israel na ngayon ay tinatawag na *Primacy of Peter*, isang lugar na may mga talong dumudugtong sa mga bukal. Ang mga mangingisdang Hudyo ay madalas dito naghuhugas ng kanilang mga lambat. Naniniwala rin tayo na dito tinawag ni Hesus si Pedro at ang kanyang kapatid na si Andres upang sumunod sa kanya. Kung totoo ito, ang lokasyong ito ay mahalaga para kay Pedro. Ang pangingisda niya doon ay magbibigay alaala sa araw na pinili siya ng isa sa pinakasikat na guro, si Hesus. Ang mga alaalang iyon ay maaaring may kasamang kagat ng pagsisisi at kabalisahan habang nagtataksil siya kay Hesus.

Ngunit kinatatagpo tayo ni Hesus kung nasaan tayo at hindi Niya tayo iiwan doon. Isipin niyo itong nangyayari rito: Nakita ni Pedro ang Panginoong muling nabuhay, madaling huminto sa kanyang ginagawa,  sinuot ang kanyang damit, at tumalon sa tubig upang malapitan si Hesus. Nakita ni Pedro si Hesus, na siyang tumawag sa kanya, pumili sa kanya, na siyang kanyang tinalikuran. At ang parehong Hesus na tumawag sa kanya ilang taon nang nakaraan upang sumunod sa Kanya, ay muling tinawag si Pedro sa hapag, isang lugar ng panunumbalik, isang lugar ng komunal na pagmamahal at pagsinta.

Ang mga Hudyo ay naniwalang ang buhay ay umiikot, at ang iba ang kuwentong ito. Ang lugar kung saan tinawag si Pedro ay lugar ng  kanyang panunumbalik, ang lugar kung saan ibinalik ni Hesus sa kanya ang *shalom*, ang lugar ng probisyon ni Hesus ng pangitain ng kanyang misyon sa kabuuan ng kanyang buhay.

Sana ay magkaroon tayo ng ganitong pagkakataon kasama si Hesus isang araw, ang pagkakataon na alam nating tayo'y nagkamali at ang ating pagsama sa Kanya ay kanyang muling ipinanumbalik - pahahayuin tayo sa *shalom*, pahahayuin tayo sa layunin Niya sa atin. Kapag lumalapit tayo kay Hesus, nawawala sa atin ang ating buhay, subalit tuloy-tuloy ang pagbibigay Niya. Patuloy Niya tayong iniaangat upang mahalin natin at kilalanin natin Siya. Mas mabuti talaga ang Panginoon kaysa sa pagkakakilala natin sa Kanya.

## ANG EPIKONG PAG-IBIG

Ang lahat sa ating kuwentong biblikal ngayong linggo ay epiko- ang pampublikong kalikasan ng insidente, ang katotohanang naganap ito sa Jerusalem isang araw matapos ang pitong-araw na pista, ang intensiyon ng mga lider ng relihiyon na maglatag ng patibong para kay Hesus, ang grabeng kalikasan ng kasalanan ng babae na may kaparusahang pagbabato sa Torah, at ang katotohanang si Hesus ay umupo sa Southern Steps para turuan ang mga disipulo Niya nang dinala ng mga relihiyosong lider ang babaeng makasalanan sa Kanyang harapan.

Ang pag-ibig ni Hesus sa babae ay malawak rin. Inilipat Niya ang galit ng mga Pariseo mula sa babae at ibinaling ito sa Kanya - hanggang sila'y umalis sa gitna ng kuwento, sa gitna ng pangyayari. Pinatawad ni Hesus (tinakpan) ang kasalanan ng babae at kahihiyan, iniligtas Niya ang kanyang buhay at pinahayo siya sa kapayapaan.

Ang pag-ibig ng Diyos sa iyo ay epiko rin. Kung ikaw ay tagasunod ni Kristo, ibinaling Niya ang galit ng iyong mga kaaway sa Kanyang sarili, pinatawad ang iyong kasalanan at kahihiyan, at pinahayo ka ng may kapayapaan - upang lumakad sa daan ng shalom sa binagong buhay at sa paglilingkod sa Kanya, tulad ng ginawa Niya sa babaeng ito.

Ano ang mga epikong kaganapan sa iyong buhay?

Ano ang pinaka-makabuluhang panahon sa iyong buhay?

Paano mo naranasan ang panggagambala ng kasalanan sa *shalom* ng iyong buhay?

Mayroon bang gumugulo sa iyong *shalom* ngayon? Ipaliwanag.

Huwag kang matakot na pangalanan ang bagay na nanggagambala sa iyong shalom at aminin ito kay Hesus. Ang pag-ibig Niya sa iyo ay malawak at epiko- susukluban Niya, patatawarin ka, at pahahayuin ka sa *shalom*. Malaking pag-angat ang ibibigay Niya sa iyo.

SESYON 7

# *SI HESUS AT ANG KUWENTO NG DALAWANG MARIA*



Nakita natin ang pagmamahal ni Hesus na mabuti sa babaeng Samaritana. Ang pagmamahal Niya ay matapang sa babae sa tahanan ni Simon. Ang pagmamahal Niya sa mga babae ay hindi matatawaran sa paraan ng Kanyang paghulma at pagbuo ng mga kuwento at parabula na intensiyunal ang pagsama sa mga babae. Malinaw ang puntong binitawan Niya nang buuin Niya ang kuwento na ang sentro ay ang balo, isang balo na ang pagpupursige ay sapat upang magbago ang isang hindi makatuwirang hukom. Dinala ni Hesus ang hustisya (mishpat) at ang katuwiran (tzedakah) sa mga babae saan man sa paraan na Kanyang ginawa, hinulma, binuo at itinuro ang mga parabula at kuwento, sa paraan ng kanyang pamumuhay.

Noong nakaraang linggo, nakita natin ang epikong pagmamahal ni Hesus sa babaeng nahuli sa pangangalunya. Nakita natin kung ano ang ginawa ni Hesus sa makasalanang babae - pinatawad siya, iniangat siya, at pinahayo nang mayroong imbitasyon na mamuhay ng malayo sa kasalanan at patungo sa *shalom*. Muli nakita nating dinala ni Hesus ang malaking hustisya sa babae.

Ngayong linggo, magpo-pokus tayo sa dalawang babaeng ang mga kuwento ay ating mababasa sa Bibliya at ang kanilang relasyon kay Hesus. Makikita natin, ang sa aking opinyon, ay ang pinakamahirap na pag-oo sa Bibliya na ibinigay ng isang tao sa Panginoon at isa sa pinaka-kakaibang pag-oo na ibinigay ng isang tao kay Hesus. Pahiwatig: pareho itong ibinigay ng mga babae! Lalapit din tayo sa pagtatapos ng ating serye sa pamamagitan ng pagtingin sa kung paano maaaring lumakas ang ating loob ngayon bilang mga anak ng Diyos at mamuhay mula sa katayuang iyon.

Ang pitong-linggong pistang ito ay nagpapakita sa atin kung paano dinala ni Hesus ang hustisya (*mishpat)* at ang katuwiran (*tzedakah*) sa mga babae sa Kanyang mundo ng unang-siglo. Sa bawat kuwento, malaki ang pag-angat Niya sa mga babae, ipinanunumbalik ang kanilang dangal. Natututunan ng mga kababaihan na lumakas ang kanilang loob. Binabasa muli natin ang mga kuwentong ito at sinasariwa ang mga ito ng mayroong mata ng taga-Gitnang Silangan, nakikita silang naka-angkla sa kanilang konteksto ng kasaysayan, kultura, wika at heograpiya.

Hanapin ninyo ang hustisya at katuwiran sa mga kuwentong ito ngayong linggong ito - ang malaking pag-angat. Lumalakas ang loob natin bilang mga anak. Kung ginawa ni Hesus iyon para sa kanila, kaya rin Niya itong gawin para sa atin.

Habang tayo'y lumalapit sa ating huling biblikal na hapag:
Ano ang iyong mga iniisip mula sa ating pista noong nakaraang linggo?

Sino ang binahagian mo ng buhay na parang ilog noong nakaraang linggo at ng iyong natutunan sa pista?

Kumusta ang inyong naging pag-uusap? Ano ang naging hamon sa iyo o kompirmasyon ng iyong natutunan?

Naghahanda na tayong ilapit ang ating mga upuan sa Sesyon 7 ng biblikal na pistang ito. Naghahanda na tayong kainin ang biblikal na pagkaing inihanda para sa atin ng ating Ama. Nagpapakain Siya. Tayo ay tumatanggap. Binabasa ng mga Hudyo ang Kasulatan ng paulit-ulit. Sa parehong paraan na hindi lang isang beses tayo kumakain, kinakain natin ang Kasulatan ng paulit-ulit. Hindi natin sila madadalubhasa o maiintindihan ng buong-buo. Sila ay inihinga ng Diyos, buhay at aktibo. Habang ating pinag-uusapan ang Kasulatan, matatagpuan natin ang siping ito sa *Pirkei Avot* o *Ethics of the Fathers*.

"Ibuhos mo [ang Bibliya] nang paulit-ulit.
Dahil ang lahat ng bagay ay nakapaloob dito.
Tingnan mo ang loob nito.
Ika'y tumanda at dito ka mag-edad,
at huwag mo itong talikuran,
dahil walang ibang mas mabuting tahakin para sa iyo kung hindi ito"
Rabbi Ben Bag Bag
*Pirkei Avot* 5:22 (una hanggang ikalawang siglo AD)

Maupo ka. Huminga ng malalim. Ikasiya ang pista!

## ANG PISTA

Gamitin ang mga sumusunod na tala at puwang sa oras ng pagtuturo at pista. Ilagay ang inyong sariling mga tala habang nakikinig.

Gustong-gusto ng mga Griyego ang kaalaman. Gustong-gusto ng mga Romano ang kapangyarihan. Ang mga Hudyo ay mayroong pagmamahal sa kaliwanagan. Paulit-ulit na inaaral maigi ng mga Hudyo ang Kasulatan. Ang pag-aaral ay isa sa pinakamataas ng anyo ng pagsamba sa Hudaismo. Kapag natapos mo na ang Kasulatan, uulitin mo ulit ito. Kinatatagpo tayo ng Kasulatan kung nasaan tayo palagi.

Kinatatagpo tayo ni Hesus kung nasaan tayo, ngunit hindi Niya tayo iniiwan doon.

Pansinin ang paggalaw ng mga kuwentong ito. Walang babae ang hindi nabago matapos ang kanyang interaksiyon kay Hesus. Dumating Siya upang itama ang mga bagay - nang paulit-ulit. At ginagawa pa rin Niya ito ngayon!

Natagpuan ni Hesus ang Samaritana sa balon ni Jacob. Natagpuan Niya ang isang babae habang nakaupo itong nakasandal sa pader sa isang kainan. Ikinuwento ni Hesus ang mga parabulang kasama ang mga babae, itinuro ang isang parabula kung saan isang balo ang nagpabago sa isang hindi makatarungang hukom sa pamamagitan ng kanyang pagtitiyaga. Ang babaeng nahuli sa pangangalunya ay dinala sa Kanya sa Southern Steps sa templo sa Jerusalem ng nakatingin ang *lahat*.

Nilisan ng Samaritana ang balon at nagbago siya. Naging misyonero sa kanyang buong nayon - sinabi niyang natagpuan niya ang Mesias. Ang babaeng inalis sa pader, iniangat, at pinahayo sa kapayapaan. Kay Hesus, importanteng isama ang mga babae sa kuwento. Kay Hesus ang mga balo ay maaaring humarap sa mga hukom nang may pagtitiyaga.

### KINATATAGPO TAYO NI HESUS KUNG NASAAN TAYO, NGUNIT HINDI NIYA TAYO INIIWAN DOON.

Sa Bibliya, marami tayong nakikitang mga taong kinatagpo ng Diyos kung nasaan sila subalit hindi sila iniwan doon. Kapag namamagitan ang Diyos sa tao, mayroong pagbabago, at mayroong imbitasyong maglakbay kasama Siya sa buhay. Makikita natin ang Diyos sa kuwento ng dalawang Maria ngayong linggo. Ang batang Maria ay abala sa kanyang buhay nang bisitahin siya ng anghel at ipinaalam sa kanya na siya ang magbubuntis sa Mesias. Ang kanyang buhay ay hindi na tulad ng dati. Ang isa pang Maria, kung siya nga ang babaeng nakasandal sa pader sa Lucas 7, ay natagpuan ni Hesus at naging kaibigan Niya at sa huli'y Kanyang *talmid* (disipulo) na umupo sa Kanyang paanan.

Kinatatagpo tayo ni Hesus kung nasaan tayo, at dinadala Niya tayo sa ibang lugar. Pinapastulan Niya tayo nang may katapatan hangganag sa dulo ng ating mga buhay.

Ang babaeng nahuli sa pangangalunya ay sinakluban, iniangat at pinahayo sa kautusan na tumalikod sa kasalanan at bumalik sa *shalom*.

Ang Gitnang Silangan, mula noon hanggang ngayon,ay mayroong tatlong pangunahing pamantayang kultural

- ☐ Dangal/ Kahihiyan
- ☐ Mabuting Pakikitungo
- ☐ Pamumuhay sa Komunidad (tayo, hindi ako)

Kapag nagbibigay ng mga pakikipagsapalaran sa Kanyang Kaharian ang Panginoon, ang ilan sa mga ito ay dumarating din sa mga kababaihan, sa atin!

Ang isa sa pinakamahirap na pag-oo sa Bibliya ay galing sa isang batang babae - Maria (Miriam). Sa kapanahunan ni Hesus, nagiging katipan ng mga labing-walong taong gulang na lalaki ang mga babaeng hindi pa nireregla. Ang mga labing-dalawang taong gulang ay nagpapakasal sa mga labing-walong taong gulang. Ang kasunduang pagpapakasal ay tumatagal ng isang taon. Maaari nating isiping si Maria ay labing-isa o labing-dalawang taong gulang nang bisitahin siya ni Gabriel. Siya ay nakatakdang ikasal, at hindi pa ikinakasal. Maaaring hindi pa siya nireregla. Ang pakikipagsapalaran sa panganganak at pagiging ina ng Mesias ay dumating sa isang batang babae. Wala siyang ideya kung ano ang kapalit nito. Alam niyang kapalit nito ang buhay niya sa kultura ng dangal/kahihiyan. Maaaring magbigay ito ng kaalaman kung bakit siya “nagmadali” mula sa Galilea patungo sa Judea.

Ang isa pang pinaka-kakaibang pag-oo sa Bibliya ay galing sa isa pang Maria (Miriam)- Maria ang kapatid na babae ni Lazaro at Marta. Maaaring siya ang babae sa pader sa kuwento sa Lucas 7. Maaaring siya ang nagdala ng sisidlang alabastro at luha sa tahanan ni Simon.

> May isang lalaking may sakit na ang pangalan ay Lazaro na taga-Betania. Kasama niyang naninirahan sa nayon ang mga kapatid na sina Maria at Marta. Si Maria ang nagbuhos ng pabango at nagpunas ng kanyang buhok sa mga paa ng Panginoon
> **JUAN 11:1-2**

Kung siya ang parehong babae, makikita natin kung gaano kalayo pwedeng dalhin ni Hesus ang isang tao - mula sa mababang posisyong kultural tungo sa pagiging malapit na kaibigan ni Hesus!

Dalawang Idyomang Hudyo sa pagiging Disipulo noong Unang Siglo:

“Paglalakad sa alabok”
“Pag-upo sa paanan”

## *PANUORIN*

> "Gawin mong lugar ng pagtitipon ang iyong tahanan para sa mga guro, at balutin mo ang iyong sarili ng alabok ng kanilang mga paa, at inumin mo ang kanilang mga salitang tila ika'y uhaw na uhaw."
> -Iniuugnay kay Yose Ben Yoezer
> (ikalawang siglo BC)

Kapag pumasok ang isang guro sa iyong tahanan, siya ay magtuturo. Uupo siya (tindig ng awtoridad sa Hudaismo), at ang kanyang mga disipulo ay uupong nakaplibot sa kanya.

Ang relasyon ng disipulo (*talmid*) sa isang guro ay napakahalaga sa mundo ni Hesus noong unang siglo.

Ang mga *Talmidim* ay hindi lamang nagnanais na malaman ang kaalaman ng kanilang guro - nais nilang maging katulad niya. Malapit na sumusunod ang isang disipulo sa kanyang guro kaya ang alikabok sa mga paa nito ay mapupunta sa kanya. Ayaw ng isang disipulong "mahulog sa lupa" ang bawat salita ng guro.

Ang "pag-upo sa paanan" ng isang guro ay isang pormal na katawagan noong unang siglo. Ang mga kinikilalang disipulo (*talmidim*) ng isang guro ay "umuupo sa paanan" niya. Alalahanin ninyong si Pablo ay umupo sa paanan ni Gamaliel, ang apo ng sikat na si Hillel (Mga Gawa 22:3). Ang ibig sabihin nito ay isa siya sa mga disipulo ni Gamaliel.

Sa Lucas 10, binisita ni Hesus sina Lazaro, Marta at Maria. Nagsimula siyang magturo. "Umupo sa paanan ng Panginoon" si Maria (v.39) nag-aral, nagtanong, mayroong interaksiyon sa iba. Ang bersikulong ito ay tila nagpapahiwatig na mayroong babaeng tagasunod si Hesus.

## TAYO'Y MAG-YESHIVA

Bawat linggo magkakaroon tayo ng oras para mag-*yeshiva* – upang gayahin ang sama-samang paraan na Gitnang Silanganin ng diskusyon ng mga koseptong espirituwal at ang paglago nang sama-sama sa grasya ng isang biblikal na komunidad. Pag-usapan ninyo sa inyong grupo ang mga sumusunod na katangungan:

Ano ang *narinig* o *nakita* mo sa ating sama-samang pista na nais mong alalahanin?

Ano ang isang bagay na iyong natutunan sa ating pista ang gusto mong ibahagi sa iba ngayong  linggong ito?

Paano dinala ni Hesus ang *mishpat* (hustisya) at *tzedakah* (katuwiran) sa iyong buhay ngayong linggong ito?

Ano ang pinakamahirap na pag-oo na ibinigay  mo sa Panginoon? Ilarawan ang sitwasyon.

Ano ang pinaka-kakaibang pag-oo na ibinigay mo sa Panginoon? Ilarawan ang sitwasyon.

Binibigyan ka ba ng isang pakikipagsapalaran ng Panginoon ngayon sa iyong buhay? (Sa tingin ko nagdadala Siya ng mga pakikipagsapalaran sa ating mga buhay) Ano ito?

## MARIA- MIRIAM

Ang pista ngayong linggong ito ay nag-pokus sa dalawang babae, parehong pinangalanang Maria. Nais kong tawagin ang katuruan ngayong linggong "Ang Kuwento ng Dalawang Maria". Gayunpaman, ang Maria (Mary) ay hindi pangalang Hudyo. Ang Maria ay ang bersiyong ginawang Ingles ng pangalang Hebreo na Miriam.

Ang mga Hudyo ay malalim sa kasaysayan. Bilang isang lahi, intensyunal ang kanilang pag-aalaala, bumabalik sa kanilang kasaysayan bilang isang lahi at sa mga ginawa ng Diyos para sa kanila, at nagiging matapang upang magpatuloy sa pamumuhay. Ang mga bata ay madalas na pangalanan tulad ng mga "dakilang tauhan" sa kasaysayan ng Israel. Ang dalawang Maria sa ating mga kuwento ngayon, parehong Miriam, ay pinangalanang Miriam mula sa Lumang Tipan - ang kapatid ni Moises at Aaron.

Ipinanganak si Miriam na anak nina Amram at Jochebed noong mga alipin pa sa Ehipto ang mga Hebreo. Ipinanganak siya bago sina Aaron at Moises. Ang pangalang Miriam ay nangangahulugang "kapaitan", isang sentimiyentong naglalarawan sa buhay sa ilalim ng pamamahala at pang-aapi ng mga taga-Ehipto. Makikita nating ipinakita ni Miriam ang kanyang malaking pananampalataya  nang sundan niya si Moises sa isang basket sa Ilog ng Nile. Nang matagpuan ang sanggol ng anak ng Faraon, nilapitan siya ni Miriam at inialok ang tagapag-alaga ng sanggol na si Moises. Sumang-ayon ang anak ng Faraon at umalis si Miriam at kinuha si Jochebed, ang ina ni Moises (Ex.2).


Kalaunan, nakilala si Miriam bilang isang propeta sa mga Israelita (Ex.15:20).

### BASAHIN ANG EXODO 15.

Ang awit nina Moises at Miriam ay naitala sa Exodo 15 matapos ang milagrosong pagtawid sa Dagat na Pula  Siya ay naging  matapat na anak na babae at kapatid na babae sa panahon ng panganib at pagpapalaya sa mga Israelita. Isa siyang propeta sa kanyang lahi - ang propetang mayroong makapangyarihang mga salita.

Sinong Hudyong babae ang hindi nanaising ipangalan alinsunod sa isang magiting na babae sa kasaysayan ng mga Hudyo?

Isipin mo kung anong klaseng buhay ang iyong ipinamumuhay. Makikilala ba ito sa katapangan at tiwala sa Diyos? O sa tiwala sa iyong sarili? Saan mo nais makilala ang iyong buhay sa dulo nito? Isulat mo ang iyong mga naiisip sa ibaba.




# MGA PAKIKIPAGSAPALARAN SA KAHARIAN

## BASAHIN ANG LUCAS 1:26-56.

At sinabi ni Maria, "Narito ako na alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita." Pagkatapos, iniwan siya ng anghel. Nang mga araw na iyon ay tumindig si Maria at nagmadaling pumunta sa isang bayan ng Judea, sa lupaing maburol. Pumasok siya sa bahay ni Zacarias at bumati kay Elizabeth.
**LUCAS 1:38-40**

Iniiisip natin kung ilan ang naniwala kay Maria sa Nazareth nang marinig nila ang kuwentong ito, kung mayroon man. Maging si Jose ay hindi naniwala sa kanya noong una. Naghahanda siyang "tahimik siyang hiwalayan" nang bisitahin siya ng anghel sa panaginip upang sabihing totoo ang kaganapang iyon (Mat. 1:19-25). Kung nahirapan si Jose na isipin ito, siguro mas lalo ang komunidad at nayon nila.

Isang naitakdang ipakasal, hindi pa ikinakasal na babae ang magpapakitang buntis? Namuhay si Maria sa kultura ng dangal/kahihiyan kung saan ang mga babae ay binabato dahil sa mga bagay na ito. Si Maria ay "naghanda at nagmadali" (v.39). Gaano kalayo ang pinuntahan niya? Hindi sa dulo ng kalye. Hindi sa dulo ng dalawang barangay. Naglakbay siya nula sa hilagang distrito ng Galilea patungo sa katimugang distrito ng Judea. Pinuntahan niya ang tahanan ni Elizabeth, ang tahanan ng kanyang pinsan.

Itinakda ng tradisyon ang lugar ng tahanan nina Zacarias at Elizabeth sa maliit na nayong tinatawag na Ein Kerem, isang nayon sa timog-kanlurang Jerusalem. Ang ibig sabihin ng Ein Kerem ay "bukal ng ubasan". tradisyonal na lugar ito para sa kapanganakan ni Juan na Tagapagbautismo. Dahil dito, marami ang mga simbahan at monasteryo doon ngayon. Ang moderning komunidad (ngayon ay bahagi nang lumalawak na Jerusalem) ay mayroong populasyong dalawang libong tao. Mga tatlong milyon ang bisita at manlalakbay doon bawat taon.

Lagpas pa sa walumpung milya ang paglalakbay mula sa Nazareth patungo sa Ein Kerem. Si Maria ay galing sa uri ng mga magsasaka. Maaaring hindi siya sumakay sa isang buriko sa buong walumpung milya. Maiisip natin siyang naglalakad kasabay ng karawan ng ibang manlalakbay patungo sa timog sa Jerusalem. Maiisip nating nilakad niya ang walumpung milya, buntis, kasama ang Anak ng Buhay na Diyos sa kanyang sinapupunan.

Si Maria, batang babaeng nakatakdang ikasal, namuhay nang tahimik, nang isang araw nagpakita si Gabriel sa kanya at inimbitahan siya sa isang pakikipagsapalaran. Hindi niya alam kung ano ang idudulot nito, ngunit alam niyang ibibigay niya ang buhay niya rito. Alam din niyang mabubuhay sila ni Hesus nang mayroong dungis ng lipunan, sa pagkalehitimo Niya at ng kanyang kuwento at ang katotohanan ng kanyang pagbubuntis. Habambuhay tayong magpapasalamat sa kanyang pag-oo sa pakikipagsapalarang dumating sa kanya.

> "Magpatuloy tayo at tanggapin natin ang pakikipagsapalarang dumarating sa atin."
> C.S. Lewis, *The Lion, the Witch and the Wardrobe*

Kapag nagbibigay ng mga pakikipagsapalaran ang Buhay na Diyos, ang ilan sa mga ito ay dumarating din sa mga babae, sa atin! Hindi na natin kailangang hanapin ang mga ito - mayroon silang paraan para mahanap tayo.

Isipin mo ang mga pagkakataong ginagawa mo ang sarili mong gawain at isang bagay ang biglang dumating at naantig ang iyong puso - isang bagay na nagpabago sa direksiyon ng iyong buhay. Paano ka hinulma nito? Nabago nito? Hininog nito? Ano ang naging kapalit nito?

Kung bibigyan ka ng Diyos ng bagong pakikipagsapalaran sa kaharian Niya ngayon, mayroon bang bagay na pipigil sa iyo para sumang-ayon sa Kanya? Ipaliwanag.

## CARAVAN

Noong unang panahon, hindi ka maglalakbay mag-isa. Ang paglalakbay ng mag-isa ay itinuturing na mapanganib. Isipin mo ang kuwento ng mabuting Samaritano - ang lalaking naglakbay mag-isa ay ninakawan at binugbog.

Sa kultura ng komunidad ng lumang Malapit na Silangan, ang mga tao ay sama-samang naglakbay sa mga karawan - mga indibidwal at mga pamilya ang magkasamang naglakbay. Ang ganoong uri ng pagsasama ay nagbigay ng palansak na proteksiyon, samahan, at pagbabahagi ng ari-arian sa paglalakbay. Napalakas din nito ang mga relasyon sa kanilang paghayo.

Maiisip nating naglakbay si Maria mula sa Nazareth tungo sa Ein Kerem sa isang karawan. Maaring kilala niya ang karamihan sa mga taong nakasama niya.

Minsan iniisip ko kung nasabi ni Maria sa iba ang pagbisita sa kanya ng anghel at kung ano ang sinabi nito sa kanya. Iniisip ko kung mayroon ba siyang nasabihan tungkol sa Kristo na kanyang ipinagbubuntis.



## ANG PAGPILI SA MAS NAKABUBUTI

Sa pagpapatuloy nila sa kanilang lakad, pumasok siya sa isang nayon. Isang babaing ang pangalan ay Marta ang tumanggap kay Jesus sa kanyang bahay. At siya'y may isang kapatid na tinatawag na Maria na naupo sa paanan ng Panginoon at nakinig sa kanyang salita.

Ngunit si Marta ay naaabala sa maraming paglilingkod. Siya'y lumapit sa kanya at sinabi, "Panginoon, wala bang anuman sa iyo na pinabayaan ako ng aking kapatid na maglingkod na mag-isa? Sabihin mo nga sa kanya na tulungan ako." Subalit sumagot ang Panginoon at sinabi sa kanya , "Marta, Marta, nag-aalala ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay; subalit isang bagay ang kailangan. Pinili ni Maria ang mabuting bahagi na hindi kukunin sa kanya."

**LUCAS 10:38-42**

Tingnan ang bersikulong ito ng Bibliya sa **lente ng taga-Kanluran**, ang balangkas ay iintindihin mo muna ito at hahayaan mong ang kaunawaang iyon ang gigising sa paniniwala. Isulat ang iyong napansin sa kuwentong ito.

Tingnan ang bersikulong ito ng Bibliya sa **lente ng taga-Gitnang Silangan**, ang balangkas ay paniniwala ang mauuna at hahayaan mong ang paniniwalang ito ang gigising sa kaunawaan. Isulat ang iyong napansin sa kuwentong ito.

Umupo si Maria sa paanan ni Hesus, nakikinig at natututo habang nagtuturo si Hesus sa Kanyang mga disipulo. *Kung* hihintayin mong maintindihan ang lahat ng tungkol sa kabanatang ito upang maniwala rito, maaaring hindi ka na makakasulong. *Kung* tatanggapin mo ang Salita sa kung ano ito, at hayaan mo itong manirahan sa iyong puso, magsisimula kang sumulong nang mayroong bagong pananaw, bagong kaisipan, at panibagong pamumuhay, kasama ng iba pang bagay.

Tingnan mo ang bersikulong ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Kanluran** habang tinatanong, "Ano ang itinuturo nito tungkol sa *akin*?" Isulat kung ano ang napansin mo sa kuwento.

Tingnan mo ang bersikulong ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Gitnang Silangan** habang tinatanong, "Anong itinuturo nito tungkol sa *Diyos*?" Isulat kung ano ang napansin mo sa kuwento

Tingnan mo ang bersikulong ito sa Bibliya sa **lente ng taga-Gitnang Silangan** habang tinatanong, "Anong itinuturo nito tungkol kay *Hesus*?" Isulat kung ano ang napansin mo sa kuwento

Anong pananaw ang makapagpapasaya o makapanghihikayat sa iyo, ang mag-aangat sa iyo? Ipaliwanag.

# MAGLAKAD PASULONG

Nakarating na tayo sa dulo ng ating pitong-linggong pistang sama-sama. Marami ang naituro at naibahagi sa mga oras ng pagtuturo. Marami ang naituro at naibahagi sa mga oras ng ating yeshiva.
Natututunan nating tanggalin ang ating mga lente ng taga-Kanluran at isuot ang mga lente ng taga-Gitnang Silangan sa ating pagbabasa at pagkain ng Bibliya. Natututunan din nating mas magaling si Hesus kaysa sa ating pagkakakilala sa Kanya!

Nagsama tayo ng pitong linggo at natututunan nating tumitig sa Diyos at sumulyap sa ating buhay. Natututunan nating tumayo upang tumanggap, mapakain ng Salita ng Diyos, ng ating Ama. Namumuhay tayong parang mga ilog at hindi lawa, ibinibigay natin sa ibang tao kung ano ang nakukuha natin sa mga oras na tayo ay magkasama sa Kasulatan. Ang Espiritu ng Diyos ang nagpapakain sa babaeng maka-Diyos ng Salita para sa Gawain ng Diyos. Ang mga Kasulatan ay buhay at aktibo- at tayo ay buhay din. Ang buhay na kinasihan ng Diyos sa Salita ay kinatatagpo ang ating mga pusong binuhay muli ng Espiritu, at tayo ay mas naging mabuti dahil sa pagsasama natin ng pitong linggo.

Nakikilala natin si Hesus sa Kanyang mundong Hudyo ng unang-siglo. Nakikilala rin natin ang kababaihan sa kanyang mundong Hudyo ng unang-siglo. Nakita natin si Hesus na nakipag-ugnayan sa iba't ibang grupo ng mga kababaihan (Samaritana, Hudyo, balo, nangalunya) nang mayroong pinag-isang kaunawaan sa layunin at katayuan. Lumapit si Hesus a kanila, Siya ay para sa Kanila, at Siya ay kasama nila. Ginawa ni Hesus ang malalim at sinaunang pagbabago sa Kanyang pagbabalik ng *mishpat* (hustisya) at *tzedakah* (katuwiran)- ang malaking pag-angat sa bawat isa. Ang pag-ibig ni Hesus ay mabuti, matapang, hindi mapantayan at malalim.

Hindi dumating si Hesus para baligtarin ang mga bagay. Dumating Siya upang itama ang mga ito. Ang layunin ng bawat guro (rabbi) ay ang turuan ang kanyang mga disipulo (*talmidim*) kung paano mag-*halakh* (lumakad) ang *halakha* (daan o landas) ng Diyos - and landas ng shalom. Ang intensiyon ni Hesus para sa mga kababaihan ay ang mamuhay nang iniaangat. Kung ginawa ito ni Hesus para sa kanila, kaya Niya rin itong gawin para sa atin ngayon.

Ang tanong ngayon ay - Paano mo gustong mag-*halakh* (lumakad) pasulong matapos ang pitong linggong pistang ito? Ano ang gusto mong maalala magpakailanman? Ano ang patuloy mong ibabahagi sa iba?

Isulat mo ang mga pangunahing katuruang naaalala mo sa pitong-linggong pistang ito.

Isulat mo ang pangunahing pangako mo sa paraan na iyong pag-*halakh* (lakad) pasulong sa iyong buhay.

Paano ka mamumuhay nang mayroong kaibahan matapos ang pitong-linggong pistang ito?

Ano ang itsura ng pamumuhay nang mayroong intensiyon bilang isang taong iniaangat ni Hesus sa araw-araw?

PAGTATAPOS

# *PAGDIRIWANG*



## PAGDIRIWANG

Pagkatapos ng Sesyon 7, alalahanin at ipagdiwang ang mga ginawa ng Diyos sa iyong buhay. Maaari mong tawagan o i-text ang mga kaibigan mo upang papurihan ang Diyos ng magkasama para sa Kanyang ginawa

Sa Kanluran, hindi natin palaging nalalaman kung paano tapusin ang isang bagay. Subalit sa tingin ko dapat tapusin ito sa pagdiriwang. Bilang mga taong naniniwalang ang gawain ng Diyos at ang panunumbalik ng mundo sa kapayapaan kasama Siya, ang mga tagasunod ni Hesus ay dapat na maging mga taong nagdiriwang. Ang paraan ng ating pagdiriwang ay nagpapakita kung ano ang iniisip natin ukol sa Diyos.

Sa kultura ng mga Hebreo, ginagawa nila ang dalawang panunahing ritmong espirituwal (kasama ng iba pa) - ang pag-aalaala at pagdiriwang. Ang mga ritmong espirituwal ang bumago sa aking buhay. Napag-usapan na natin ang *zakhar*, pag-aalaala. Ngunit hindi pa natin napag-uusapan ang pagdiriwang bilang isang ritmong espirituwal.

Naniniwala akong ibinigay ng Diyos ang mga gawaing espirituwal na ito sa Kanyang mga anak dahil alam Niyang makakalimutin tayo. Madali nating makalimutan ang katapatan ng Panginoon sa ating mga buhay dahil binubugbog tayo ng buhay. Pinahihirapan tayong maalala ang ginawa Niya at ang pangako Niyang gagawin sa ating buhay ng mga bagay na nasa harapan natin. Ang mga ritmo ng pag-aalaala at pagdiriwang ang nagiging angkla natin sa katotohanan. Kailangan natin ang mga ito dahil madalas, ang ating nararamdaman ay hindi tapat sa katotohanan ng kung sino ang Diyos. Ang pag-aalaala ang magbabalik sa atin sa aktwal na tala ng kasaysayan ng kung sino ang Diyos at kung paanong hindi pa Niya tayo pinababayaan, at hindi Niya gagawin iyan kailan man.

Sa pag-aalala nang aktibo ang diwa ng pagdiriwang sa atin upang itulak tayo pasulong - masaya, malakas ang loob, matapang na haharapin ang bagay na sumasalubong sa atin. Naiisip natin ang alaala bilang pagbabalik-tanaw, ngunit sa mga Hebreo, ito ay pagbabalik-tanaw na umaasa sa hinaharap. Kapag naaalala natin ang katapatan ng Diyos, sa ating buhay at sa pamilya ng Diyos, noon at ngayon, binubuhay nito ang diwa ng pagdiriwang sa atin dahil pinaaalala nito ang pang-habambuhay higit pa sa pansamantala. Ipinaaalala nito sa atin ang muling pagkabuhay na lumalamon sa kamatayan. Ipinaaalala sa atin nito na tatapusin ng Diyos ang kuwento, papastulan tayo at ang buong mundo pabalik sa *shalom*.

Mabubuhay tayo magpakailanman, sa perpektong *shalom* kasama ang Diyos. Ang pagdiriwang ang nag-uugnay sa atin sa araw-araw na katotohanan na ang malalim at makalumang panunumbalik at pagbabago ng lahat ng bagay ay nagaganap, maging sa ngayon sa gitna ng kamunduhan.

Ang paghinto upang pag-ugnayin ang salaysay ng Bibliya sa ating buhay ang nagsusulong sa atin. Dinadala tayo nito sa pag-iisip na bago, kung ito ang wangis ng Diyos, ano ang gusto kong maging? Huminto tayo ng ilang minuto upang isaalang-alang, alalahanin, ipagdiwang, sumulong, galak na masaksihan ang pagbabagong ginagawa ng Diyos sa ating paligid. Ang pagalala at pagdiriwang ang magpapalakas ng ating mga loob bilang mga anak Niya. Alalahin mo kung sino ang Diyos, hugutin mo ang kalakasan mo sa Kanyang katapatan. Ipagdiwang ang Kanyang pagmamahal sa iyo.

Paano mo ipamumuhay ang mga ritmo ng pag-aalaala at pagdiriwang? Sa personal na oras mo sa Diyos? Sa iyong pamilya o komunidad sa pananampalataya?

Sa lahat ng natutunan natin tungkol kay Hesus, ano na ang nais mong maging? Paano mo nais na ipamuhay ang iyong buhay? May kaibahan ba sa kung sino ka bago ito? Ipaliwanag ang iyong kaisipan.

Paano ka magiging isang taong nakakaalala at nagdiriwang sa kabutihan ng Diyos sa iyo?

Sa ibaba, o sa iyong journal, maglaan ng ilang minuto upang isagawa ang mga ritmong espirituwal na ito.
Tandaan - itala ang ilang mga paraang nakita mo ang katapatan ng Diyos sa iyong buhay o sa buhay ng ibang mga anak ng Diyos.

Ipagdiwang - paano nakatutulong ang mga bagay na iyong binalikan at itinala sa iyong kagalakan sa Panginoon at sa iyong pamumuhay tungo sa kinabukasan?

# *LEADER GUIDE*



# *LEADER GUIDE INTRODUCTION*

Ang Si Hesus at mga Kababaihan ay isang video at Bible study na base sa talakayan. Ang lingguhang personal na pag-aaral kasama ang video ng ating pista ay magsisimula ng tapat na pag-uusap sa inyong sama-samang pag-aaral ng Bibliya. Ang simpleng pag-uusap ay mahalagang maranasan, makikita ninyo ang ilang panimulang katanungan sa bahaging *Pag-usapan* at sa Leader Guide upang makatulong sa inyong pag-uusap.

Ang araling ito ay maaaring gamitin sa malalaki o maliliit na grupo sa simbahan, tahanan, opisina, coffee shop at iba pang lugar.

## MGA TIPS SA PANGUNGUNA SA BIBLE STUDY NA ITO

PRAY: Habang naghahanda kang pangunahan ang *Si Hesus at mga Kababaihan,* tandaan na mahalaga ang panalangin. Bigyan ng oras bawat linggo ang panalangin para sa mga babae sa inyong grupo. Pakinggan ang kanilang mga pangangailangan at pinagdaraanan upang mailatag mo ito sa harapan ng Panginoon. Kahit na mahalaga ang pag-aayos at pagpaplano, protektahan ang panalangin sa inyong bawat pagsasama-sama. Hikayatin ang mga kababaihan na isama ang panalangin sa araw-araw nilang espirituwal na disiplina.

GABAYAN: Tanggapin ang mga babae kung saan sila matatagpuan, subalit maglagay din ng mga inaasahan na mag-uudyok ng pangakong matapos ang pag-aaral. Huwag maging pabagu-bago at hindi mapagkakatiwalaan. Hikayatin ang mga babaeng balik-balik ang mga aralin, sumali sa mga sesyon, at gawin ang mga personal na pag-aaral. Makinig mabuti, maging responsable sa pag-gabay ng mga diskusyon, at itago ang mga bagay na kumpidensyal na ibinahagi sa grupo. Maging matapat at bukas sa pagbabahagi ng mga itinuturo ng Diyos sa iyo sa kabuuan ng pag-aaral na ito. Karamihan sa mga babae ay susunod sa iyo kung nakikita nilang nagbabahagi ka ng iyong karanasan. Subukang abutin ang mga babae na iba-ibang edad, pinagmulan at antas ng pamumuhay. Ang sari-saring karanasang ito ay magdudulot ng mas malalim na pag-uusap.

MAKIPAG-UGNAYAN: Patuloy na makipag-ugnayan sa mga kababaihan ng inyong grupo. Gaimtin ang social media, email, text message, phone calls, o ang sulat upang makipag-ugnayan sa kanila at ibahagi ang mga panalangin sa buong linggo. Ibase ang lahat sa Bibliya at hikayatin ang mga kababihan sa kanilang relasyon kay Hesus.

MAGDIWANG: Bigyan ng panahon pagkatapos ng Session 7 ang pagdiriwang sa ginawa ng Diyos sa inyong grupo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng bawat isa ng kanilang natutunan at kung paano sila lumago. Manalangin ng sama-sama tungkol sa mga gagawin pa ng Diyos bilang resulta ng pag-aaral na ito.

## MGA TIPS SA PAGBUBUO SA BIBLE STUDY NA ITO

**KAUSAPIN ANG INYONG PASTOR, MINISTRO NG EDUKASYON O PAGDIDISIPULO:** Kung pangungunahan mo ito sa inyong lokal na simbahan, hingin ang suporta, panalangin at ideya ng iyong lider.

**SIGURUHING LIGTAS ANG LOKASYON:** Isipin ang bilang ng mga babaeng kasya sa napiling lokasyon. Maglaan ng lamesa, upuan o kagamitan para sa video, music at iba pang kailangang audio.

**MAGLAAN NG MAG-AALAGA SA MGA BATA:** Mahalaga ito para sa mga nanay, o mayroong mga anak na isasama.

**MAGBIGAY NG MGA RESOURCES:** Mag-order ng Leader Kits o Bible Study Books. Maglaan ng sobra para sa mga bagong magsa-sign up.

**MAGPLANO AT MAGHANDA:** Maging pamilyar sa mga Bibly Study resource at mga tulong para sa Lider na maaaring makuha. Panuorin ang video at maghanda ng iyong balangkas na susundin upang pangunahan ang pagsasama-sama. Bisitahin ang *Lifeway.com/JesusAndWomen* para sa iba pang materyales para sa mga lider at para sa pag-aaral na ito.

## SURIIN

Sa dulo ng bawat sesyon ng inyong grupo, tanungin mo ang sarili mo: Ano ang naging maganda sa pagpupulong? Ano ang maaari pang pagandahin? Nakita mo bang nabago ang mga buhay ng mga kababaihan? Lumapit ba ang inyong grupo kay Kristo at sa bawat isa?

## ANG MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Kahit na natapos na ang pag-aaral, balikan at hikayatin ang mga kababaihan na maging bahagi ng iba pang pag-aaral ng Bibliya, oportunidad sa inyong simbahan o ministeryo na makapagpapatuloy ng kanilang paglagong espirituwal at maghihikayat ng pagkakaibigan. Magbigay ng mga pagpipilian sa ministeryo na maaari nilang salihan upang magawa nila ang kanilang natutunan sa araling ito.

**SESYON 1:**

1. Patuluyin ang mga kababaihan sa aralin at ibigay ang mga aklat ng pag-aaral ng Bibliya

2. Panuorin ang video  ng Sesyon 1, gamitin ang buod ng *Panuorin* at ang mga pahina para sa talaan (pp.13-15).

3. Matapos ang video, pangunahan ang mga tanong sa *Yeshiva* (p.16)

4. Paalalahanan ang grupo na kumpletuhin ang personal na pag-aaral sa pahina 17-27 sa bahay bago kayo magkita-kita muli

5. Tapusin ang pagkikitang ito sa isang panalangin.

**SESYON 2:**

1. Patuluyin ang mga kababaihan sa Sesyon 2 ng Si Hesus at mga Kababaihan.

2. Panuorin ang video  ng Sesyon 2, gamitin ang buod ng *Panuorin* at ang mga pahina para sa talaan (pp.32-35) at hikayatin silang magsulat habang nagtuturo si Kristi.

3. Matapos ang video, pangunahan ang mga tanong sa *Yeshiva* (p.36)

4. Paalalahanan ang grupo na kumpletuhin ang personal na pag-aaral sa pahina 37-45 sa bahay bago kayo magkita-kita muli

5. Pagtatapos: Manalangin ng sama-sama at ipanalanging pagalingin ng Diyos ang nao mang bahagi ng buhay ng mga kababaihan na inaapi at hindi tinatrato ng maayos. Hilingin ang Diyos na magdala ng panunumbalik sa mga bahaging iyon. Bigyan ng pagkakataon ang mga babaeng magbahagi at muling manalangin sa bawat isa.

## SESYON 3:

1. Patuluyin ang mga kababaihan sa Sesyon 3 ng Si Hesus at mga Kababaihan.

2. Panuorin ang video ng Sesyon 3, gamitin ang buod ng *Panuorin* at ang mga pahina para sa talaan (pp.50-53) at hikayatin silang magsulat habang nagtuturo si Kristi.

3. Matapos ang video, pangunahan ang mga tanong sa *Yeshiva* (p.54)

4. Paalalahanan ang grupo na kumpletuhin ang personal na pag-aaral sa pahina 55-63 sa bahay bago kayo magkita-kita muli,

5. Pagtatapos: Hilingin ang mga kababaihang bumuo ng grupo ng dalawa hanggang apat na tao, at ibahagi nila kung paanong ginawa silang lumpo ng kahihiyan sa nakaraan o sa kasalukuyan. Turuan silang manalangin para sa bawat isa matapos ito.

## SESYON 4:

1. Patuluyin ang mga kababaihan sa Sesyon 4 ng Si Hesus at mga Kababaihan.

2. Panuorin ang video ng Sesyon 4, gamitin ang buod ng *Panuorin* at ang mga pahina para sa talaan (pp.68-71) at hikayatin silang magsulat habang nagtuturo si Kristi.

3. Matapos ang video, pangunahan ang mga tanong sa *Yeshiva* (p.72)

4. Paalalahanan ang grupo na kumpletuhin ang personal na pag-aaral sa pahina 73-81 sa bahay bago kayo magkita-kita muli,

5. Pagtatapos: Ipaalala sa mga kababaihan na mahalaga sa kaalaman ng katotohan ang pagkakakilala sa tunay na Hesus. At upang makilala Siya, kailangan magbigay ng oras kasama Siya, sa panalangin at sa Kanyang Salita. Hamunin ang iyong grupo na maglaan ng oras kasama ang Panginoon ngayong linggong ito.

## SESYON 5:

1. Patuluyin ang mga kababaihan sa Sesyon 5 ng Si Hesus at mga Kababaihan.

2. Panuorin ang video ng Sesyon 5, gamitin ang buod ng *Panuorin* at ang mga pahina para sa talaan (pp.86-89) at hikayatin silang magsulat habang nagtuturo si Kristi.

3. Matapos ang video, pangunahan ang mga tanong sa *Yeshiva* (p.90)

4. Paalalahanan ang grupo na kumpletuhin ang personal na pag-aaral sa pahina 91-99 sa bahay bago kayo magkita-kita muli,

5. Pagtatapos: Hatiin ang malaking grupo sa ilang maliit na grupo. Tanungin ang naunang tanong bago ang huli sa Yeshiva: Kung matutuwa si Hesus sa iyo ngayon, ito ba ay dahil sa iyong pananampalataya o sa kawalan nito? Anong mga pangyayari ang humahamon sa iyong paniniwala ngayon? Ano ang mga nagpapalakas ng iyong pananampalataya ngayon? Sabihan ang mga kababaihang manalangin sa bawat isa matapos nilang magbahagi.

## SESYON 6:

1. Patuluyin ang mga kababaihan sa Sesyon 6 ng Si Hesus at mga Kababaihan.

2. Panuorin ang video ng Sesyon 6, gamitin ang buod ng *Panuorin* at ang mga pahina para sa talaan (pp.104-107) at hikayatin silang magsulat habang nagtuturo si Kristi.

3. Matapos ang video, pangunahan ang mga tanong sa *Yeshiva* (p.108)

4. Paalalahanan ang grupo na kumpletuhin ang personal na pag-aaral sa pahina 109-117 sa bahay bago kayo magkita-kita muli.

5. Pagtatapos: Hilingin ang mga kababaihang ibahagi ang kuwento ng "pamumuhay na parang mga ilog" at kung kanino nila ibinabahagi ang mga natututunan nila. Pangunahan ang mga kababaihan sa pagpapares at manalangin para sa mga taong binabahagian nila ng kanilang karanasan. Hilingin ang Diyos na maging malapit sa taong iyon. Ipanalangin din na makilala ng taong iyon ang Diyos bilang Tagapagligtas at Panginoon.

## SESYON 7:

1. Patuluyin ang mga kababaihan sa Sesyon 7 ng Si Hesus at mga Kababaihan.

2. Panuorin ang video ng Sesyon 7, gamitin ang buod ng *Panuorin* at ang mga pahina para sa talaan (pp.122-125) at hikayatin silang magsulat habang nagtuturo si Kristi.

3. Matapos ang video, pangunahan ang mga tanong sa *Yeshiva* (p.126)

4. Paalalahanan ang grupo na kumpletuhin ang personal na pag-aaral sa pahina 127-133 sa bahay bago kayo magkita-kita muli.

5. Pagtatapos: Pangunahan ang mga kababaihang ibahagi kung ano ang pumipigil sa kanilang pagtitiwala sa Panginoon- ano ang maaaring pumigil sa kanilang pag-oo. Pangunahan ang panalangin sa pagpapasalamat sa pagiging mapagkakatiwalaan ng Diyos. Pasalamatan Siya sa mga pakikipagsapalaran sa kaharian. Hilingin na bigyan Niya tayo ng grasya upang sumunod sa Kanya. Bigyan ng ilang minuto ang pagdiriwang sa mga ginawa ng Diyos sa inyo sa pitong sesyong ito.